# PARA SA AKING KAPATID NA LALAKI AT KAPATID NA BABAE

## Mga mensaheng nag-gagabay tungo sa Magandang Buhay

Abdul Wahhaab Sulaiman Ugolu

# Para sa aking kapatid na lalaki at kapatid na babae

(Mga mensaheng nag-gagabay tungo sa Magandang Buhay)

Abdul Wahhaab Sulaiman Ugolu

**Sa Ngalan ng Allah, ang Pinaka-mahabagin, ang Pinakamaawain**

# Panimula

Mahal kong kapatid na lalaki at kapatid na babae!

Ang kapayapaan, habag, at biyaya ng Allah ay mapasainyo, isang dalisay at mabiyayang pagbati mula sa Allah.

Kakausapin ko kayo sa pamamagitan ng bigkis ng kapatirang pangtao na nagbubuklod sa atin. Sapagkat ang pamilyang pangtao ay isang malaking pamilya at nararapat na madama mo ang bigkis na ito.

Kakausapin ko kayo sa pamamagitan ng bigkis ng pananampalataya (Iman) at Islam, ang matibay na bigkis, at ang kapatirang mananatili: ***{Tunay na ang mga mananampalataya ay magkakapatid}*** **Surah Al-hujurat: 10**

Nararamdaman ng bawat Muslim sa mundong ito ang pagbubuklod sa pagitan niya at sa lahat ng may paniniwala sa Allah

bilang Panginoon, kay Muhammad bilang Propeta, at sa Islam bilang relihiyon.

Nararamdaman namin sa inyo ang bigkis ng pananampalataya na nagbubuklod sa atin.

Sa tuwing nananalangin kami sa Allah, ay nararamdaman namin na ang aming mga kapatid na lalaki at aming mga kapatid na babae ay nananalangin sa ating Panginoon na pinapanalanginan natin. At kung tayo ay nangungulila sa ating Propeta Muhammad ﷺ na pinaniniwalaan at minamahal natin ay mararamdaman natin na ang ating mga kapatid na lalaki at kapatid na babae ay dinadamayan tayo sa paniniwala ng Propetang ito. At kapag humarap tayo sa Qiblah upang magsalah o manalangin ay mararamdaman natin na ang ating mga kapatid na lalaki at kapatid na babae ay humaharap din kung saan tayo humaharap. At nagdarasal sila sa Allah kung paano tayo sa Kanya ay nagdarasal. Nararamdaman ng bawat Muslim ang ugnayang kapatiran sa bawat Muslim, anuman ang kanyang bansa at kasarian.

Kapag binabati ka namin sa iyong patnubay sa Islam ay binabati rin namin ang aming sarili sa iyo. Inihahandog namin sa inyo ang aming pagmamahal at iilan sa aming mga natutunan sa aming relihiyon. Inaasahan namin na inyong suklian ang pag-ibig na ito, at ang mensaheng ito ay sumasalamin sa inyong mga pagkatao, at para ito ay maging simula ng malalim na pag-ibig at matibay na relasyon.

Ang mga ito ay maikling mensahe tungkol sa ilan sa mga gabay na alituntunin ng relihiyon na kung saan sa pamamagitan ng pagkakakilanlan nito ay magiging malinaw ang mensahe ng buhay.

Matatagpuan ng bawat naghahanap ng kahulugan ang kahulugan para sa kanyang pag-iral at lumabas mula sa kalituhan.

**“Dumating ako, ngunit hindi ko alam kung saan ako galing, subalit ako ay dumating**

**At katotohanang nakakita ako sa aking harapan ng daan, kaya’t ako ay naglakad**

**At mananatili akong maglalakad, gustuhin ko man o hindi**

**Paano ako dumating? Paano ko nakita ang aking daan? Hindi ko alam!”**

Hindi magtatagal ay magiging malinaw sa kanyang harapan ang pananaw, at malalaman niya ang daan ng kanyang buhay, ang kanyang tungkulin dito, ang kanyang trabaho, responsibilidad at mga gawain sa kanyang buhay. Magiging malinaw din sa kanya ang lingid na kaalaman pagkatapos ng buhay, at ang kahahantungan na walang hanggang tirahan. Ngunit ang mga tanong ng buhay ay masasagot lamang ng nagkaloob ng buhay, na nagbigay ng lahat sa Kanyang nilikha at pagkatapos ay gumagabay sa kanila.

Kapag kinuha natin ang mga sagot sa ating mga tanong mula sa Makadiyos na pagpapahayag, hawak natin ang pinakamatibay na hawak at ang tunay na katotohanan, at mamumuhay tayo nang may katiyakan na pananampalataya, mabuting buhay, at kapayapaan ng isip sa panandaliang buhay na ito at sa kabilang buhay na mananatili. Lilisanin natin ang buhay na ito na maririnig natin ang panawagan ng Allah: ***{O kaluluwang matiwasay! Magbalik ka sa iyong Panginoon nang nasisiyahan at nakasisiya [sa Kanya]. Kaya ikaw***

***ay pumasok bilang isa sa Aking [pinarangalang] alipin. At ikaw ay pumasok sa Aking Paraiso!”}*** **Surah Al-Fajr: 27-30**

Kasama sa pangkapatirang mensahe na ito, ang aking taos-pusong pagmamahal at taos-pusong panalangin.

**Ang inyong kapatid**

**Abdul Wahhaab Sulaiman Ugolu**

**Istanbul**

**10/08/2023**

# UNA

## Ang ating Pananampalataya

## Magandang Pamumuhay

Ilan na sa mga pamumuhay ang malungkot at masalimuot nang ito ay pinagkaitan ng pananampalataya sa Allah ﷻ, pakikipag-unay sa Kanya, pagbabaling sa Kanya at kaginhawaan sa Kanya.

Katotohanan ito ay isang malungkot na pamumuhay! Nabubuhay ang nagtataglay nito sa pag-iisa at pangungulila, wala siyang ugnayan sa umiiral bago pa sa kanya ni ugnayan sa mundong nasa paligid niya. Siya ay nabubuhay sa pag-iisa mula sa simula ng kanyang buhay bago ang kanyang pag-iral at pag-iisa sa kanyang kahahantungan pagkatapos ng kanyang kamatayan. Hindi niya alam kung saan siya patutungo ni alam kung ano ang kanyang kahihinatnan. Nararamdaman niya na ang kanyang buhay ay magtatapos katulad ng pagtatapos ng buhay ng isang insektong nadurog sa pag-apak ng paang dumaan sa daanan na hindi ito namamalayan.

Iyon ang buhay na inilarawan ng Allah ﷻ sa Kanyang sinabi:

***{Nguni't sinumang lumayo sa Aking paalala [o babala], katotohanan, kanyang matatamo ang isang masaklap na buhay...}***

Katotohanang ito ay isang masalimuot na pamumuhay kahit gaano pa karangya ang kanyang buhay, tunay na siya ay nasa kapighatian, ngumapa-ngapa sa kalituhan, tumutungo sa walang direksyon at nagtatapos sa hindi nalalamang sitwasyon. Kaya't anong klaseng kasaklapan at kapighatian ang sinumang ganito ang kanyang pananaw at pananampalaya?!

Ngunit ang sinumang pinarangalan ng Allah ﷻ at binigyang linaw ang kanyang puso sa pamamagitan ng liwanag ng pananampalataya at nakilala ang kanyang Panginoon, naniwala sa Kanya, kumilos para sa Kanya at bumaling tungo sa Kanya. Sapagka't ang unang mga regalo at mga kaloob ng Allah ay nakakarating sa kanya sa buhay na ito. Kung kaya siya ay tumatamasa ng magandang buhay na napapalooban ng kapanatagan sa katiyakan, katahimikan sa kasiyahan at pagiging malinaw sa daan, kung kaya alam niya kung saan siya nanggaling, saan siya tutungo at saan siya magtatapos.

***{"At katotohanan, sa iyong Panginoon ang pagtatapos."}***

**Surah An-Najam: 42**

Tunay na ang pananampalataya na may kasamang mabuting gawa ay gagantimpalaan ng Magandang buhay sa mundong ito, at hindi mahalaga sa kanya kung ito ba ay marangya, kaaya-aya at mayaman sa salapi, maaaring kasama niya ito o hindi. Kaya sa buhay ay mayroong madaming bagay na nagpapaganda ng buhay maliban sa pagdami ng salapi. Nariyan ang pag-uugnay sa Allah, pagtitiwala sa Kanya at pagiging payapa sa Kanyang pangangalaga at pagtatakip. Nariyan din ang kalusugan, katahimikan, kaluguran at biyaya. Ganun din ang kapayapaan sa mga tirahan at pagmamahal ng mga puso. Nariyan din ang kasiyahan sa paggawa ng kabutihan at mga epekto nito sa damdamin at sa buhay. At kapag ang puso

ay naliwanagan sa pamamagitan ng pananampalataya, lahat ng nasa loob nito ay nagkakaroon ng kagalakan, kasariwaan, at kaligayahan. At sa kakaunti, ang isang tao ay nakakahanap ng kasiyahan at pagpapala. Kapag ang ating Propeta ﷺ [sumakanya nawa ang pagpapala ng Allah at kapayapaan] ay matutulog, kanyang babanggitin, ***"Ang papuri ay sa Allah na Siyang nagpakain sa atin, nagpainom sa atin, nagbigay sa atin ng kasapatan at tirahan, at ilan nga ba sa mga tao ang walang kasapatan at tirahan!?".*** Ang malaking pasasalamat na ito sa Allah ﷻ ay ipinapahayag ng Propeta ﷺ para sa karaniwan at paulit-ulit na mga biyaya sa buhay ng bawat isa sa atin mula sa pagsubo ng pagkain, pag-inum ng inumin, katahimikan na tahanan at biyayang bihira natin napagtanto. At ang lahat ng ito ay nakasasapat na sa atin, ibig-sabihin: Inilayo sa atin ang mga panganib at mga sakit na kung saan tayo ay mahina dito. Kaya't tayo ay napapangalagaan nito at napo-protektahan. Anong uri ng kaligayahan at kasiyahan ito na nanunumbalik sa bawat pagsubo ng pagkain, pag-inom ng tubig, paghimbing ng pagtulog, at katahimikan ng paninirahan? Samahan mo pa ng bawat pagtibok ng pagmamahal, pakiramdam ng kalusugan, at kasiyahan ng sapat at kagalingan. Ang mga pagpapalang ito ay nagkamit ng kaligayahan dahil sa kadakilaan ng paniniwala na ang mga ito ay mga pagpapala, kaloob, at biyaya ng Allah. At ito ay unang mga kaloob ng Allah ﷻ para sa mga mananampalataya sa kanilang pamumuhay sa mundo.

Sinabi ng Allah: ***{"Sinuman ang gumawa ng mga gawaing matwid, maging siya man ay lalaki o babae, at siya ay naniniwala, katiyakang Aming ipagkakaloob sa kanya ang Magandang buhay, at katiyakan na sila ay Aming gagantimpalaan [sa kabilang buhay] nang ayon sa anumang pinakamabuti na kanilang lagi nang ginagawa."}***

**Surah An-Nahal: 97**

Katotohanan, ito ay kapanatagan sa buhay, kaya walang pag-aalala, at katahimikan, kaya walang kaguluhan. Sa kadahilanang ito ay inilarawan ng Allah ﷻ ang mga kaluluwa ng mga mananampalataya sa kapanatagan. At ito ay kapanatagan na nanunumbalik kasama nila sa kanilang pamumuhay, sa kanilang kamatayan, sa kanilang pagbabagong muli at sa kanilang pagpasok sa Paraiso.

Ang Allah ay magsasabi: ***{"O kaluluwang panatag, bumalik ka sa iyong Panginoon na nalulugod at kinalulugdan, at pumasok ka sa Aking mga alipin at pumasok ka sa Aking Paraiso."}***

**Surah Al-Fajr: 28-30**

Sila ay mga kaluluwang napanatag sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, kaya't hindi sila nag-aatubili o nag-aalinlangan, sila ay napanatag sa kanilang landas, kaya't hindi sila lumihis, at sila ay napanatag sa kanilang buhay, kaya't hindi sila nababahala o nataranta.

At pagkatapos ay tatawagin sa oras ng kamatayan sa ganitong nakalulugod at saganang panawagan: ***{"Bumalik ka sa iyong Panginoon na nalulugod at kinalulugdan."}*** Ang iyong Panginoon na iyong pinaniwalaan noong ikaw ay nabubuhay at pinagbalingan mo ng iyong pagdarasal, dumating na ang panahon na ikaw ay babalik sa Kanya nang nalulugod at kinalulugdan. At mayroon kang Magandang balita na ikaw ay kasama ng Kanyang kasiya-siyang mga lingkod na Kanyang pinagkalooban ng mga pagpapala na kabilang sa mga Propeta at mga Matatapat, at ikaw ay kasama Niya sa Kanyang Paraiso.

Anong matinding kaligayahan ang mararamdaman sa sandaling sasabihin ng Panginoon: ***{"..Aking mga Alipin.."}*** at ***{"Aking Paraiso"},*** na iniugnay Niya ang mga alipin at ang Paraiso sa Kanyang sarili; upang maipadama ng Allah sa kanila na sila ay nasa Paraiso ng Allah ﷻ at malapit sa Kanya. Katulad ng sinabi ng mabuting babae na asawa ni Paraon: ***{"O aking Panginoon, ipagtayo Mo po ako ng isang tahanan sa Paraiso na malapit sa iyo.."}***

**Surah At-Tahreem: 11**

Ito ay hindi lamang isang karaniwan na tahanan bagkus isang tahanan na malapit sa Allah ﷻ.

Itong pagiging malapit sa Allah ﷻ ay natatamasa ng mananampalataya sa mundong ito nang may pananampalataya at katiyakan, at mararanasan niya ito sa kabilang buhay bilang katotohanan at gantimpala.

Tunay na sila ang mga Malalapit, ang mga Mababuti.

Naway ipabilang kayo ng Allah ﷻ sa kanila – o aking kapatid na lalaki at kapatid na babae – sa mundong ito at sa kabilang buhay.

## Ang Kaalaman tungkol sa Allah ﷻ

Naiulat ni Ubayy bin Ka'ab -Kalugdan nawa siya ng Allah- na siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Oh Abul Mundir! Ano ang pinakamadaling talata sa aklat ng Allah ﷻ na mayroon ka?". Ako ay sumagot: "Ang Allah lamang at ang Kanyang Sugo ang mas nakakaalam". Pagkatapos ay inulit ng Sugo ang Kanyang tanong: "Oh Abul Mundir! Ano ang pinakamdaling talata sa aklat ng Allah ﷻ na mayroon ka?". Ako ay sumagot: ***{Ang Allah, walang ibang diyos [na dapat sambahin] maliban sa Kanya, ang Laging Buhay, at ang [patuloy na] Tagapagpanatili [ng lahat].}*** – **Surah Al-Baqarah: 255.** Sinabi ni Ubayy bin Ka'ab. "At tinapik niya ang aking dibdib, at nagsabi: **"Padaliin nawa ng Allah ﷻ sa iyo ang kaalaman, Oh Abul Mundir".**

Dito ay magtatanong tayo kung ano ang dahilan kung bakit tinukoy ng Sahabiy na ito ang partikular na talatang ito at alam na ito ang pinakadakilang talata sa Qur'an?

Katotohanang alam nila na ang kaalaman patungkol sa Allah ay siyang pinakamarangal at dakilang kaalaman, at ang talatang ito ay nagpapahayag sa kadakilaan ng Allah ﷻ at isang paglalarawan

ng Kanyang pagiging perpekto, taga-pagpanatili, at sumasaklaw na kaalaman, kataas-taasaan, at kadakilaan. Kung kaya ito ang pinakadakilang talata sa Qur'an. Nagalak ang Propeta ﷺ sa kaalaman ni Ubayy kung kaya siya ay napatapik sa dibdib ni Ubayy bilang pagpaparangal sa kanyang taglay na kaalaman sa Qur'an.

Ganito binabasa ng mga Sahabah ang Qur'an, kanilang kinikilala ang Allah nito ng may pagmamahal at pagdadakila.

Iniulat ni Aisha – Kalugdan nawa siya ng Allah – na ang Propeta ﷺ ay nagpadala ng isang tao bilang maging pinuno sa isang maliit na pangkat pandigma, at sa tuwing siya ay magdarasal bilang Imam sa kanyang mga kasamahan ay lagi niyang binabasa ang ***{Sabihin! Ang Allah ay iisa}*** – **Surah Al-Ikhlas: 1**. Nang sila ay nakabalik [sa Madinah] kanila itong binanggit sa Propeta ﷺ, siya ay sumagot: "Itanong niyo sa kanya, sa anong dahilan niya ito ginagawa?" Nang kanila itong tinanong, siya ay sumagot: "Sapagkat ito ay katangian ng Allah at nalulugod akong basahin ito." Kung kaya sinabi ng Propeta ﷺ: "Sabihin niyo sa kanya! Ang Allah ay nalulugod din sa kanya."

Aking kapatid na lalaki at babae, napakatindi ng pangangailangan natin na magkaroon tayo ng kaalaman patungkol sa Allah, na Siyang ating Panginoon, Tagapaglikha na Naglikha sa atin mula sa kawalan, at nagbuhos sa atin ng mga biyaya, at pagkatapos ay sa Kanya ang ating patutunguhan at katapusan. ***{"At katotohanan, sa iyong Panginoon ang pagtatapos."}***

**Surah An-Najam: 42**

Kaya alamin natin ang Kanyang mga Pangalan at mga Katangian, at ganun din ang Kanyang Kadakilaan at Kapangyarihan. Alamin din natin ang Kanyang awa at kagandahang loob. Dahil habang mas

nakikilala natin ang Allah ﷻ, mas nagiging malapit tayo sa Kanya at mas nagkakaroon tayo ng pagmamahal sa Kanya.

Isa sa mga pinakadakilang bagay na nagpapakilala sa atin sa Allah ay ang pagbabasa kung paano inilarawan ng Allah ang Kanyang sarili sa Banal na Qur'an:

***"Siya ang Allah, walang diyos maliban sa Kanya. Siya ang Hari, ang Kabanal-banalan, ang Kasakdal-sakdalan [malaya at malayo mula sa lahat ng kakulangan], ang Taga-pagbigay ng Kapanatagan, ang Taga-pagmasid, ang Ganap na Makapangyarihan, ang di-Mapaglalabanan, ang [tanging] Makapagmamalaki. Luwalhati sa Allah, [Siya ay Mataas nang higit kaysa sa] anumang kanilang itinatambal [sa Kanya]. Siya ang Allah, ang Tagapaglikha, ang Tagapagsimula [ng lahat], ang Tagapaghubog [ng anyo o hugis]. Sa Kanya ang [pagmamay-ari ng] mga pinakamagagandang Pangalan. Anumang nasa mga kalangitan at kalupaan ay [patuloy na] lumuluwalhati [dumadakila, pumupuri at nagbubunyi] sa Kanya. At Siya ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan."***

**Surah Al-Hashar: 22-23**

***{Ang Allah, walang diyos [na dapat sambahin] maliban sa Kanya, ang Laging Buhay, at ang [patuloy na] Tagapagpanatili [ng lahat]. Ang antok at ang idlip ay hindi makapananaig sa Kanya. Sa Kanya ang [pagmamay-ari ng] anumang nasa mga kalangitan at anumang nasa kalupaan. Sino ba ang maaaring [makiusap upang] makapamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan. Kanyang nababatid ang anumang mangyayari sa kanila [sa daigdig na ito] at ang anumang mangyayari sa kanila [sa kabilang buhay] at kailanman ay hindi nila matatarok ang***

***anumang bagay mula sa Kanyang Kaalaman maliban kung ano ang Kanyang nais. Ang Kanyang Kursi ay sumasakop [saklaw at umaabot] sa mga kalangitan at kalupaan. At [Siya ay] walang kapaguran sa pananatili sa kanila. At Siya ang Kataas-taasan, ang Dakila.}***

**Surah Al-Baqarah 2: 255**

***{At sabihin: "Al-Hamdulillah [ang lahat ng papuri ay sa Allah], na hindi nagkaanak at walang katambal [sa Kanyang] Kapamahalaan [o paghahari], at wala Siyang [kailangang] tagapangalagang nagmumula sa kahinaan. At Siya ay iyong dakilain nang [lubusang] pagdakila."}***

**Surah Al-Israa' 17: 111**

***Sabihin: "Siya ang Allah, Nag-iisa, "Allah, ang As-Samad [ang ganap at sandigan o inaasahan ng lahat] "[Siya ay] hindi nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, "At sa Kanya ay walang makakapantay [o makakatulad]."***

**Surah Al-Ikhlas: 1-4**

Isa sa mga bagay na nagpapadagdag ng ating kaalaman tungkol sa Allah ﷻ ay ang pagmumuni-muni sa Kanyang mga nilikha at mga makamundong tanda, at ang pagtingin sa kadakilaan ng nilikha na may pagsasaalang-alang at pagmumuni-muni na para bang unang pagkakataon natin itong nakikita, kaya't titingnan natin ang langit at ang mga kalawakan nito at mga bituin at ang lahat ng kadakilaan at pagkamangha na nilalaman nito. At kung ano ang nasa kalupaan, mga bundok, dagat, puno, at hayop nito, kasama ng mga kamangha-manghang nilikha at kamangha-manghang pagkakagawa.

***{Katotohanan, sa pagkakalikha ng mga kalangitan at ng kalupaan, at sa pagsasalitan ng gabi at ng araw, at sa mga***

***sasakyang-dagat na naglalayag sa [laot ng] karagatan na may dalang mga pakinabang para sa mga tao, at sa anumang ibinaba ng Allah mula sa kalangitan - ang tubig [o ulan] na nagbigay-buhay sa dati'y tigang na lupa at sa lahat [ng uri] ng mga nilikhang gumagala na Kanyang ikinalat doon at sa pagbabago [ng ihip] ng mga hangin at ng mga ulap na sunud-sunuran [sa Kanyang kautusan] sa pagitan ng kalangitan at ng kalupaan, naririto ang mga ayaat [palatandaan] para sa mga mamamayang nakauunawa.}***

**Surah Al-Baqarah 2:164**

***{Katotohanan, sa pagkakalikha ng mga kalangitan at kalupaan, at sa pagsasalit-salitan ng gabi at araw, naririto ang ayaat [mga palatandaan, babala, aral] para sa mga [taong] nagtataglay ang tamang pang-unawa. Yaong mga nag-aalaala sa Allah nang nakatindig, nakaupo at nakatagilid sa kanilang pagkahiga, at nagmumuni-muni sa pagkalikha ng mga kalangitan at ng kalupaan, [at nagsabing]: "Aming Panginoon, hindi Mo po nilikha ito sa kabulaanan [o nang walang makabuluhang layunin]. Luwalhati sa Iyo. Kaya, iligtas Mo po kami sa parusa ng Apoy [ng Impiyerno].}***

**Surah Ali 'Imran 3: 190-191**

Kapag nakikilala natin ang Allah ﷻ ay mamahalin natin Siya nang buong puso.

Mamahalin natin siya dahil sa Kanyang mga katangian, ng kamahalan, kagandahan, kadakilaan, at pagiging perpekto ng Kanyang kapangyarihan, karunungan at kaalaman, at Kanyang awa na sumasaklaw sa lahat ng bagay.

Mahal natin ang Allah ﷻ dahil sa Kanyang dakilang kagandahang-loob sa atin, sapagkat Siya ang lumikha sa atin mula sa wala, at tayo ay Kanyang pinarangalan at itinangi sa marami sa Kanyang mga nilikha.

***{Tunay nga na Aming pinarangalan ang mga anak ni Adan, at sila ay Aming dinala sa mga lupain at karagatan, at ipinagkaloob sa kanila ang mababuting panustos at sila ay Aming itinangi [o pinahalagahan] nang higit sa Aming mga nilikha nang [may tanda ng] pagtangi [o pagpapahalaga].}***

**Surah Al Israa' 17: 70**

At Siya ang nagkaloob sa atin ng Kanyang dakilang mga nilikha sa mundong ito.

***{At Kanyang itinalaga para sa inyo ang anumang nasa mga kalangitan at anumang nasa kalupaan - ang lahat ay nagmula sa Kanya. Katotohanan, naririto ang mga ayaat [kapahayagan] para sa mga taong nag-iisip.}***

**Surah Al-Jaathiyah 45: 13**

At mamahalin natin ang Allah ﷻ dahil sa kagandahan ng Kanyang pagbibigay ng biyaya at sa kasaganaan ng Kanyang mga pagpapala. ***{At anumang pagpapala na mayroon kayo - ito ay nagmula sa Allah.}*** **Surah An-Nahal: 53**

***{at kung inyong bibilangin ang mga pagpapala ng Allah, kailanman ay hindi ninyo magagawang isa-isahin ang mga ito.}***

**Surah Ibrahim: 34**

Isa sa Kanyang pinakamalaking pagpapala sa atin ay ang paggabay sa atin patungo sa Kanya, sa kabila nang maraming tao ang naligaw ng landas, kaya't ***{"Al-Hamdulillah [ang lahat ng***

***papuri ay sa Allah] na Siyang pumatnubay sa amin [patungo] rito, at kailanman kami ay hindi mapapatnubayan kung kami ay hindi pinatnubayan ng Allah.}*** **Surah Al-'Araf: 43**

At mula sa Kanyang mga pagpapala sa atin ay ang ating kabuhayan, kalusugan at kasapatan, kung kaya sa tuwing makakain ng pagkain ang ating Propeta Muhammad ﷺ ay kanyang sasabihin**: "Ang papuri ay sa Allah na Siyang nagpakain sa atin, nagpainom at ginawa Niya tayong mga Muslim"**. At sinabi ng Allah sa Kanyang Propeta ﷺ**: *{At para sa mga [ipinagkaloob na] pagpapala ng iyong Panginoon, [ito ay iyong] isalaysay [o ipagpasalamat nang lubusan].}***

**Surah Adh-Dhuha 93: 11**

At ang una nating sasalaysayan sa biyaya ng ating Panginoon ay ang ating mga sarili, kaya palagi nating alalahanin ang mga biyayang ito at pagpapasalamat sa Allah dahil sa pagkakaloob Niya nito sa atin.

Mamahalin natin ang Allah ﷻ dahil sa Kanyang malawak na awa sa atin, at kabilang sa Kanyang awa ay ang pagtatala Niya ng mga kabutihan at kasamaan na ating nagawa; dahil sinuman ang makagawa ng isang kabutihan ay itatala ito ng Allah bilang sampung kabutihan at pagkatapos ay Kanya pa itong pararamihin ng maraming beses, at sinuman ang makagawa ng kasamaan ay itatala ito bilang isang kasalanan lamang, at kapag siya pa ay nagbalik loob at humingi ng kapatawaran ay buburahin pa ito ng Allah at gagawin pa niya itong isang kabutihan.

At kung tayo ay magbabalik-loob, tayo ay Kanyang tinatanggap, at kung tayo ay humingi sa Kanya ng kapatawaran, Siya ay nagpapatawad sa atin, ***{At Siya ang tumatanggap ng pagsisisi mula***

***sa Kanyang mga alipin, at nagpapatawad ng mga kasalanan,}*** **Surah Ash-Shurah: 25**

***{At ang Allah ay naghahangad na tanggapin ang inyong pagsisisi.}*** **Surah An-Nisa: 27**

At hindi Siya magpapasimula ng kaparusahan sa atin hangga't tayo ay naniniwala sa Kanya at nagpapasalamat sa Kanyang mga biyaya. ***{Ano ang maaaring gawin ng Allah [o ano ang Kanyang magiging kapakinabangan mula] sa inyong mga parusa kung kayo ay mapagpasalamat at kayo ay naniniwala [sa Kanyang Kaisahan]? At ang Allah ay Lagi nang Handang Kumilala [o magpahalaga sa mga mabubuting gawa], Maalam}.***

**Surah An-Nisa: 147**

Gaano kalaki ang Kanyang awa sa atin, at kung gaano kasagana ang Kanyang pagpapala sa atin.

At gaano kalawak ang Kanyang pagpapatawad at ang Kanyang gantimpala at pagbibigay ay bukas-palad!

Nang dahil dito, ang mga mananampalataya sa Allah ay labis na nagmamahal sa Kanya***: {At kabilang sa sangkatauhan ay yaong mga nagtuturing sa iba bukod sa Allah bilang [Kanyang] mga kapantay. 78 Kanilang minamahal ang mga ito tulad ng kanilang pagmamahal sa Allah. Nguni't, yaong mga [tunay na] naniniwala ay higit na masidhi ang kanilang pagmamahal sa Allah.}***

**Surah Al-Baqarah: 165**

Sa pamamagitan ng pagninilay-nilay sa napakarami at sunud-sunod na pagpapala ng Allah sa atin, titindi ang pagmamahal ng Allah sa puso ng mananampalataya, ang kanyang pananabik na makilala Siya, at ang kanyang mabuting paniniwala sa kabutihang-loob at biyaya ng kanyang Panginoon.

Sa pamamagitan ng kaalaman tungkol sa Allah, ang pagkatakot sa Kanya at pagdakila ay tumataas sa puso ng mananampalataya. Kung kaya sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: ***"Katotohanan ako ang mas nakakaalam patungkol sa Allah kaysa kanila at ako ang labis na may takot sa Allah kaysa kanila".***

Dahil sa kaalaman tungkol sa Allah ﷻ, nadaragdagan ang pagtitiwala sa Kanya at pananalig gaya ng sinabi ni Jacob – sumakanya nawa ang kapayapaan - sa kanyang mga anak. ***{…at aking nababatid mula sa Allah ang hindi ninyo nababatid."}***

**Surah Yusuf 12: 86**

Sinabi niya ito sa kanyang pinakamalungkot na oras nang nawala sa kanya ang dalawa niyang anak na si Yusuf at kapatid nito.

***{Siya [si Jacob] ay nagsabi: "Ako ay dumaraing lamang ng aking pagdurusa at kalungkutan sa Allah, at aking nababatid mula sa Allah ang hindi ninyo nababatid. "O aking mga anak, humayo kayo at magtanung-tanong tungkol kay Yusuf at sa kanyang kapatid, at huwag kayong mawalan ng pag-asa mula sa paglingap ng Allah. Katotohanan, walang nawawalan ng pag-asa mula sa paglingap ng Allah maliban ang mga taong di-naniniwala."}***

**Surah Yusuf: 86-87.**

Nang malaman niya tungkol sa Allah ang hindi nila nalalaman, umasa siya sa Allah ng hindi nila inaasahan. Nang matupad ang kanyang paniniwala sa Allah ﷻ at natagpuan niya ang kanyang dalawang anak, sinabi niya sa kanila: ***{"Hindi ba sinasabi ko sa inyo na aking nababatid mula sa Allah ang anumang hindi ninyo nababatid?"}***

**Surah Yusuf 12: 96**

Ang kaalaman tungkol sa Allah ﷻ ay ang pinakamataas, pinakamahusay, at pinaka paki-pakinabang na kaalaman. Ito din ang susi sa Kanyang pagmamahal, pag-asa, takot, pagtitiwala at pananalig sa Kanya, at ito ang susi sa lahat ng kabutihan.

## Ang Pagsamba ay para lamang sa Allah

Nang dumating ang Propeta ng Allah ﷺ na si Ya'qub [Jacob] sa Ehipto, nakita niya ang paganismo at ang pagsamba sa iba maliban sa Allah na laganap doon. Nang lapitan siya ng kamatayan, ang pinakakinakatakutan niya para sa kanyang mga anak at apo ay ang mapanganib na paglihis na ito ay tumagas sa kanila. Ito ay pagsamba maliban sa Allah. Tinanong niya sila nang malapit na siyang pumanaw mula sa buhay na ito, na nagsasabi: ***{Sino ang inyong sasambahin kung ako ay yumao na?} sa pamamagitan nito ay nais niyang patatagin ang habilin sa pagsamba lamang sa Allah at ang pagkuha niya ng pangako mula sa kanila. Sila ay sumagot: {Aming sasambahin ang iyong Diyos, ang Diyos ng iyong mga ninunong sina Abraham, Ismael, Isaak, - tanging isang Diyos at sa Kanya, kami ay tumatalima [bilang mga muslim].***

**Surah Al-Baqarah: 133**

Si Jacob ay isang propeta, ang kanyang ama na si Isaac ay isang propeta, at ang kanyang lolo na si Abraham ay isang propeta. Sa kabila ng sunud-sunod na mga mensahe sa kanila at ang katotohanang

silang lahat ay mga tumatawag sa kaisahan ng pagsamba sa Allah at Islam, sa kanyang kamatayan ay natakot siya na ang kanyang mga anak ay lumihis sa mensahe ng mga propeta. Ito ay dahil sa pagkalat ng pagsamba sa mga diyos-diyosan. Kaya't inulit niya ang habilin at kinuha ang kanilang pangako na sumamba lamang sa Allah sa pinakamahirap na kalagayan ng buhay, ang bingit ng kamatayan. Wala nang mas mahalaga pa para sa kanya sa oras na yaon maliban sa pagpapaalala ng kaisahan ng pagsamba sa Allah.

Ang pagsamba sa diyus-diyosan at ang pagsamba sa iba bukod sa Allah ay ang pinakamalaking kamangmangan na ginawa ng sangkatauhan at patuloy na nauulit sa buong kasaysayan nito at palipat-lipat sa pagitan ng mga henerasyon nito. Samakatuwid, ang mga mensahe ng mga Sugo ay nagpatuloy na ituwid ang paglihis na ito at itinuro sa sangkatauhan na bumaling sa pagsamba sa Allah lamang, nang walang tagapamagitan ng sinuman mula sa Kanyang nilikha, at ang mga ritwal ng pagsamba ay maaari lamang gawin para sa Allah lamang. Ang misyon ng lahat ng mga mensahero ay gabayan ang sangkatauhan na idirekta ang pagsamba sa Allah lamang, na walang katambal. Ang misyon ng lahat ng mga Sugo ay gabayan ang sangkatauhan na idirekta ang pagsamba sa Allah lamang, na walang katambal. Hindi nila sasambahin ang mga rebulto at mga bitiun, ni ang mga Sugo, Propeta at mga mababuting mga tao. Lahat sila ay mga nilikha lamang ng Allah at hindi mga katambal. ***{Hindi marapat para sa sinumang tao [o sinumang propeta] na ang Allah ay magbigay sa kanya ng kasulatan at ng karunungan at ng pagka-propeta, pagkaraan siya ay magsasabi sa tao na. "Kayo ay magpaalipin sa akin bukod sa Allah."}***

**Surah Ali ‘Imran 3: 79**

Ang tawag ng bawat propeta sa kanyang mga tao ay: ***{Sambahin Ninyo ang Allah; wala kayong ibang diyos [na dapat sambahin] maliban sa kanya.}***

**Surah Al ’Araf: 59**

Ang mga talata ng Qur’an ay nagpahayag ng kasinungalingan ng paganismo at nagpawalang-bisa sa pagkakaroon ng madaming diyos. Sinabi ng Allah: ***{Kung mayroon nga roon [sa mga kalangitan at kalupaan] ng mga diyos bukod sa Allah, katiyakang sila ay mawawasak. Kaya, luwalhati sa Allah, ang Panginoon ng Dakilang Arsh [Trono] Siya ay Mataas nang higit sa anumang kanilang iniaakibat [sa Kanya].}***

**Surah Al Anbiya 21: 22**

At sinabi ng Allah: ***{Ang Allah ay walang itinuring [bilang Kanyang] anak, at kailanman ay walang ibang diyos na naging kasama Niya. [Kung nagkaroon man ng ibang mga diyos maliban sa Kanya], katiyakan bawa’t diyos ay maaaring kuhanin ang anumang kanyang nilikha at ang iba sa kanila ay maaaring magtangkang pangibabawan [talunin o daigin] ang iba. [Nguni’t] luwalhati sa Allah, Siya ay Mataas sa anumang kanilang iniaakibat [sa Kanya].}***

**Surah Al Mu’minoon 23: 91**

Walang ibang diyos maliban sa Allah na karapat-dapat sambahin, at walang tagapamagitan sa pagitan ng Allah at ng Kanyang nilikha. Ang Allah ay malapit sa Kanyang mga lingkod kapag sila ay sumasamba sa Kanya. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: ***(Ang kalagayan na pinakamalapit ang alipin sa kanyang Panginoon ay kapag siya ay nagpapatirapa). -Muslim***

At ang Allah ay malapit sa Kanyang mga alipin kapag sila ay nananalangin sa Kanya***: {At kapag ang Aking mga alipin ay magtatanong sa iyo [O Muhammad] tungkol sa Akin. Tunay na Ako ay malapit [sa kanila]. Tinutugon Ko ang mga panalangin ng bawa't dumadalangin kapag siya ay nananalangin sa Akin [nang walang ibang tagapamagitan]. Kaya, hayaan silang tumugon sa Akin [sa pamamagitan ng pagsunod] at maniwala sa Akin, upang sakali sila ay [mapatnubayan] tumahak sa matuwid na landas.}***

**Surah Al Baqarah 2: 186**

Labis na binalaan ng Allah ang sangkatauhan laban sa pagtatambal ng pagsamba sa Kanya at paghangad ng mga diyos kasama Niya. Ipinaliwanag Niya, na ito ang pinakamalaking kasalanan na hindi mapapatawad, Kanyang sinabi***: {Katotohanan, ang Allah ay hindi nagpapatawad [sa isang nagkasala] ng pagtatambal sa Kanya. Nguni't Kanyang pinatatawad ang anumang [kasalanang] mababa kaysa riyan sa sinumang Kanyang nais.}***

**Surah An-Nisaa 4:48**

Ang karumal-dumal na pagsamba sa iba maliban sa Allah ay nagiging malinaw kapag alam natin na ito ay sasangkot sa pagpapantay ng iba sa Allah. Kaya paanong ang Lumikha ay magiging kapantay ng nilikha, at ang dakila at maharlikang tagapaglikha ay kapantay ng mahinang nilalang?!

Matutuklasan ng mga nagtatambal sa pagsamba sa Allah ang kamalian ng pagpapantay na ito at pagkaligaw nito sa Araw ng Muling Pagkabuhay kapag nagsama na sila sa kanilang mga diyos sa Impiyerno, sasabihin ng Allah***: {Sila ay magsasabi habang nakikipagtalo roon, "[Sumpa man] sa Allah, na kami ay nasa hayag na kamalian, nang aming ipinantay sa inyo [kayong mga iniidolo] ang Panginoon ng lahat [ng mga nilikha], at walang***

***sinuman ang nagligaw sa amin maliban ang mga mapaggawa ng kabuktutan.}***

**Surah Ash-Shuarah: 96-99**

Tunay na ang lalaking muslim at babaeng muslim ay parehong sumasamba sa Allah tulad ng pagsamba ni Abraham, Moises, Hesus, at Muhammad sa Allah. Sa kanya lamang sila direktang nananalangin na walang tagapamagitan; sapagkat Siya ang Pinakamalapit ang Tumutugon sa mga panalangin.

Alam ng Muslim na lalaki at babae, na ang pinakadakilang bagay na nagbubukod-tangi sa kanyang pagkamuslim ay ang direktang pakikitungo niya sa Allah. Kung siya ay nagsusumamo, siya ay nagsusumamo sa Allah lamang, at kung siya ay humingi ng kapatawaran, siya ay humihingi ng kapatawaran sa Allah na kanyang Panginoon, at kung siya ay nananalangin, siya ay nananalangin sa Allah lamang; Pakiramdam niya ay napakalapit sa kanya ng Allah, alam niya kung ano ang nasa kanyang puso, at kasama niya Siya saan man siya naroroon: ***{At Siya ay kasama ninyo [sa pamamagitan ng Kanyang karunungan at tulong] saan man kayo naroroon.}***

**Surah Al-Hadid: 4**

## Ang mga Sugo ng Allah

Dahil sa awa at karangalan ng Diyos sa Kanyang mga alipin, ipinadala Niya ang Kanyang mga sugo sa kanila sa magkakasunod na yugto ng kasaysayan. ***{[Aming ipinadala ang] mga sugong tagapaghatid ng mga magagandang balita at tagapagbabala upang ang sangkatauhan ay walang maipangangatuwiran laban sa Allah pagkaraan ng [pagdating sa kanila ng] mga sugo.}*** **Surah An-Nisa: 165** ***{at walang isang pamayanan malibang may isang tagapagbabalang dumating sa kanila.}*** **Surah Fatir: 24**

Nagpatuloy ang mga mensahe ng mga Sugo, na sumang-ayon na anyayahan ang mga tao na sumamba sa Allah lamang. Bagama't iba-iba ang kanilang mga batas upang umangkop sa bawat nasyon ng mga tao at bawat yugto ng kasaysayan, at pinatutuhanan nila ang bawat isa.

Pagkatapos ay sinilyahan ng Allah ang mga mensahe ng mga Sugo sa pamamagitan ng mensahe ni Muhammad ﷺ, na nag-anyaya tungo sa kung ano ang inanyaya ng mga Sugo na nauna sa kanya:

***{sambahin ninyo ang Allah; wala kayong ibang diyos maliban sa Kanya.)*** **Surah Al Mu'minon: 32**

Inanyayahan niya tayo upang maniwala sa lahat ng mga Sugo na nauna sa kanya, mahalin sila, at maniwala sa kanilang mga aklat at sa kanilang dinala.

***{Sabihin [O mga Muslim]: "Kami ay naniniwala sa Allah at sa anumang ipinahayag sa amin at sa anumang ipinahayag kina Abraham, Ismael, Isaak, Hakob at sa tribu ni Israel at sa anumang [Kasulatang] ipinagkaloob kay Moises at kay Hesus, at sa anumang ipinagkaloob sa mga propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagbibigay ng pagtatangi [o kaibahan] sa pagitan ng sinuman sa kanila, at sa Kanya, kami ay tumatalima [bilang mga Muslim]."}***

**Surah Al Baqarah 2: 136**

***{Katotohanan, Kami [ang Allah] ay nagpahayag sa iyo [O Muhammad] tulad ng Aming pagpapahayag kay Noah at sa mga propeta pagkaraan niya. At Kami ay nagpahayag kina Abraham, Ismael, Isaak, Hakob, at Asbat [ang mga anak ni Hakob], Hesus, Job, Jonas, Aaron, at Solomon; at kay David, Kami ay nagkaloob ng Zabur [Psalmo]. At [Aming ipinadala ang] mga sugong Aming isinalaysay sa iyo noon, at ang mga sugong hindi Namin isinalaysay sa iyo, at ang Allah ay nangusap kay Moises nang [tuwirang] pananalita. [Aming ipinadala ang] mga sugong tagapaghatid ng mga magagandang balita at tagapagbabala upang ang sangkatauhan ay walang maipangangatuwiran laban sa Allah pagkaraan ng [pagdating sa kanila ng] mga sugo. At ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan, [Siya ang] Tigib ng Karunungan.}***

**Surah An-Nisa: 163 – 165**

Kung kaya, naniniwala kami sa lahat ng mga sugo ng Diyos, mahal namin silang lahat, at naniniwala kami na sila ay mga kapatid ng ating Propeta Muhammad ﷺ at siya ay dumating upang kumpirmahin at kumpletuhin ang kanilang mensahe.

Ang Qur'an ay nagbanggit ng kanilang mga kuwento bilang pagpapatunay sa kanilang mga mensahe, bilang pagsasaalang-alang sa kanilang mga ulat, at bilang pagpapatibay kay Propeta Muhammad ﷺ na nag-aanyaya sa kanilang paanyaya upang siya ay magtimpi tulad ng kanilang pagtitimpi. ***{At bawa't [kasaysayan] ay Aming isasalaysay sa iyo [O Muhammad] mula sa balita ng mga sugo upang Aming patatagin ang iyong kalooban.}*** **Surah Hud: 120** ***{Kaya, ikaw ay maging matiisin [O Muhammad] tulad ng pagtitiis na taglay ng mga sugong [nauna sa iyo]}.*** **Surah Al-Ahqaf: 35**

Sila ay binanggit nang paulit-ulit sa Qur'an. Binanggit si Noah (43) beses, si Abraham (69) beses, si Moises (136) beses, si Essa (Hesus) (25 beses, at walang babae na binanggit sa Qur'an na higit pa kay Birheng Maria, bagkus isang buong surah ang ipinangalan sa kanya.

Samakatuwid, ang paniniwala sa mensahe ni Propeta Muhammad ﷺ ay paniniwala sa mensahe ng mga Propetang nauna sa kanya. Ganun din ang pagmamahal kay Muhammad ay pagmamahal sa lahat ng Sugo ng Allah.

## Ang Pagmamahal kay Propeta Muhammad ﷺ

Ang pagmamahal sa Sugo ay isa sa pinakamahalagang pundasyon ng paniniwala sa kanya. Kaya sinuman ang hindi magmamahal sa Propeta ﷺ ay hindi totoong naniwala sa kanya. Wika niya: ***(Hindi tunay na naniniwala ang isa sa inyo hanggang sa ako ay mahalin niya ng mas higit pa sa kanyang magulang at anak.) Bukhariy***

Kabilang sa mga bunga ng pagmamahal na ito ay ang pagsunod sa kanya, pagsunod sa kanyang mga utos, pananabik na makasama siya, at panalangin para sa kanya.

Mahal natin ang Propeta nating si Muhammad ﷺ sapagkat:

- Mahal siya ng Allah.

- Ganap ang kanyang pag-uugali at kabutihan.

- Minamahal natin siya sa kanyang dakilang kagandahang-loob sa atin at sa kanyang kabutihan sa atin sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Islam sa atin nang may pinakamaliwanag na pagpapaliwanag, at hindi Siya sumama sa pinakamataas na kasamahan hanggang pinasaksi niya ang mga nilikha na naihatid niya sa kanila ang lahat ng

mga mensahe ng kanilang Panginoon, kaya sinabi niya sa mga tao sa kanyang huling pagsagawa ng Hajj: ***(Kayo ay tatanungin tungkol sa akin, kaya ano ang inyong sasabihin?) sila ay sumagot: "sasaksi kami na ikaw ay nagparating, nagsakatuparan at nagpayo". Siya ay nagsabi: (O Allah, saksihan Mo, O Allah, saksihan Mo, O Allah, saksihan Mo.) - muslim***

- Mahal natin siya dahil alam nating mahal niya ang kanyang Ummah (mga tagasunod), tulad ng sinabi ng Allah tungkol sa kanya: ***{Ikinalulungkot niya na kayo ay dumanas ng kahirapan. Siya ay nagmamalasakit sa inyo [hangad niya na kayo ay mapatnubayan]; [at] sa mga naniniwala, [siya ay] mabait, at maawain.}*** **Surah At-Tawbah:128**

- Mahal natin siya dahil mahal niya tayo. Namuhay siyang nananabik na makita ang mga darating na henerasyon ng kanyang Ummah, na hindi niya naabotan sa kanyang panahon, at sinabi niya sa kanyang mga kasamahan: ***(Nananabik akong makita natin ang ating mga kapatid.) sila ay nagsabi: "Hindi ba kami ang iyong mga kapatid, O sugo ng Allah?" sumagot siya: (Kayo ay aking mga kasamahan, ang aking mga kapatid ay sila yaong hindi pa dumating). Ahmad at Nasaiy***

- Mahal natin siya dahil ibinuhos niya ang kanyang buhay sa pag-aalala at pagmamalasakit para sa atin, hanggang sa puntong muntik na siyang mapahamak dahil sa panghihinayang sa mga hindi naniniwala sa kanya mula sa kanyang Ummah. Kaya sinabi ng Allah sa kanya***: {Kaya, huwag mong hayaang masira ang iyong sarili sa pagdadalamhati dahil sa pagtanggi nila.}*** **Surah Fatir: 8**

- At kabilang sa nagpapataas ng ating pagmamahal sa kanya:

- Ang makilala siya sa pamamagitan ng pagbabasa ng kanyang talambuhay at pag-alam sa kanyang dakilang pag-uugali, at marangal na mga katangian. Siya ang inilarawan ng kanyang Panginoon na lumikha sa kanya, na nagsasabi: ***{At katotohanan, ikaw ay nagtataglay ng dakilang pag-uugali [o huwaran sa kagandahang asal}*. Surah Al-Qalam 68: 4**

Kabilang sa pagmamahal sa Sugo ng Allah ﷺ:

Pagmamahal sa kanyang pamilya at sa kanyang mga kamag-anak na naniniwala sa kanya: tulad ng kanyang tiyuhin na si Hamzah at kanyang tiyuhin na si Abbas, at ang kanyang pinsan at manugang na si Ali bin Abi Talib, at ang kanyang pinsan na si Jaafar bin Abi Talib, At lahat ng kanyang mga asawa, ang kanyang mga anak na babae na sina Zainab, Ruqayyah, Umm Kulthum at Fatima, at ang kanyang mga apo, sina Al-Hasan at Al-Hussein kalugdan nawa silang lahat ng Allah.

Mahal natin sila dahil sa kanilang pagiging malapit sa Sugo ng Allah, at sa kanilang pagtitiis kasama siya sa kanyang pag-anyaya sa Islam. Tiniis nila ang mga paghihirap upang protektahan at suportahan ang Propeta, at sa gayon ay dinalisay sila ng Allah, Kanyang sinabi: ***{Hangad lamang ng Allah na pawiin mula sa inyo ang dungis [ng pagkakasala], O kayong kabilang sa pamilya [ng Propeta], at upang kayo ay padalisayin nang [ganap na] dalisay.}***

**Surah Al-Ahzaab 33: 33**

Kabilang din sa pagmamahal sa kanya:

Pagmamahal sa kanyang mga kasama na naniwala sa kanya noong nabubuhay pa siya at namatay na sumusunod sa kanyang relihiyon; Ito ay dahil sila:

- Unang naniwala sa Allah at sa Kanyang sugo.

- Sinamahan ang Sugo noong nabubuhay pa siya.

- Nakipagdigma kasama siya.

- Inihatid nila ang kanyang relihiyon at ipinalaganap ito pagkatapos niya. Kaya ang relihiyong ito na kung saan tayo ay sumasamba sa Allah, ay nakamit natin ito sa pamamagitan ng kanilang landas at pagsasalaysay, gantimpalaan nawa sila ng Allah ng pinakamahusay na gantimpala.

Kaya ang pagmamahal sa kanila ay kabilang sa pagmamahal sa Propeta. Sila ang pinaka-nakakakilala sa kanya kaysa sa ibang mga tao. Sila din ang mas nagmamahal sa kanya. Pinili sila ng Allah upang maging kasamahan ng kanyang Propeta sa pagpapalaganap ng Kanyang relihiyon. Sinabi ng Allah tungkol sa kanila***: {At ang mga nanguna [sa pagyakap sa Islam] ay nagmula sa mga nagsilikas [muhaajireen] at ansar [mga taga-Madinah na nagsilbing kanlungan] at yaong mga sumunod sa kanila sa [mga gawaing] mabuti. Ang Allah ay nasisiyahan sa kanila at sila ay nasisiyahan sa Kanya. Siya ay naghanda para sa kanila ng mga hardin - na sa ilalim nito ay may mga ilog na umaagos [sa Paraiso], upang sila ay mamalagi roon nang walang hanggan. Iyan ang dakilang tagumpay.}***

**Surah At-Tawbah 9: 100**

***{Katiyakan, ang Allah ay nasisiyahan sa mga naniniwala nang sila ay nagbigay ng pangako ng katapatan sa iyo [O Muhammad] sa ilalim ng isang punongkahoy. At Kanyang nababatid ang anumang nasa kanilang mga puso kaya ibinaba Niya ang***

***katiwasayan sa kanila at sila ay ginantimpalaan ng isang nalalapit na tagumpay [ang pananakop sa Makkah],}***

**Surah Al-Fath 48: 18**

# Ang Relihiyon ay mga Paniniwala sa Isip at Damdamin ng puso

## Damdamin ng Puso

***Ayon kay Anas bin Malik -kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: "Dumating ang isang tao galing sa bundok kay Propeta Muhammad ﷺ at nagsabi: "O Sugo ng Allah, kailan ang araw ng paghuhukom?" ang sagot ng Propeta ﷺ: (At anu naman ang iyong inihanda para roon kapag ito'y dumating?) parang kumalma ang lalaki at pagkatapos kanyang sinabi: "Wala akong inihanda na madaming salah, pag-aayuno, ni kawanggawa ngunit mahal ko ang Allah at ang Kanyang Sugo." Nagsabi ang Propeta ﷺ sa kanya: (Ikaw ay kasama ng iyong minahal). Sinabi ni Anas: "Kami ay nagsabi, "Kami din". Sabi ng Propeta: (Oo, kayo din). Sinabi ni Anas: "Walang bagay na nakapagpatuwa sa amin pagkatapos ng Islam nang mas higit pa sa sinabi ng Propeta: (Ikaw ay kasama ng iyong minahal). Sabi ni Anas: "Mahal ko ang Allah, ang Kanyang Sugo, si Abu bakr, at si Umar, at hinangad ko na makasama sila nang aking pagmamahal sa kanila kahit hindi ko nagawa ang nagawa nilang mga kabutihan. – Bukhariy.***

***Ang relihiyong ito ay ang paniniwala ng isipan at damdamin ng puso.*** Tunay na napuno ang Qur'an sa pagpapakilos ng isip

upang magmuni-muni, at nagkakasunod-sunod ang mga bersikulo sa paghihikayat nito:

***{Kayo ba kung gayon, ay hindi nag-iisip?}*** **Surah Al-An'am: 50**

***{Sila ba ay hindi nakauunawa?}*** **Surah Ya Seen: 68**

***{Upang sakali kayo ay matutong makaunawa}*** **Surah Al-Baqarah: 73**

***{Hindi ba sila nag-iisip nang malalim hinggil sa kanilang mga sarili? Hindi nilikha ng Allah ang mga kalangitan at kalupaan, at ang anumang nasa mga pagitan nito maliban sa katotohanan}*** **Surah Ar-Rum: 8**

***{Sabihin: "Ako ay nagpapayo lamang sa inyo ng isang [mahalagang bagay] – na kayo ay [nararapat na] manindigan para sa Allah, [inyong hanapin ang katotohanan] nang magkasama o sarilinan, at pagkaraan, kayo ay mag-isip." Ang inyong kasamahan [si Muhammad] ay walang anumang [taglay na] kabaliwan [sa sarili]. Siya ay isang tagapagbabala para sa inyo bago [dumating] ang isang matinding parusa.}*** **Surah Saba: 46**

Walang anumang ipinahayag Niya sa Kanyang Aklat o Kanyang batas para sa Kanyang mga alipin ang dahilan upang ang isip ay mailagay sa alanganin, o hihinto ito sa pagtanggi o kalituhan.

Kung paano ito isang paniniwala sa isip ito rin ay pakiramdam sa puso. Nang dahil dito, ang mga naniwala sa Propeta ﷺ ay nagkaroon ng pananalig at pangangatwiran na nagbunga ng labis na pananampalataya sa Allah at sa kanyang Sugo sa kanilang mga puso.

Hanggang sa ang ilan sa mga Sahabah ay nagsasabi sa Sugo pagkatapos ng kanilang pagpasok sa Islam: ***"Sumpa man sa Allah, wala ng mukha sa ibabaw ng lupa na higit kong kinamumuhian kaysa sa iyong mukha, subalit ngayon ang iyong mukha ay naging pinakamamahal na mukha para sa akin." – Bukhariy at Muslim***

Ipinaliwanag ng Propeta na ang damdaming ito ay mga gawaing pagsamba na nauugnay sa pananampalataya, kanyang sinabi: ***(Tatlong bagay, na kung saan sinuman ang nagtataglay nito ay matatagpuan ang tamis ng pananampalataya; na ang Allah at Kanyang sugo ay maging pinakamamahal niya bukod pa sa iba, na mamahalin niya ang tao hindi sa dahil sa anumang bagay kundi para sa Allah, na kanyang kamuhian ang balikan ang walang pananampalataya tulad nang kanyang pagkamuhi na siya ay itapon sa Apoy." -Bukhariy at Muslim***

At sinabi pa ng Propeta ﷺ**:** ***(Hindi kayo makakapasok sa Paraiso hangga't kayo ay manampalataya, at hindi kayo magiging mananampalataya hangga't kayo ay magmahalan, hindi ko ba itututuro sa inyo ang isang bagay na kapag ginawa niyo ay magmamahalan kayo? Ipalaganap niyo ang kapayapaan sa inyong pagitan.) -Muslim***

Binanggit ng Propeta na ang habag sa nilikha ay dahilan upang kahabagan ng Allah, sinabi ng Propeta ﷺ: ***(Ang mga mahabagin ay kahahabagan sila ng Allah ang Pinakamahabagin. Kahabagan niyo ang nasa lupa, kakahabagan kayo ng nasa langit.) -Abu dawod at Tirmidhiy***

Ang halimbawa nito ay ang pagkahabag sa mga hayop at pagiging mabuti sa kanila. Sinabi ng isang tao kay Propeta Muhammad ﷺ: ***"Tunay na ako ay naaawa sa tupa na ito na aking kakatayin".***

***Ang sabi Propeta ﷺ: (Ang tupa kapag naawa ka sa kanya, ay kakaawaan ka din ng Allah). – Ahmad***

Binanggit ng Propeta ﷺ: ***(Na may isang aso na paikot-ikot sa isang balon, at ito ay nakakaranas ng matinding pagkauhaw, at nakita ito ng isang babaeng bayaran na kabilang sa mga angkan ni Israel. Hinubad niya ang kanyang sandalyas at pinainom niya ang aso gamit nito, at siya ay pinatawad ng Allah sa kanyang mga kasalanan.) – Bukhariy at Muslim***

Kung ito ang gantimpala para sa awa ng hayop, paano pa kaya ang awa ng tao sa kanyang kapwa?!

## Walang pang-aapi ngayong araw

Ang gantimpala sa kabilang buhay ay isang makatarungang gantimpala. Walang kaluluwa ang maaapi sa anumang paraan. Hindi paparusahan ng Allah ang sinuman sa kasalanang hindi niya ginawa. Hindi niya ito pinaparusahan nang higit sa nararapat. Ang Allah ay isang makatarungang hukom, at ang Kanyang awa ay nauna sa Kanyang poot. Ang parusa ay ipinapataw lamang sa mga karapatdapat nito sa pamamagitan ng kanilang sariling pag-amin at pagkakilala. Samakatuwid, nilinaw ng Allah sa Kanyang mga lingkod na ang gantimpala sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay para sa kung ano ang ginawa ng bawat kaluluwa. Ito ang araw ng hustisya kung saan walang kawalang-katarungan. Sinabi ng Allah: ***{16. Sa Araw [na iyon] na sila ay magsilabas [sa libingan], walang bagay hinggil sa kanila ang maikukubli sa Allah. [At ang Allah ay magsasabi]: Kanino ang paghahari sa Araw na ito? Sa Allah - ang Nag-iisa, ang di- Mapaglalabanan. 17. Sa Araw na ito bawa't tao ay babayaran para sa anumang kanyang pinagsumikapan. Walang [ipapataw kaninuman nang] di-makatarungan sa Araw***

***na ito. Katotohanan, ang Allah ay Maagap sa pagtutuos [ng mga gawa].}*** **Surah Ghafir: 16-17.**

At ang lahat ng gagantimpalaan ng pagdurusa sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay dadalhin lamang roon pagkatapos nilang basahin ang mga aklat ng kanilang mga gawa at timbangin ang kanilang masasamang gawa. ***{At Kami ang maglalagay ng timbangan ng katarungan sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, kaya walang kaluluwa ang pakikitunguhan ng di- makatarungan sa anupaman. At kung mayroon mang timbang ng [kahit] isang buto ng mustasa, ito ay Aming ipakikita. At Kami ay sapat na bilang Tagapagtuos.}***

**Surah Al-Anbiya: 47**

***{"Ito - ang Aming talaan ay magsasalita tungkol sa inyo sa katotohanan. Katunayan, Kami ang sumisipi [at nagpapatala] sa anumang inyong lagi nang ginagawa."}*** **Surah Al-Jaathiya: 29**

At kanilang ipagtatapat ang kanilang mga kasalanan sa kanilang sarili: ***{Sila ay magsasabi: "Aming Panginoon, pinangyari Mo pong kami ay mamatay nang dalawang ulit at binigyan Mo po kami ng buhay nang dalawang ulit, at aming pinagsisihan ang aming mga kasalanan, kaya mayroon bang isang labasan mula sa [alinmang] kaparaanan [upang takasan ang Apoy]?}*** **Surah Ghafir: 11**

Walang sinuman ang itatapon sa Impiyerno hanggang sa ang mga anghel ay nagpapatunay sa kanya na ang mensahe ay naihatid sa kanya at ang patunay ay naitatag laban sa kanya. Sinabi ng Makapangyarihang Allah tungkol sa Impiyerno: ***{Ito ay halos sumabog sa [tindi ng] pangangalit. Sa tuwing may pangkat na itinatapon doon, ang mga tagapagbantay nito ay magtatanong sa kanila: 'Wala bang isang tagapagbabala ang dumating sa inyo'? At sila ay magsasabi: "Oo, isang tagapagbabala ang dumating***

***sa amin, nguni't, siya ay aming itinakwil at aming sinabi [sa kanya]: 'Ang Allah ay walang ibinabang anumang bagay, [at] katotohanan, kayo ay walang anupaman maliban nasa malaking kamalian.' At sila ay magsasabi [nang may pagsisisi]: "Kung kami sana ay nakinig lamang o nag-isip, marahil kami ay hindi naging kabilang ng mga kasamahan ng naglalagablab [Apoy]."}*** **Surah Al-Mulk: 8-10**

Sinabi ng Allah na Makapangyarihan sa lahat na hindi posibleng pahirapan ang isang tao na hindi pa nakarating sa kanya ang mga mensahe ng mga Mensahero at ang patunay ay hindi pa naitatag laban sa kanya: ***{At kailanman Kami ay hindi magpaparusa hanggang Kami ay makapagpadala ng isang sugo.}*** **Surah Al Israa': 15**

***{[Aming ipinadala ang] mga sugong tagapaghatid ng mga magagandang balita at tagapagbabala upang ang sangkatauhan ay walang maipangangatuwiran laban sa Allah pagkaraan ng [pagdating sa kanila ng] mga sugo.}*** **Surah An-Nisa: 165**

Ito ay nagpapakita na ang sinumang hindi naabot ng mga mensahe ng mga Sugo ay hindi karapat-dapat na parusahan, gayundin ang inabot ng mga ito sa isang baluktot na anyo na pumipigil sa kanya sa pagtanggap ng mga ito.

Sila na mga mababuting tao na hindi nakatanggap ng banal na mensahe, at kung ito ay nakarating sa kanila, sila ay susunod dito, at hindi sila mapipigilan ng kapalaluan o kawalan ng pasasalamat; tunay na sila ay ilalayo mula sa masakit na parusang ito.

Ang nararapat lamang na parusahan ay ang nakakaalam ng katotohanan ngunit tumalikod dito at nakarating sa kanya ang totoo at malinaw na babala ngunit tinanggihan niya parin ito at naging mapagmataas dito.

Walang sinuman ang mag-aangkin sa Araw ng Muling Pagkabuhay na siya ay ginawan ng hindi makatarungan. Ngunit nais nilang bumalik at itama ang mga pagkakamali; ***{At kung sila lamang ay iyong makikita kapag sila ay patatayuin sa Apoy [ng Impiyerno], sila ay magsasabi: "Ahh marahil kung kami ay maibabalik na muli [sa mundo] hindi namin itatakwil ang mga ayaat [kapahayagan] ng aming Panginoon [at], kami ay magiging kabilang ng mga naniniwala." Nguni't ang anumang kanilang ikinukubli noon ay naging malinaw sa kanila. At kung sila man ay ibabalik [sa mundo] katiyakang sila ay magsisibalik sa anumang [dating] ipinagbawal sa kanila; at katotohanan, sila ay mga sinungaling.}***

**Surah Al An'am: 27-28**

Tunay na ang ating Panginoon ay ipinagbawal ang kawalang katarungan sa pagitan ng Kanyang mga alipin, at bago pa nito ay ipinagbawal Niya ito sa Kanyang sarili***, Kanyang sinabi sa Hadith Al-Qudsiy: (O aking mga alipin, tunay na ipinagbawal Ko ang kawalang katarungan sa Aking sarili, at ginawa Ko itong bawal sa pagitan ninyo, kaya huwag kayong gagawa nito.) – Muslim***

At sinabi ng Allah sa Kanyang aklat: ***{Katotohanan, hindi ginagawan ng kamalian [o dinadaya] ng Allah ang mga tao ng kahit anupaman; nguni't ang mga tao ang gumagawa ng mga kamalian sa kanilang mga sarili.}*** **Surah Yunus: 44**

***{At sila ay hindi minali ng Allah bagkus kanilang minali ang kanilang mga sarili.}*** **Surah An Nahal: 33**

***{Katotohanan, ang Allah ay hindi gumagawa ng pandaraya [maging ito man ay katumbas ng] isang katiting na timbang.***

***Samantalang kung may isang kabutihan, ito ay Kanyang dinaragdagan, at nagkakaloob mula sa Kanyang Sarili ng isang dakilang gantimpala.}*** **Surah An-Nisa: 40**

Ang gantimpala para sa mababuting gawa ay doble, at para sa masasamang gawa, sila ay pinarurusahan lamang ayon sa kanilang halaga. ***{Sinuman ang dumating [sa Araw ng Paghuhukom] na may dalang isang kabutihan, siya ay magkakamit ng sampung ulit na [gantimpalang] katulad niyon [sa kanyang talaan], at sinuman ang dumating na may dalang isang kasamaan, siya ay hindi pagbabayarin maliban sa [kabayarang] katulad niyon [na kanyang ginawa] at sila ay hindi dadayain [o gagawan ng kamalian].}***

**Surah Al An'am: 160**

Ang gantimpala para sa isang mabuting gawa ay pinaparami ng sampung ulit, at ang isang masamang gawa ay gagantimpalaan ng katulad lamang nito. Kung kaya ang taong sawi ay ang kanyang nag-iisang masamang gawa ay mas hihigit sa kanyang dose-dosenang mababuting gawa.

Hindi tama para sa ating mga hinala na mauwi sa pagtatanong kung ang mga pinarusahan ay nararapat ba sa kanilang parusa. Sapagkat ang ating Panginoon ay may pinakatanyag na patunay at kaalaman na sumasaklaw sa lahat, at Siya ang makatarungang hukom, at ang Kanyang awa ay sumasaklaw sa lahat ng bagay, at ang Kanyang awa ay nauuna sa Kanyang poot, at Siya ang Pinakamaawain sa Kanyang nilikha, at Pinakamaalam sa kanila. Ang tao na ang kanyang mga kasalanan ay naipon at napapaligiran nito ang siyang tatanggap lamang ng kaparusahan.

***{Nguni't [ang katunayan nito] sinuman ang nakagawa ng kasamaan [tulad ng pagtatambal at iba pa], at ang kanyang kasalanan ay pumalibot sa kanya; sila yaong mga maninirahan sa Apoy [ng Impiyerno]; sila ay mamamalagi roon nang walang hanggan.}***

**Surah Al-Baqarah: 81**

## Ang Pananaw ng Isang Mananampalataya sa Kabilang Buhay

Ang mananampalataya ay nabubuhay sa buhay na ito na ang kanyang paningin ay umaabot sa kabilang buhay. At sa kanyang kapalaran pagkatapos ng kamatayan, kung saan mayroong isang buhay na walang hanggang kawalang-kamatayan, alam niya na ang buhay na ito gaano man ito kahaba, ito ay maikli, at gaano man ito kalaki, ito ay maliit, gaya ng sinabi ng dakilang Allah:

***{Sabihin mo: "Ang kasiyahan sa mundo ay maliit [lamang] at ang kabilang buhay ay higit na mainam sa sinumang may takot sa Allah. At ang [pagiging] di-makatarungan ay hindi gagawin sa inyo maging ito ay katumbas ng hibla [sa buto ng datiles]"}*** **Surah An-Nisaa:77**

Ang kasiyahan sa makamundong buhay na ito ay panandalian, at lahat ng bagay na mayroon ang isang tao sa mundong ito ay pansamantalang pag-aari, alinman sa mga ito ililipat mula sa iyo, o ikaw ang lilipat mula rito.

Upang maging malinaw ang katotohanan ng makamundong buhay na ito, inihambing ito ng Allah sa buhay na walang hanggan at matatag. Sinabi ng Allah: ***{katotohanan, ang buhay sa mundong ito ay isang [maikling] kasiyahan lamang, at katotohanan, ang kabilang buhay ay isang tahanan na mananatili magpakailanman.}*** **Surah Ghafir: 39**

Ang mundo ay lilitaw kung ano talaga ito, at ang sukat nito ay magiging malinaw sa lahat ng nabubuhay dito kapag lumisan na ang buhay at dumating na ang kamatayan.

Sinabi ng Allah: ***{Hanggang, kapag ang kamatayan ay dumating sa isa sa kanila, siya ay magsasabing: "Aking Panginoon, ako ay ibalik [Mong] muli [sa mundo], 100. Upang sakali ako ay makagawa ng mga gawaing matwid na aking nakaligtaan." Hindi! Ito ay isang salita lamang na namumutawi [sa kanyang bibig]; at sa kanilang likuran ay isang pagitan [ang barzakh] hanggang sa Araw na sila ay bubuhaying muli.}*** **Surah Al Mu'minon: 99-100**

Kapag ang mga tao ay muling nabuhay pagkatapos ng kamatayan, naaalala nila ang kanilang makamundong buhay at nakikita ito bilang isang maliit at maikling bagay. Sinabi ng Allah bilang paglalarawan nito: ***{112. [Ang Allah] ay magsasabi: "Ilang bilang ng taon kayong nanatili sa mundo?" 113. Sila ay magsasabi: "Kami ay nanatili ng isang araw o [ilang] bahagi ng isang maghapon; tanungin mo ang mga nagbibilang."}*** **Surah Al Mu'minon: 112-113**

Inilarawan ng Allah ang buhay ng mundong ito at ipinaliwanag ang katotohanan nito kaugnay ng kabilang buhay, Kanyang sinabi: **{[Dapat ninyong] malaman na ang buhay sa mundong ito ay isa lamang laro at aliwan at palamuti at pagyayabang sa isa't isa, at paligsahan sa pagpaparami ng yaman at mga anak. [Ito**

**ay] kahalintulad ng ulan na [nagiging sanhi] ng pagyabong ng halaman na nagbibigay kasiyahan sa [paningin ng] mga mananannim, pagkaraan ito ay matutuyot; at iyong makikitang naninilaw, at pagkaraan ay magiging [nangagkalat na] dayami. Subali't sa kabilang buhay ay mahapding parusa at kapatawaran mula sa Allah at mabuting kasiyahan. At ano ba ang buhay sa mundong ito maliban sa kasiyahang mapanlinlang.}**

**Surah Al-Hadeed: 20**

Ang tunay na gantimpala ay nasa kabilang buhay lamang at hindi sa mundong ito: ***{At ang anumang nasa Allah ay higit na mabuti at nananatili;}*** **Al-Qasas: 60 {at ang parusa ng kabilang buhay ay higit na kasakit-sakit at nagtatagal.} Surah Ta Ha: 127**

Maraming tao ang nabubuhay sa mundong ito na para bang dito na sila mananatili at sa buong buhay nila ay nababaon sila sa mga gawain ng buhay, katulad ng pagkahimatay.

At ang kanilang pag-uusap tungkol sa mga isyu ng buhay, na para bang ang bawat isa ay nakatali ng mahigpit sa mga lubid ng mga alalahanin ng mundong ito, hindi kailanman lumalampas dito sa kung ano ang susunod dito, at hindi kailanman umaahon mula rito patungo sa tagapamahala ng mga gawain nito at sa may-ari nito. At hindi pinag-uusapan ang paghaharap nila sa Allah samantalang ito ay walang pagdududa, ni sa Kanyang mga parusa at gantimpala. Kaya't ang bahagi ng mga taong ito ay mula sa sinabi ng dakilang Allah: ***{29. Kaya layuan mo [O Muhammad] ang sinumang tumatalikod sa Aming mensahe at walang hinahangad kundi ang [karangyaan ng] makamundong buhay. 30. Iyan ang kabuuan ng kanilang kaalaman. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang nakababatid sa sinumang naliligaw mula sa Kanyang landas at***

***Kanyang nababatid ang sinumang napatnubayan.}*** **Surah An-Najam: 29-30**

Ang buhay sa mundong ito ay isang maikling pagpapakilala sa isang mahabang aklat, at ang mga tao na pinamamahalaan ng panahon dito ay lilipat sa ibang buhay kung saan walang panahon, at dapat ihanda ng mga tao ang kanilang sarili para sa walang hanggang pag-iral.

***{Sabihin mo: "Ang kasiyahan sa mundo ay maliit [lamang] at ang kabilang buhay ay higit na mainam sa sinumang may takot sa Allah. At ang [pagiging] di-makatarungan ay hindi gagawin sa inyo maging ito ay katumbas ng hibla [sa buto ng datiles]"}*** **Surah An-Nisaa: 77**

Samakatuwid, ang maligaya ay ang taong darating ang kamatayan at pinaghandaan niya ito, at aabot siya sa kabilang buhay na gumawa ng kabutihan para rito. Sila ang makatatanggap ng mabuting balita sa kabilang buhay at makatatanggap ng katiwasayan sa araw ng kakila-kilabot***. {Sila ay walang [madaramang] pangamba laban sa pinakamalaking ligalig [ng parusa ng apoy], at ang mga anghel ay sasalubong sa kanila [at nagsasabing] "Ito ang inyong Araw na ipinangako sa inyo."}*** **Surah Al-Anbiya: 103**

***{Sa Araw [na iyon], iyong makikita ang mga naniwalang lalaki at mga naniwalang babae: ang kanilang liwanag ay nasa pagitan ng kanilang harapan at ng kanilang gawing kanang kamay: [ito ay magsasabi]: "Ang magandang balita sa inyo sa araw na ito ay [ukol sa] mga hardin na sa mga ilalim nito ay may umaagos na mga ilog upang doon, kayo ay mamamalagi nang walang hanggan. Iyan ang dakilang tagumpay."}*** **Surah Al-Hadeed: 12**

Tunay na silang mga makakatanggap ng mga magagandang balita sa kabilang buhay ay sila yaong nabuhay sa mundo na tumitingin sa kabilang buhay. At naghahanda sila ng mga mababuting gawain para sa kabilang buhay bago paman sila makarating dito. Namuhay sila sa makamundong buhay na ito na para bang tinitingnan nila ang kabilang buhay na parang bukas, at natatakot sila sa kalubhaan at kilabot sa araw na ito. At sinasabi nila habang sila ay nasa mundo pa. ***{10. Katotohanan, kami ay nangangamba mula sa aming Panginoon, ng [isang] mahigpit, kasakit-sakit na Araw." 11. Kaya, sila ay pangangalagaan ng Allah mula sa kasamaan ng Araw na iyan, at sila ay pagkakalooban ng liwanag at kaligayahan.}*** **Surah Al Insan: 10-11**

Kung kaya't sasabihin nila sa kabilang buhay na: ***{26. "Katotohanan, maging noon pa mang kapiling namin ang aming mga pamilya, [aming] kinatakutan na [ang pagsuway sa Allah]. "Kaya, ang Allah ay naggawad ng kabutihang-loob sa amin, at kami ay pinangalagaan laban sa parusa ng nagbabagang Apoy." 28. "Katotohanan, kami ay lagi nang dumadalangin sa Kanya noon pa man. Katotohanan, Siya ang Mapagbigay, ang Mahabagin.}*** **Surah At-Tur: 26-28**

Pagpasok nila sa Paraiso, maaalala nila ang patnubay ng Allah sa kanila, at ang pangako ng Kanyang mga sugo sa kanila, at kung ano ang nagawa nila sa kanilang mundo para sa kanilang kabilang buhay, kanilang sasabihin: ***{"Al-Hamdulillah [ang lahat ng papuri ay sa Allah] na Siyang pumatnubay sa amin [patungo] rito, at kailanman kami ay hindi mapapatnubayan kung kami ay hindi pinatnubayan ng Allah. Katiyakan, ang mga sugo ng aming Panginoon ay nagsirating na dala ang katotohanan." At sila ay tatawagin: "Ito ang Paraiso na sa inyo ay ipinamana nang dahil***

***sa anumang [kabutihang] inyong laging ginagawa."}*** **Surah Al 'Araf: 43**

Ang mananampalataya ay nabubuhay sa mundong ito habang tinitingnan ang kabilang buhay, naghahanda para dito, at patuloy na nililitis ang kanyang sarili: Ano ang ibinigay niya para sa kapalarang iyon, at ano ang ginawa niya para sa araw na iyon? ***{O kayong mga naniniwala, inyong katakutan ang Allah. At hayaan ang bawa't tao na hanapin kung ano ang naghihintay para sa kanya sa kinabukasan - at inyong katakutan ang Allah. Katotohanan, ang Allah ay nakababatid sa anumang inyong ginagawa.}***

**Surah Al Hashar: 18**

Ang paniniwala na ang buhay sa lupa ay isang daanan lamang at hindi lugar ng pananatili, at ang pakikipagtagpo sa Allah ay kailangan, at ang paghahanda para sa pagtatagpo na ito ay kinakailangan; Ang lahat ng ito ay hindi nangangahulugan ng pagtalikod sa mundo at pag-iwan sa kasiyahan sa mga mababuting bagay nito, pagpapaunlad at pagtatayo nito, dahil hindi ito ang patnubay ng Banal na Qur'an ni patnubay ng Sunnah ng dakilang Propeta ﷺ , sapagkat ang kamay na nasa itaas ay mas mainam kaysa kamay na nasa ibaba, at ang mananampalatayang malakas ay mas mainam kaysa mananampalatayang mahina, at ang timbangan ng maluwalhating Qur'an ukol dito ay ***{Nguni't hanapin, sa pamamagitan ng anumang ipinagkaloob ng Allah sa iyo, ang tahanan ng kabilang buhay, at [gayunpaman] huwag mong kalimutan ang iyong bahagi sa mundo; at gumawa ng kabutihan tulad ng ginawang kabutihan ng Allah sa iyo, at huwag kang magnasa ng katiwalian sa kalupaan. Katotohanan, hindi minamahal ng Allah ang mga mapaggawa ng katiwalian.}*** **Surah Al Qasas: 77**

# PANGALAWA

## Ang ating pagkamuslim

## Ang mga Katanungan sa Islam

**Dumating ang isang Bedowin mula sa bukid ng Hijaz (lupain na sumasaklaw sa Makkah at Madinah) na kung saan naroroon ang napalawak na desyerto na pinalilibutan ng nagsisitaasan na mga bundok na para bagang haligi ng kalangitan. Lumisan mula roon ang taong ito na nakasakay sa kanyang kamelyo patungo sa Madinah, sa paglalakabay ng walong araw. Wala siyang kalakal na hinahangad ang kita nito sa Madinah, ni kamag-anak na bibisitahin, kundi ang kanyang hangad ay makatagpo lamang ang taong nagsasabi na siya ay Sugo ng Allah. Mapapatunayan niya mula sa kanya ang balita ng propesiya at ang katotohanan ng mensahe, at gumawa ng kanyang desisyon tungkol sa relihiyon na dapat niyang sambahin ang Allah nito.**

**Nang siya ay nakarating na sa Madinah, siya ay pumasok sa Masjed at nakatayong humarap sa mga Sahabah na nakaupo kasama ang Sugo ng Allah ﷺ at hindi niya nakikilala sa pagitan nila ang Propeta. Nang siya lumapit sa kanila, siya ay nagtanong: "Sino sa inyo ang anak ni Abdul Muttalib? At ang Sugo ng Allah ay katulad lamang nila sa kanilang pagitan, wala**

**siyang palatandaan na magtutukoy sa kanya ni natatanging kalagayan na magpapakilala sa kanya. Wala silang matagpuan na bagay na maituturo nila ang Propeta sa pamamagitan nito sa taong nagtanong maliban sa kanyang Liwanag at kagandahan, kayat kanilang sinabi: "Yang taong maputi na nakasandal". Kayat agad-agad siyang lumapit sa kanya at tumayo sa kanyang harapan, at tinawag niya ito kung papaano niya tatawagin ang ibang tao: "Oh anak ni Abdul Muttalib?" sumagot ang Sugo ng Allah ﷺ: "Sinagot na kita, ako ang anak ni Abdul Muttalib." Siya ay nagsabi: "Muhammad?" sagot ng Propeta: "Oo". Sa kabila ng pagiging malupit ng tawag na ito, sinundan niya ito ng mas malupit pa na tawag, na nagsasabing: "Ako ay magtatanong sa iyo, at maghihigpit sa katanungan, kung kaya huwag magkaroon ng hinanakit ang iyong kalooban sa akin." Sinagot siya ng pinakamainam na nagtuturo ng kabutihan sa sangkatauhan na nagsabi: "Hindi magkakaroon ng hinanakit ang aking kalooban, itanong mo kung ano ang gusto mo". Walang mga ipinagbabawal na lugar o madilim na sulok sa kanyang relihiyon o pagtuturo, kundi kalinawan lamang at kadalisayan.**

**Nagtanong siya ng mga tanong na nagpapahiwatig ng kalinisan ng utak at maayos na paraan ng pag-iisip. Ang una niyang tinanong: "Sino ang lumikha ng kalangitan?" sumagot sa kanya ang Sugo ng Allah: "Ang Allah". Nagtanong siya ulit: "at sino ang lumikha ng kalupaan?" ang sagot naman ng Propeta: "Ang Allah". Wika niya ulit: "at sino naman ang nagtayo ng mga bundok na ito, at inilagay sa kanila ang Kanyang nilikha?" sagot ng Propeta: "Ang Allah". Wika niya: "Tunay na ako ay magtatanong sa iyo sa pamamagitan ng lumikha ng langit, lumikha ng lupa, at itinayo ang mga bundok na ito at inilagay**

**sa kanila ang Kanyang nilikha, ang Diyos ng mga nauna sa iyo, at ang Diyos ng mga mabubuhay pagkatapos mo, ikaw ba ay pinadala ng Allah sa buong sangkatauhan? Sumagot ang Propeta: “O Allah, oo”. Wika ulit niya: “Tunay na ako ay magtatanong sa iyo sa pamamagitan ng nagpadala sa iyo. “Ang Allah ba ay nag-utos sa iyo na sambahin natin siya nang nag-iisa, at itakwil namin itong mga diyos-diyosan na sinamba ng aming mga ninu-ninuan? Ang sagot ng Propeta: “Oo”. “Ang Allah ba ay nag-utos sa iyo na itayo natin ang limang beses na pagdarasal na ito sa araw at gabi?” Ang sagot ng Propeta: “Oo”. Wika ulit niya: “Tunay na ako ay magtatanong sa iyo sa pamamagitan ng nagpadala sa iyo. “Ang Allah ba ay nag-utos saiyo na kunin ang mga kawanggawa na ito mula sa mayayaman sa amin at ibabahagi mo sa mga mahihirap sa amin?” Ang sagot ng Propeta: “Oo”. Wika ulit niya: “Tunay na ako ay magtatanong sa iyo sa pamamagitan ng nagpadala sa iyo. “Ang Allah ba ay nag-utos saiyo na tayo ay mag-ayuno sa buwan ng Ramadan sa bawat taon?” Ang sagot ng Propeta: “Oo”. Wika ulit niya: “Tunay na ako ay magtatanong sa iyo sa pamamagitan ng nagpadala sa iyo. “Ang Allah ba ay nag-utos saiyo na tayo ay magsagawa ng Hajj sa Makkah kung sino ang makakaya?” Ang sagot ng Propeta: “Oo”. Hanggang sa winika ng tao na iyon: “Kung ganon, katotohanan ako ay sasaksi na walang ibang Diyos ang karapatdapat sambahin maliban sa Allah lamang at katotohanan si Muhammad ay Sugo ng Allah. sumpa man sa nagpadala saiyo sa katotohanan, hindi ko ito dadagdagan ni babawasan, at ako ay si Dimam bin Tha’labah mula sa tribo ng angkan ni Sa’ad bin Bakar. Tungkol naman sa mga gawaing kahalayan, tunay na kami ay umiiwas nito bago pa ang Islam kung kaya ngayon sa Islam ay mas higit naming itong iiwasan.”**

**Pagkatapos siya ay nagtungo sa kanyang kamelyo, at tinanggalan niya ito ng lubid at sumakay dito pabalik sa kanyang sambayanan, at wala na siyang pangangailangan pa sa Madinah pagkatapos nito.**

**Nang siya ay umalis, nagsabi ang Propeta ﷺ: "Nakaintindi ang tao na iyon, at kung maging makatotohanan ang taong may dalawang tali sa buhok, siya ay makakapasok sa Paraiso". Iniulat ni Bukhariy at Ahmad.**

**Namangha ang mga Sahabah sa talino ng bedoien na iyon, hanggang si Umar ay nakapagsabi: "Wala na akong nakita pa na mas mainam magtanong at mas maiksi maliban kay Dimam.**

**Tunay na ang tao na ito ay narinig ang mga batas ng Islam at naniwala nito. Dumating lamang siya upang makilala ang Sugo ﷺ. Subalit nang siya ay kanyang Nakita, nakakita siya ng palatandaan ng katotohanan sa kanyang mukha at kalagayan. Samakatuwid, sapat na para sa kanya na tanungin ang Propeta ng tanong ng napatunayang tao, kaya ang pagkikita sa Propeta at pagtatanong sa kanya ay nagpapataas ng kanyang pananampalataya at katiyakan. Kung kaya ipinahayag niya ang kanyang pagpasok sa Islam sa harapan ng Propeta at pagkatapos ay bumalik sa kanyang bayan.**

**Nang marating niya ang kanyang mga tao, nagtipon sila patungo sa kanya. Ang una niyang ginawa ay binasag niya ang pagdadakila sa kanilang mga gawa-gawang diyos-diyosan. Siya ay nagpahayag: "Kasawian kay Lat at Uzzah!". Ito ang mga rebulto na kanilang sinasamba. Ang kanyang mga tao ay nagulat sa katapangan na ito laban sa kanilang mga diyos-diyosan. Tinakot nila siya sa bagay na kanilang kinatatakutan na pinsala**

**mula sa kanilang mga diyos-diyos at galit nito. Kanilang sinabi: "Dahan-dahan lang, O Dimam!" Katakutan mo ang pinsala sa balat, katakutan mo ang sakit sa balat!"**

**Ngunit dinaig ni Dimam ang doktrinang ito at itinuwid ang kanyang pang-unawa at paniniwala, kayat kanyang sinabi : "Kasawian sa inyo! Tunay na sila ay hindi makakapinsala ni makakapagbigay ng pakinabang." At katotohanan, ang Allah ay nagpadala ng Sugo at nagpababa sa kanya ng Aklat upang iligtas kayo mula sa inyong pinaniniwalang mali ngayon. Katotohanan ako ay sumasaksi na walang ibang dios ang karapatadapat sambahin maliban sa Allah, Siya lamang nag-iisa, at katotohanan si Muhammad ay alipin at Sugo ng Allah, at ako ay dumating ngayon sa inyo mula sa kanya na daladala ang iuutos ko sa inyo at ipagbabawal.**

**Nagpatuloy siya sa pakikipagtalakayan sa kanila at pagkumbinsi sa kanila hanggang sa walang naabutan ng hapon sa araw na iyon na lalaki o babae sa kanyang harapan maliban na naging isang Muslim.**

**Narinig ng mga Sahabah ang ginawa ni Dimam, at sinabi ni Ibnu Abbas: "Wala kaming narinig na pumunta sa Madinah na mas mainam pa kay Dimam bin Tha'labah.**

Sinasagot ng eksenang ito ang mga katanungan ng maraming gustong matuto tungkol sa Islam, upang maging malinaw sa kanila na ang relihiyong ito na pinili ng Diyos para sa sangkatauhan sa pangkalahatan ay malinaw at hindi malabo, payak at hindi kumplikado, at madali at hindi mahirap. **{*Hangad ng Allah na ito ay gawing magaan para sa inyo at hindi Niya hangaring ito ay gawing mahirap para sa inyo.*} Surah Al Baqarah: 185**

Ang pagpasok sa Islam ay hindi nangangahulugang isang lindol sa iyong buhay, kalituhan sa iyong mga ugnayan, o kaguluhan sa iyong mga gawain, bagkus ito ay isang pagtitipon ng pagkakawatak ng buhay, isang pagkakaisa ng layunin, at katuwiran sa iyong landas at patutunguhan.

Ang layunin ay sambahin ang Allah nang nag-iisa, na walang katambal, at ang Muslim ay nabubuhay sa kanyang buhay na nararamdaman ang pagiging malapit ng Allah sa kanya, ang kanyang kamalayan sa kanya, at ang kanyang kaalaman sa kanyang mga lihim at kanyang pagiging lantad.

Pagkatapos ang kalungkutan ng buhay ay nagiging ginhawa, at ang kalituhan nito ay naging gabay, at ang Muslim ay nabubuhay sa kanyang buhay na parang nakikita niya ang Allah saan man siya lumingon.

Tulad ng sinabi ng Propeta ﷺ: **“Ang Ihsan o pagiging Mabuti ay ang sasambahin mo ang Allah na para mo siyang nakikita, at kung sakaling hindi mo siya makikita ay katotohanang nakikita ka Niya.” Bukhariy at Muslim**

Tungkol naman sa mga alituntunin at batas ng Islam, ang mga ito ay tugma sa kalikasan at paglikha ng tao.

Ang Isa na lumikha ng taong ito ay siyang nagsabatas ng relihiyong ito para sa kanya sa paraang angkop sa kanya at kung saan ang kanyang kalikasan ay tumutugon. ***{14. Hindi ba nalalaman ng sinumang lumikha [ang Kanyang mga nilikha]? At Siya ang [Lubos na] Mabait, ang Nakababatid.}***

**Surah Al Mulk: 14**

Samakatuwid, walang hirap o pasanin na hindi kayang gawin: ***{Ang Allah ay hindi magbibigay-pasanin sa isang kaluluwa maliban sa [abot ng] kakayahan nito. Makakamit nito ang [bunga ng] anumang [buting] pinagsumikapan nito, at papasanin nito ang [bunga ng] anumang [kasamaang] pinagsumikapan nito.}*** **Surah Al Baqarah: 286**

Walang pagkukulang ng likas na pangangailangan o kasiyahan sa magagandang bagay sa buhay. ***{Sabihin: Sino ba ang nagbawal sa palamuti ng Allah, na Kanyang inilitaw [ipinasuot] para sa Kanyang mga alipin, at sa mga mababuting [bagay na] nagmula sa panustos?}*** **Surah Al 'Araf: 32**

Sa mga linyang ito, ang landas ng buhay kasama ang Islam ay tinukoy nang malinaw at payak. Ito ay isang paliwanag ng pang-unawa, paniniwala, pagsamba, at pag-uugali ng isang Muslim.

Ito ay upang maging isang liwanag para sa mga bumaling sa Islam at nagnanais na malaman ang landas ng buhay kasama ang relihiyong ito, upang makita kung paano ang buhay kasama ang Allah ay magiging ligtas, masaya, mabuti sa mundong ito, at mapalad sa kabilang buhay.

Sinabi ng Allah: ***{Sinuman ang gumawa ng mga gawaing matwid, maging siya man ay lalaki o babae, at siya ay naniniwala, katiyakang Aming ipagkakaloob sa kanya ang magandang buhay, at katiyakan na sila ay Aming gagantimpalaan [sa kabilang buhay] nang ayon sa anumang pinakamabuti na kanilang lagi nang ginagawa.}***

**Surah An-Nahal: 97**

## Ang Biyaya ng Patnubay

Kapatid kong lalaki at kapatid kong babae, alam mo ba kung gaano kalaki ang biyaya ng Diyos sa iyo nang bumaling ka sa patnubay, at binuksan ng Diyos ang iyong puso sa Islam at pinili kang maging Muslim, habang may bilyon-bilyong tao na nabubuhay sa mundong ito, at sila ay nawawala pa rin sa katotohanang ito o hindi nakakapansin?

At sa iyong pagyakap sa Islam, ay sumapi ka sa grupo ng mga tagapatnubay at mga matutuwid, at ito ang grupo ng kanyang unang imam, ang ating amang si Adan, at ito ay magpapatuloy hanggang sa pagmamana ng Allah sa lupa at ang mga nasa ibabaw nito, at dito sa sasakyan na ito ay napapaloob ang mga dakila sa sangkatauhan tulad nina Noah, Abraham, Moses, Jesus, at Muhammad, at ang mga tagasunod ng mga propeta mula sa mga makatotohanan, mga martir, at mga matutuwid, kaya binabati kita.

Ito ang nagpapadama sa atin ng kadakilaan ng pagpapalang ito mula sa Allah sa atin, Siya ang gumawa ng Kanyang relihiyon na

malinaw na walang kalabuan, madali nang walang kahirapan, at pinatnubayan tayo dito, at itinuro ang ating mga puso dito.

Ito ay isang pagkilala sa biyaya ng Allah sa atin, dahil pinili Niya tayo upang maging mga Muslim. ang patnubay ay hindi sa pamamagitan ng katalinuhan o kaalaman, ngunit bago ito ay sa pamamagitan ng patnubay at tulong ng Allah. Kung hindi, gaano karaming matatalinong tao at henyo ang nananatiling naliligaw, naliligaw mula sa Allah, hindi sumusunod sa Kanyang relihiyon, at hindi ginagabayan ng Kanyang patnubay?

Ang patnubay na ito ay ibinigay ng Diyos at dinadalisay sa puso ng mga taong tapat sa paghahanap nito at tapat sa pagsunod dito, tulad ng sinabi ng Allah: ***{At yaong mga napatnubayan [mga naniniwala], Kanyang dinaragdagan ang kanilang patnubay at ipagkakaloob sa kanila ang kanilang [katangian ng pagkakaroon ng] takot [sa Kanya].}*** **Surah Muhammad: 17**

Ang patnubay ay inililihis lamang sa mga tumatalikod dito at nagmamayabang sa pagsunod nito, tulad ng sinabi ng Allah hinggil sa Qur'an: ***{Kanyang inililigaw sa pamamagitan nito ang karamihan, at Kanyang pinapatnubayan sa pamamagitan nito ang karamihan. At wala Siyang inililigaw sa pamamagitan nito maliban ang mga suwail.}*** **Surah Al Baqarah: 26**

Kapag ibinaling mo ang iyong puso sa Islam, na binubuksan ang iyong puso dito, bubuksan ng Allah ang pintuan ng patnubay sa Kanyang relihiyon para sa iyo. Kung kaya ikaw ay maglalakad sa isang landas na magdadala sa iyo sa isang paraiso na kasing lawak ng langit at lupa, at ikaw ay magkakaroon ng pagtatagpo doon sa mga propeta, sa mga matatapat, at sa matuwid na mga lingkod ng Allah.

Samakatuwid, ang pagpapala ng patnubay ay nadarama, at ang malaking pasasalamat sa Allah ay nagiging dakila sa ating mga kaluluwa.

Magsasabi ang mga Naninirahan sa Paraiso habang sila ay nagtatamasa ng mga biyaya dito. ***{"Al-Hamdulillah [ang lahat ng papuri ay sa Allah] na Siyang pumatnubay sa amin [patungo] rito, at kailanman kami ay hindi mapapatnubayan kung kami ay hindi pinatnubayan ng Allah.}*** **Surah Al 'Araf: 43**

Sinabi ng Propeta ng Allah na si Ibrahim: ***{"Kung hindi lamang ako napatnubayan ng aking Panginoon, katiyakang ako'y mapabibilang sa [hanay ng] mga taong nangaligaw."}*** **Surah An 'am: 77**

Maging ang Propeta Muhammad kasama ng kanyang mga sahabah ay laging nagsasabi: ***"O Allah, kung hindi dahil sa Inyo ay hindi sana kami nagabayan, at hindi sana kami nagkawangga at nagdasal."***

Kapag ikaw ay napili ng Allah upang patnubayan tungo sa Kanyang Relihiyon, katotohanang ikaw ay maglalakad sa isang landas na magdadala sa iyo sa isang paraiso na kasing lawak ng langit at lupa, at ikaw ay magkakaroon ng pagtatagpo doon sa mga propeta, sa mga matatapat, at sa matuwid na mga lingkod ng Allah.

At dahil sa kahalagahan ng Gabay ay tinuruan tayo ng Allah na hilingin ito sa Kanya ng palagian. ***{Patnubayan Mo po kami sa matuwid na Landas}*** **Al Fatiha: 6**

Inuulit-ulit ito ng isang muslim sa kanyang pagsagawa ng Salah ng (17) beses sa pinakamaliit na bilang.

Alam ba ng isang Muslim kung gaano siya kapalad kapag siya ay ginagabayan sa landas ng Allah at bumaling sa Kanya?

Naaalala niya ba ang Kadakilaan ng pabor ng Diyos sa kanya noong pinili niyang siya ay maging Muslim? Nagpapasalamat siya sa Diyos para doon, at humihiling sa Kanya ng higit pa sa Kanyang biyaya at katatagan sa Kanyang relihiyon.

Ilan ba sa mundong ito ang mga taong namumuhay sa kalituhan, o lumalakad nang walang patnubay, na hindi nakaranas ng kasiyahan sa pananampalataya.

Walang katiyakan sa patnubay, sapagkat sila ay nasa isang kalituhan, o isang pagkawala ng malay sa pagnanasa.

**“Al-Hamdulillah [ang lahat ng papuri ay sa Allah] na Siyang pumatnubay sa amin [patungo] rito, at kailanman kami ay hindi mapapatnubayan kung kami ay hindi pinatnubayan ng Allah.”**

## Ang Pagiging Matatag sa Pananampalataya

**Napansin ni Aisha- Kalugdan nawa siya ng Allah- na ang Sugo ng Allah ay palagiang nagsasabi ng: "O Tagapagbaliktad ng mga puso, patatagin Niyo ang aking puso sa Inyong pananampalataya." Siya ay namangha nito, kaya siya ay nagtanong: "O Sugo ng Allah, tunay na ikaw ay palagiang nagsasabi ng "O Tagapagbaliktad ng mga puso, patatagin Niyo ang aking puso sa Inyong pananampalataya." Ang Propeta ay sumagot sa kanya: "Ano ang magpapakampante sa akin O Aisha samantalang ang mga puso ng mga alipin ay nasa pagitan lamang ng dalawang daliri ng Mahabagin, kung nais Niyang baliktarin ang puso ng isang alipin ay babaliktarin Niya ito." Ahmad at Tirmidhiy.**

Tunay na ang Propeta ay bumababa sa kanya ang gabay mula sa Allah at humihiling parin sa Allah ng katatagan at pinaparami pa ito upang turuan ang kanyang nasyon na ang bawat mananamapalatayang humihiling sa Allah ng gabay ay dapat ihiling niya na patatagin siya

ng Allah dito. Sapagkat ang Puso ay laging nagbabago, at mahina sa mga empluwensya. Kung sinuman ang hindi pinangangalagaan ng Allah ang kanyang katatagan, siya ay madaling bumaligtad o bumalik.

**Napansin din ng mga Sahabah na kapag ang Propeta ay gustong manumpa, kanyang sasabihin: "Hindi, sumpa man sa Tagapagbaliktad ng mga puso".**

Hanggang ang karamihan sa kanyang mga panunumpa ay sa pamamagitan nito bilang pagkakaroon ng kamalayan nito at pangangalaga nito.

Kung paanong ang isang tao ay humihiling sa Allah na ingatan ang kanyang kalusugan, yaman, at seguridad, hinihiling din niya sa Kanya ang pinakamahalaga at ito ay ang pangangalaga sa Kanyang relihiyon at Kanyang gabay.

Ang tao sa buhay na ito ay mahina sa maraming impluwensya, kabilang ang mga pagnanasa, tukso, pag-aalinlangan, pakikipag-kumpitensya sa mga opinyon at ideya na ipinapakita sa lahat ng uri ng mapanlinlang na pamemeke.

Samakatuwid, ang mananampalataya ay iginigiit sa kanyang Panginoon na liwanagan ang kanyang pananaw at pangalagaan ang kanyang relihiyon, at patatagin ang kanyang puso sa relihiyon at patnubay, upang hindi siya madulas sa tukso at hindi malinlang ng hinala.

**Binanggit ng Allah ang pagsusumamo ng mga taong matatag na nakaugat sa kaalaman, kanilang sinabi: *{Sila yaong nagsasabing]: "Aming Panginoon, huwag Mo pong tulutang ang aming mga puso ay lumihis [sa katotohanan] pagkaraan na kami***

***ay Iyong patnubayan, at igawad Mo po sa amin mula sa Iyong Sarili ang habag. Tunay na Ikaw ang Tagapaggawad [ng habag}.***
**Surah Ali ‘Imran: 8**

## Ang Islam ay Pangkalahatan

Ang Islam ay walang nasyonalismo ito ay hindi Islam ng isang lahi, bansa, o kulay ngunit ito ay Islam ng lahat ng mundo sa Diyos, at walang pagkakaiba sa pagitan ng mga lahi at nasyonalidad. Ang puno ng sangkatauhan ay may mga sanga na nagtatagpo sa iisang puno, na siyang ama ng sangkatauhan si Adan kung kaya dumating sa Quran ang panawagan sa lahat ng anak ni Adan. {O, angkan ni Adan} at sa buong sangkatauhan {O sangkatauhan}. Sinabi ng Diyos sa Kanyang Propeta na ang kanyang mensahe ay pangkalahatan at nakadirekta sa lahat ng tao, kaya sinabi niya: ***{At ikaw [O Muhammad] ay hindi Namin isinugo maliban para sa buong sangkatauhan bilang isang tagapaghatid ng magandang balita at tagapagbabala. Nguni't karamihan sa tao ay hindi nakaaalam [nito]}*** **Surah Saba: 28**

Ang punong ito ay sumasanga sa mga nasyonalidad at lahi para sa pagkakakilanlan. Hindi para sa pagkakaiba-iba at pagmamayabang, gaya ng sinabi ng Allah: ***{O sangkatauhan, kayo ay Aming***

***nilikha mula sa lalaki at babae, at kayo ay Aming ginawang mga pamayanan at mga tribu, upang kayo ay mangagkakilala. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa [paningin ng] Allah ay ang may [taglay na] takot [sa Kanya].}*** **Surah Al Hujurat: 13**

Isa sa mga kakaibang bagay sa panawagan ni Propeta Muhammad ﷺ sa Islam ay ang naniwala sa unang panawagan nito, ang isang grupo ng mga naunang nagbalik-loob sa Islam ay mula sa magkaibang nasyonalidad. Kaya ang mga naging unang kasamahan ni Propeta Muhammad ﷺ ay sila Khadijah, Abu Bakar at Ali na mula sa lahi ng mga arabo. Si Bilal at Ummo Ayman na mula sa lahi ng Africano. Si Salman at Salem mula sa lahi ng Persyano. Si Suhaib na isang Romano at si Abdullah bin Salam na isang Israelita at iba pa [Kalugdan nawa silang lahat ng Alah].

Tunay na inalis ng Islam ang lahat ng uri ng pagkamuhi sa mga lahi. Kaya ipinahayag ng Propeta sa kanyang sermon sa huling pagsagawa ng Hajj ang pagtanggal ng pagkakaiba sa mga lahi, kanyang sinabi: ***“O sangkatauhan, katotohanan na ang inyong panginoon ay iisa, kaya walang kahigitan sa isang arabo sa hindi arabo ni sa hindi arabo sa arabo. Gayundin sa puti sa itim ni sa itim sa puti, maliban sa Taqwah (pagkatakot sa Allah). Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo para sa Allah ay kung sino ang may higit na takot sa Kanya.” Iniulat ni Ahmad.***

Ang iba’t ibang bansa ay pumasok sa Islam nang hindi nawawala o tinalikuran ang kanilang pambansang kaakibat, bagkus ang malawak na tarangkahan ng Islam ay sinaklaw silang lahat at ang kanilang mga nagawa.

Ang sambayanang Islam ay nanatiling isang lungsod sa mga iskolar ng Islam na mula sa mga nasyonalidad na magkakaiba, tulad ng mga Arabo, Persyano, Turko, Barbaro, Romano, Negro at iba pa.

Samakatuwid, hindi obligado para sa sinuman, kung siya ay nagbalik-loob sa Islam, na talikuran ang kanyang nasyonalidad: sa kanyang pananamit o wika, o ang kanyang pangalan o ang kanyang bansa, sinaklaw ng Islam ang sangkatauhan kasama ang lahat ng mga pambansang sekta, lahi at kasarian nito.

Ang pagkakakilanlan ng relihiyong ito ay ang pagbaling sa Allah at hindi pagbaling sa isang lahi o nasyonalidad. Ang lahat ng nilalang ay Kanyang nilikha at Siya ang kanilang Panginoong lahat. Kung kaya ginawa ng Allah ang pagkatakot sa Kanya na basehan sa pagiging mainam ng sangkatauhan, Kanyang sinabi: ***{Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa [paningin ng] Allah ay ang may [taglay na] takot [sa Kanya].}*** **Surah Al Hujurat: 13**

Pinag-isa Niya sila, anuman ang kanilang pagkakaiba-iba, sa isang hanay sa (Salah) Pagdarasal, at sa isang damit at hitsura sa panahon ng Hajj, at nagbabala siya laban sa pamimintas ng sinuman sa pamamagitan ng kanyang kulay o nasyonalidad. Sinabi ng Propeta sa taong namintas ng kapwa sa kulay ng kanyang ina. ***"Tunay na ikaw ay isang taong may taglay ng kamangmangan".*** **-Bukhariy at Muslim**

## Ang iyong pagiging Muslim at ang iyong mga Ugnayan

Maaari kang magbalik-loob sa Islam at manatili ang iyong mga magulang sa ibang relihiyon, at hindi ito nangangahulugan ng iyong paghihiwalay sa iyong pamilya sa lipunan, kahit na humiwalay ka sa kanila sa relihiyon, kung kaya kinakailangan sa iyong pagbabalik-loob sa Islam, ang iyong pag-aaruga at kabutihan sa iyong mga magulang ay madodoble, kahit na sila ay sumusunod sa kanilang relihiyon, at napopoot sa iyong relihiyong pinasukan.

Sinabi ng Allah: {***At Aming itinagubilin sa tao [na maging mabait] sa kanyang mga magulang. Ang kanyang ina ay nagpasan sa kanya - [at nakaragdag sa kanya] sa kahinaan at higit pang kahinaan, at ang pagpapasuso sa kanya ay [sa loob ng] dalawang taon – [magkagayon, ikaw ay matutong] magpasalamat sa Akin at sa iyong mga magulang. At sa Akin ang huling patutunguhan. 15. Nguni't kung sila ay nagpupunyagi upang ikaw ay makagawa ng pagtatambal sa Akin nang wala kang kaalaman hinggil***

***dito, samakatwid, huwag mo silang sundin; nguni't sila ay iyong damayin [at iyong kalingain] sa mundong [ito] nang may kaukulang kabaitan,}*** **Luqman: 14-15**

Ang pagiging mabait sa mga magulang ay pagsunod sa Allah at isang malaking pagsamba sa Kanya, sila man ay Muslim o di-Muslim. Gayundin, nararapat ang makipag-ugnayan sa asawa, mga anak, at mga kamag-anak nang may pagmamahal, habag, at kabaitan.

Sapagkat sinabi ni Propeta Muhammad: **"Ang pinakamainam sa inyo ay siyang pinakamainam sa kanyang pamilya at ako ang pinakamainam sa inyo sa pakikitungo sa pamilya." Ibnu Majah at Tirmidhiy.**

Gayundin ang iyong ugnayan sa iyong mga kakaklase at mga kaibigan. Sapagkat ang ugnayang pantao ay napakalawak at ang mabuting pakikitungo ay saklaw ang buong sangkatauhan. Tunay na sinabi ng Propeta: **" Pakitunguhan mo ang mga tao ng may mabuting pag-uugali". Iniulat ni Ahmad**

Ang tao ay isang pangmalawakang salita na saklaw ang mga Muslim at di-muslim. Ang mabuting pag-uugali ay sagisag ng isang Muslim sa pakikitungo sa lahat ng tao. Sa kabutihan ng pakikitungong ito at pananatili nito ay paglalarawan ng iyong relihiyon sa mga tao at pag-aanyaya sa kanila.

Sa pagbabalik-loob sa Islam, ang ilang mga Muslim ay maaaring makatagpo ng komprontasyon mula sa kanilang pamilya o lipunan, at sila ay maaaring malantad sa panliligalig at sikolohikal na pang-aabuso. Bilang pagsubok ng Panginoon sa kanilang pasensya, katatagan, at paninindigan sa kanilang relihiyon.

Tulad ng wika ng Allah: ***{1. Alif,Lam,Mim. 2. Inaakala ba ng mga tao na sila ay pababayaan na lamang sapagka't sila ay nagsasabing: "Kami ay naniniwala," at sila ay hindi na susubukan? 3. At katiyakan, Aming sinubukan yaong mga nauna sa kanila. At katiyakang ipababatid ng Allah [sa pamamagitan ng pagsubok] yaong mga makatotohanan, at katiyakang Kanyang ipababatid ang mga sinungaling,}*** **Surah Al Ankabut: 1-3** at sinabi pa Niya: ***(Katiyakan kayo ay susubukan sa inyong mga yaman at sa inyong mga sarili. At katiyakan kayo ay makaririnig mula sa mga pinagkalooban ng Kasulatan [Hudyo at Kristiyano] na nauna sa inyo at sa mga mushrik ng maraming pang-aabuso [o masasakit na salita]. Subali't kung kayo ay magtitiyaga sa pagtitiis at natatakot [sa Allah], samakatwid, iyan ang magsisilbing batayan sa lahat ng mga gawain.)*** **Surah Ali 'Imran: 186**

At isinalaysay ng Allah ang sinabi ng mga Propeta noong sila ay pininsala ng kanilang nasyon ***{At katiyakan na kami ay magtitiis sa anumang pasakit [o dusa] na inyong idinudulot sa amin, at sa Allah nararapat ipagkaloob ang [buong] pagtitiwala ng mga nagtitiwala.}*** **Surah Ibrahim: 12**

At sinabi ng Allah sa Kanyang Propeta na si Muhammad **{127. At magtiis ka [O Muhammad], at ang iyong pagtitiis ay hindi nagmula [kaninuman] kundi sa Allah. At huwag mo silang ikalungkot, at huwag kang masiphayo laban sa anupamang kanilang mga pinagsasabwatan. 128. Katotohanan, ang Allah ay nasa [panig] niyaong mga natatakot sa Kanya at niyaong mga mapaggawa ng mga kabutihan.} Surah An-Nahal: 127-128**

## Ang iyong Pagkamuslim ay Isang Responsibilidad

Kapag alam ng mga tao na muslim ka ay babasahin nila lahat ng mga kilos mo sa paniniwalang ito ang Islam. Kaya't mag-ingat na huwag maging masamang modelo sa Islam na may masamang pag-uugali.

Pakiramdaman mo ang responsibilidad sa pagkakatawan sa Islam sa pamamagitan ng iyong pagsuko sa mga islamikong pag-uugali na kung saan ito ay isang pagsamba sa Allah.

- Ang pagiging makatotohanan sa pananalita ay isang uri ng Pagsamba.

- Ang pangangalaga sa pinagkatiwala ay isang uri ng Pagsamba.

- Ang katapatan sa gawa ay isang uri ng pagsamba.

- Ang mabuting asal sa pakikitungo sa mga tao ay isang uri ng pagsamba.

Dapat mapansin ng mga tao sa paligid mo na ang iyong relihiyon ay naglipat sa iyo sa mas mahusay na kalagayan.

## Ang Pagpapakilala sa Islam

Nang pinarangalan ka ng Allah ng patnubay sa Islam, pakiramdaman mo ang responsibilidad sa iyong relihiyon, at katotohanan na ikaw ay ipinadala tulad ng pagpapadala sa iyong Propeta na si Muhammad ﷺ. Kung paanong ang ating Mensahero ﷺ ay naghatid ng relihiyon sa atin, ang bawat henerasyon ng mga Muslim ay may responsibilidad na ihatid ang relihiyong ito, ipalaganap ito sa mundo, at ipaabot ito sa mga susunod na henerasyon. Kung hindi sa pagsunod ng landas na ito ang landas ng pagpapalaganap ng Islam, ay hindi sana nakarating sa iyo at sa akin ang relihiyong ito. Katotohanan na ipinaalam ng Propeta ﷺ sa kanyang mga kasamahan na sila ay ipapadala kung ano ang mensahing dala ng Propeta ﷺ sa malawak na daigdig na ito tungo sa lahat ng tao at sa magkakasunod na henerasyon.

Sinabi niya sa kanyang mga kasamahan**: *"Tunay na kayo ay ipinadala na magpapagaan sa mga tao at hindi kayo ipinadala na magpapahirap sa mga tao"***. Dito ay nilinaw ng Propeta na sila

ay ipinadala, sapagkat sila ang magpapalaganap sa sangkatauhan ng gabay at liwanag kung paano ito ipinalaganap ng Sugo ng Allah ﷺ, at gagawin nila ang kanyang misyon na pagpapalaganap ng Islam.

Ang isa sa pinakadakilang paggawa ng kabutihan sa kapwa tao ay ang paggabay sa kanila sa tuwid na landas na kung saan ito ang Islam. Na kung saan ito ang misyon ng mga sugo at ng kanilang mga tagasunod. Tunay na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: ***"Sumpa man sa Allah, kung ang isang tao ay magabayan sa iyong pamamagitan ay mainam pa ito kaysa pulang kamelyo".*** Ibig sabihin ang pinakamainam at pinakamagandang kamelyo na kung saan ito ang pinakamahal na kayamanan sa kanilang panahon. At ito ay isang paglalarawan sa kadakilaan ng gantimpala para sa bagay na ito.

At maaaring ang isang tao ay nagkaroon ng estado ng kalituhan at intelektwal na pagdurusa bago ang kanyang pagbabalik-loob sa Islam. At ang kanyang pagbabalik-loob sa Islam ay may kagila-gilalas na kuwento at ang pagsalaysay nito ay magiging dahilan para sa pagpapa-anyaya at gabay at pagkukumpara ng kalagayan bago pa ang gabay sa kalagayang pagkatapos nito.

Katulad ng sinabi ni Ja'far bin Abi talib kay Najashiy na siyang hari ng Etopia na kanyang inilalarawan ang kanilang kalagayan bago ang pagyakap sa Islam at kalagayan pagkatapos nito:

O hari, noon kami ay mga tao sa kamangmangan, sumasamba kami sa mga diyos-diyosan, kumakain ng mga patay na hayop, gumagawa ng imoral na gawain, at pinuputol ang ugnayan sa pamilya. Pinapakitunguhan namin ng masama ang kapitbahay, at ang malalakas sa amin ay kinakain ang mahihina, at kami ay nanatili sa ganoon hanggang sa ang Allah ay nagpadala sa amin ng isang sugo mula sa aming lipon, na kung saan ay alam namin ang kanyang lahi, ang

kanyang pagiging totoo, ang kanyang pagiging mapagkakatiwalaan, at ang kanyang kalinisang-puri kaya inanyayahan niya kami tungo sa pagsamba lamang sa Allah nang nag-iisa. At tinigilan namin ang sinasamba namin at aming mga ninuno na mga bato at mga diyus-diyosan, at inutusan kaming magsalita ng katotohanan, alagaan ang mga pinagkatiwala, panatilihin ang ugnayan ng pamilya, at maging mabuti sa mga kapitbahay at iwasan ang mga ipinagbabawal na bagay, pagdanak ng dugo, imoral na gawain, maling pananalita, pagkamkam sa pera ng mga ulila, at paninirang-puri. Inutusan niya kami na sumamba lamang sa Allah nang nag-iisa at huwag magtambal ng pagsamba sa Kanya. Ganun din ang pagsagawa ng pagdarasal, pagbigay ng kawang-gawa at pag-aayuno". Binanggit ni Ja'far ang mga bagay na inutos ng Islam hanggang sa kanyang sinabi: ***"Kami ay naniwala sa kanya at sumunod sa kung ano ang ipinadala sa kanya. Kaya sinamba namin ang Allah nang nag-iisa na walang katambal at iniwasan namin kung ano ang mga ipinagbawal sa amin, at ipinahintulot namin kung ano ang mga bagay na ipinahintulot sa amin".***

Ang paghahambing ng kanilang kalagayan bago ang Islam sa kanilang kalagayan pagkatapos nito ay nagpapakita ng epekto ng Islam sa pag-alis ng kalituhan, matuwid na pag-uugali, kalinawan ng pananaw, at katatagan ng buhay.

Dapat gampanan ng bawat isa sa atin ang papel na ito, na ipakilala ang relihiyon ng Islam at ipaliwanag ang kanyang mga katotohanan sa mga tao sa kanyang paligid, ang una ay ang kanyang pamilya, mga kaibigan, at malapit na komunidad, pagkatapos ang kanyang malawak na komunidad ayon sa kanyang kakayahan at potensyal. Sinabi ng Allah ﷻ: "***At sino ba ang higit na mas mabuti sa pananalita kaysa sa isang nag-aanyaya [tungo] sa [landas ng]***

***Allah, at gumagawa ng mga gawaing matwid, at nagsasabing: "katotohanan ako ay kabilang sa mga Muslim."*** **Surah Fussilat: 33**

Sinabi pa ng Allah: ***"Sabihin mo [sa kanila o Muhammad]: "Ito ang aking landas; ako ay nag-aanyaya tungo sa Allah nang may [tamang] kaalaman [o pang-unawa], ako at yaong mga sumunod sa akin. At luwalhati sa Allah; at ako ay hindi nabibilang sa mga nagtatambal [sa kanya]."***

**Surah Yusuf: 108**

## Ang Lalaki at ang Babae

O kapatid kong lalaki at kapatid kong babae, Tunay na napakadakila ang sanhi ng Allah sa Kanyang pagkalikha sa dalawang kasarian, ang lalaki at babae; ***{At katotohanan, Siya ang lumikha sa dalawang kasarian – ang lalaki at babae.}***

**Surah An-Najam: 45.**

At ginawa ng Allah ang ugnayan sa pagitan ng lalaki at babae na isang ugnayan na sa pamamagitan nito ay nagiging ganap ang pagpundar ng daigdig, at nagiging sunod-sunod ang henerasyon ng sangkatauhan.

Sinabi ng Allah***: {"O sangkatauhan, matakot kayo sa inyong Panginoon na Siyang lumikha sa inyo mula sa iisang kaluluwa [si Adan], at mula sa kanya ay nilikha ang kanyang asawa [si Eba], at mula sa kanilang dalawa ay naglitawan [o nangagkalat] ang maraming mga kalalakihan at kababaihan. At matakot kayo sa Allah na Siyang hinihingan ninyo sa pamamagitan Niya [ng inyong mga karapatan], at [magbigay kayo ng pitagan at***

***paggalang sa ugnayang kamag-anakan] ng mga sinapupunan. Katotohanan, ang Allah ay Lagi nang Nagmamasid sa inyo”.}***

**Surah An-Nisaa’ 4:1**

At Kanyang nilinaw na ang ugnayan sa pagitan ng lalaki at babae ay nakatayo sa pagmamahal at awa. ***{At kabilang sa Kanyang mga ayaat [palatandaan], na Kanyang nilikha para sa inyo ang mga asawang nagmula [rin] sa inyong mga sarili, upang inyong matagpuan sa kanila ang kapanatagan [ng loob] at Kanyang inilagay sa inyong pagitan ang pagmamahal at habag. Katotohanan, naririto ang mga ayaat [palatandaan] para sa mga taong nag-iisip.}***

**Surah Ar-Rum: 21**

At nilinaw ng ating Panginoon sa Kanyang Aklat na ang gantimpala ay magkatulad ang lalaki at babae sa pagkamit ***{“At ang kanilang Panginoon ay tumugon sa kanila. [At nagsabing]: “Kailanman ay hindi Ko hahayaang mawalan ng kabuluhan ang [mababuting] gawa ng sinuman sa inyo - lalaki man o babae. Kayo ay para isa’t isa.”}***

**Surah Ali ‘Imran: 195**

At ang mga mababuting gawa ay kinakailangan sa mga lalaki at babae at umiiral sa kanila. Sinabi ng Allah: ***{Katotohanan, ang mga lalaking tumatalima at ang mga babaing tumatalima, ang mga lalaking naniniwala at ang mga babaing naniniwala, ang mga lalaking masunurin at ang mga babaing masunurin, ang mga lalaking matapat at ang mga babaing matapat, ang mga lalaking matiisin at ang mga babaing matiisin, ang mga lalaking mapagkumbaba at ang mga babaing mapagkumbaba,***

***ang mga lalaking mapagkawanggawa at ang mga babaing mapagkawanggawa, ang mga lalaking mapag-ayuno at ang mga babaing mapag-ayuno, ang mga lalaking mapangalaga ng kanilang dangal at ang mga babaing mapangalaga ng kanilang dangal at ang mga lalaking nagbibigay alaala sa Allah at ang mga babaing nagbibigay alaala sa Allah tuwina - ang Allah ay naghanda para sa kanila ng kapatawaran at isang dakilang gantimpala.}***

**Surah Al-Ahzab: 35**

Pinuri ng Allah ang dalawang mararangal na babae at binanggit sila upang maging isang halimbawa at huwaran para sa lahat ng mga mananampalatayang lalaki at babae, sinabi ng Allah: ***{11. At ang Allah ay naglahad ng isang [mabuting] halimbawa para sa mga naniwala: [tulad ng] asawa ni Paraon nang siya ay nagsabi: "Aking Panginoon, ipagtayo Mo po ako ng isang tahanan sa hardin na malapit sa Iyo at iligtas Mo po ako kay Paraon at sa kanyang [mga masasamang] gawain at iligtas Mo po ako sa mga taong mapaggawa ng mga kamalian." 12. At [ang halimbawa ni] Maria, anak na babae ni Imran, na pinangalagaan ang kanyang dangal; at siya ay Aming hiningahan dito [sa kanyang damit] mula sa Aming ruh [sa pamamagitan ng Anghel Gabriel] at siya ay naniwala sa mga salita ng kanyang Panginoon at sa Kanyang mga Kasulatan, at [siya ay] isa sa mga tapat na masunurin [sa Amin].}***

**Surah At-Tahreem: 11-12**

At sa loob ng Qur'an ay may isang napakahabang kabanata, ang Surah An-nisa at Kabanata na pinangalanang Surah Maryam sumakanya nawa ang kapayaan.

## Ang Relihiyong Islam ay Magaan

Maaaring ang ilan sa mga bagong Muslim ay magkaroon ng matinding pananabik sa pagsamba at pagnanais na makabawi sa mga gawain ng pagsunod na hindi nila nakuha. Kaya sisikapin niyang sunugin ang mga yugto at paikliin ang mga ito na humahantong sa pagmamalabis at pagpapagod ng sarili hanggang sa puntong hindi na nito kayang magpatuloy.

At sa oras na iyon, nararapat nating malaman na ang Relihiyong ito ay magaan. At ang Allah ay Mahinahon, minamahal Niya ang pagiging mahinahon sa lahat ng bagay. Katunayang ipinagbawal sa atin ng ating Propeta ﷺ ang pasanin ang mga pagsambang hindi natin makakayanan, kanyang sinabi: **“Gumawa lamang kayo ng mga gawaing inyong nakakayanan, sapagkat katotohanan ang Allah ay hindi magsasawa hanggang kayo mismo ang magsasawa. [Bukhariy at Muslim].** At nang tinanong ang Sugo ng Allah ﷺ kung ano ang pinakamamahal ng Allah na gawain, kanyang sinabi: **“Ang pinakamamahal na Gawain para sa Allah**

**ay ang nagpapatuloy kahit pa ito'y maliit lamang". [Bukhariy at Muslim]**

At dapat nating malaman na ang Allah ay nag-alis mula sa atin ng paghihirap, kung kaya walang paghihirap sa relihiyong ito. Bagkus dumating ang relihiyong ito upang tanggalin ang paghihirap sa sangkatauhan. Sinabi ng Allah: ***{…at wala Siyang ginawang anumang kahirapan sa inyo sa relihiyon.}***

**Surah Al-Hajj: 78**

At gusto ng Allah sa atin ang magaan, katulad ng sinabi ng Allah: ***{Hangad ng Allah na ito ay gawing magaan para sa inyo at hindi Niya hangaring ito ay gawing mahirap para sa inyo.}***

**Surah Al-Baqarah: 185**

At katunayan tinuturuan tayo ng Sugo ng Allah ﷺ na maging balanse sa pagtupad ng mga karapatan, kanyang sinabi: **"Katotohanan ang iyong sarili ay mayroong Karapatan sa iyo, ang iyong Panginoon ay mayroong karapatan sa iyo, ang iyong kapitbahay ay mayroong Karapatan sa iyo, ang iyong pamilya ay mayroong Karapatan sa iyo, kung kaya ibigay mo ang Karapatan ng bawat isa". [Tirmidhiy]**

Nang dahil dito, napakahalaga ang mapanatili ang pagiging balanse at lakas sa pagpapatuloy sa pagsagawa ng pagsamba at ang malaman ang pagiging magaan at madali ng relihiyong ito.

## Ang Pangangalaga sa Iyong mga Tagumpay

Kabilang sa pagiging balanse ng iyong buhay bilang isang muslim ay ang pangalagaan mo ang iyong tagumpay sa iyong mga makamundong gawain; kung ito ay ipinapahintulot, at mas maging determinado sa pagiging mahusay. Dahil iyon ay gagawin kang maging matagumpay na tao sa iyong lipunan, at kaakit-akit sa iba. Katotohanan, ang mananampalatayang malakas ay mas mainam at kamahal-mahal ng Allah kaysa sa mananampalatayang mahina. At para hindi isipin ng iba na ang pagpasok mo sa Islam ay ginawa kang taong bigo sa iyong buhay, sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **"Ang mananampalatayang malakas ay mas mainam at mas kamahal-mahal ng Allah kaysa mananampalatayang mahina, gayon man ang bawat isa sa kanila ay may kabutihan. Pagsumikapan mo ang anumang ikakabuti sa iyo at humihingi ka ng tulong mula sa Allah dito at huwag kang manghina." [Muslim]**

Kabilang dito ang pagpapatuloy mo sa iyong trabaho, pag-aaral, pagiging mahusay sa mga ito, at pagkamit ng mga kasanayan, kung saan ang lahat ng ito ay lakas at tagumpay.

Gayundin, ang pagiging isang Muslim ay hindi nangangahulugan ng pag-abandona sa iyong mga libangan kung saan nakakahanap ka ng kasiyahan o ang iyong mga aktibidad kung saan makakatagpo ka ng kaligayahan kung wala itong anumang ipinagbabawal, dahil ang relihiyon ay isang pakikipag-ugnayan sa buhay at hindi isang pagputol nito.

Samakatuwid, ang mga kasamahan ng Propeta ﷺ ay may mga aktibidad, libangan at kasiyahan kasama ang Propeta ﷺ , Kabilang dito ay ang pagbabahagi ng Sugo ng Allah ﷺ ng pagdiriwang ng Eid sa kanyang asawang si Aisha, sa kanyang tahanan, at pagpaparanas ng kanyang kagalakan kasama niya, nang marinig niya ang isang kaguluhan at mga pag-awit ng mga Abyssinian na pumasok sa loob ng masjid, dala ang kanilang mga sibat at mga kalasag - na gawa sa balat ng hayop - at sila ay sumasayaw sa masjid sa kanilang sariling paraan at kumakanta sa kanilang sariling wika. Ang tanawin nilang ito ay labis na nakakatuwa at nakakagalak, kaya't tinawag ng Propeta ﷺ ang kanyang asawa na si Aisha (kalugdan nawa siya ng Allah)**, "O Humairah! Nais mo bang manood sa kanila?"** Siya ay sumagot: **"Oo, Gusto kong mapanood sila."** Kaya't ang Sugo ng Allah ﷺ ay tumayo para sa kanya sa pintuan ng kanyang silid, at siya (Aisha) ay pumunta sa likuran niya, at inilagay ang kanyang baba sa kanyang balikat, at idiniin ang kanyang pisngi sa pisngi ng Propeta ﷺ, at hinagis ng Propeta ﷺ ang kanyang balabal sa ibabaw niya upang matakpan ang kanyang asawa nito, habang silang dalawa ay nanonood sa paglalaro ng mga abyssinian. At hinihikayat sila ng Propeta ﷺ na mas maging masigasig sa kanilang pagganap nito sa kanyang pagsasabi ng: (ito ang katawagan ng mga Abyssinian). Ang kanilang sigasig ay tumaas sa emosyonal na pakikilahok mula sa Propeta ﷺ, habang sila ay sumasayaw sa kanyang harapan, at

tanging ang kanilang wika lamang ang tumulong sa kanila na ipahayag ang kanilang sarili. Kayat nagsalita sila ng kanilang wika na hindi niya naiintindihan, nagtanong ang Propeta ﷺ: **“Ano ang kanilang sinasabi?”** sinagot siya: **“Sinasabi nila, Si Muhammad ay mabuting tao”**, sinabi ni Aisha (kalugdan nawa siya ng Allah): **“Wala akong naintindihan sa kanilang winiwika maliban lang sa, “Si Abul Qasem (Palayaw ng Propeta) ay Dalisay! Si Abul Qasem ay Dalisay!”**

Habang ganoon sila, pumasok si Omar sa Masjid at nakita niya ang isang eksenang hindi pa niya nakita. Kaya’t inabot niya ang kanyang kamay patungo sa mga maliliit na bato ng Masjid at ibinato ang mga ito sa kanila bilang pagtuligsa sa kanilang ginagawa sa loob ng Masjid ng Sugo ng Allah ﷺ. Sinabihan siya ng Propeta ﷺ: **“Iwanan mo sila, O Omar; sapagkat sila ay mga angkan ni Arfidah”** (ibig sabihin, ito ang kanilang pamamaraan) at pagkatapos ay humarap sa kanila ang Sugo ng Allah ﷺ at nagsabi: **“Maglaro kayo ng mapayapa, O mga angkan ni Arfidah”.** Ibig sabihin, gusto ng Propeta na alisin ang kanilang takot sa ginawa ni Omar. Pagkatapos ay mas hinikayat pa ng Propeta sila sa kanyang pagsabi: **“Maglaro kayo, O angkan ni Arfidah, upang malaman ng mga Hudyo at mga Kristiyano na ang ating relihiyon ay may kasiyahan, katotohanan, ako ay ipinadala na dala ang magaan na pananampalataya.” [Bukhariy at Musnad Ahmad].**

## Ang Mabuting Pag-uugali

Dumating si Jarir Al-Bajaliy kay Propeta Muhammad ﷺ sa ika-pitong taon ng Hijrah, ibig sabihin pagkatapos ng dalawampung-taon ng pagkapropeta ni Propeta Muhammad ﷺ. At napahanga siya sa ganda ng pag-uugali ng Propeta ﷺ. Kung kaya lagi niya itong kinukwento at nagsasabi**: “Hindi ako kailanman pinagkaitan ng Propeta ﷺ simula ng ako ay nagmuslim, at hindi ko siya nasalubong kailanman maliban na lamang na siya ay nakangiti sa aking harapan.” [Bukhariy at Muslim]**

Tingnan kung paano naramdaman ni Jarir ang ningning ng ngiti sa kanya ng Propeta ﷺ. Para bang ito ay isang bagay na natatangi lang sa kanya, at isang ngiti na inilaan lang para sa kanya. Ito ay dahil nakikita niya ang ningning, kagalakan, at sigla sa ngiti ng Propeta sa kanya. Bagama’t ito ay isang pangkalahatang katangian na pinapakita ng Propeta sa lahat. Hanggang sa sinabi ni Abdullah bin Al-harith bin Jaz’ (kalugdan nawa siya ng Allah): **“Wala pa**

**akong nakitang kahit sinong ngumiti ng higit sa Sugo ng Allah ﷺ". [Ahmad at Tirmidhiy].**

Ngunit ang kasiglahan ng kanyang ngiti ay nagpaparamdam sa lahat ng pagkatangi at halaga na para bang ang ngiting ito ay iniuukol lamang sa kanya.

Kung ito ang pakikitungo niya sa isang Muslim na sumama lang sa huli, paano kaya ang pakikitungo niya sa mga dati niyang kasama at kung gaano siya kasigla sa kanila?!

Ito ay isa sa mga aspeto ng kadakilaan ng pag-uugali ng Propeta ﷺ na ipinarangal ng Allah sa kanya, sinabi ng Allah: ***{At katotohanan, ikaw ay nagtataglay ng dakilang pag-uugali [o huwaran sa kagandahang asal].}***

**Surah Al-Qalam: 4**

Kung gaano kadakila ang pag-uugali ng Propeta ﷺ ganun din ang kanyang panghihikayat nito at paglilinaw na ito ang pinakamarangal na katangian ng isang muslim, kanyang sinabi ﷺ: **"Katotohanan, na ang pinakamamahal ko sa inyo at ang may pinakamalapit sa inyo sa akin sa araw ng paghuhukom ay ang may pinakamagandang pag-uugali sa inyo." [Bukhariy]**

At kanya pang sinabi: **"Walang mas mabigat sa timbangan ng isang mananampalataya sa Araw ng Muling Pagkabuhay kaysa sa mabuting ugali." [Tirmidhiy].**

Ang pagkakaiba sa pagitan ng ugali ng pakikitungo sa isang Muslim at sa iba ay kapag ang isang Muslim ay naglalapat ng mabuting asal sa lahat ng kanyang pakikitungo, hindi niya ito ginagawa bilang isang sining ng pakikipag-ugnayan sa publiko, kundi ginagawa niya ito bilang isang pagsamba niya sa Allah. At hindi naghihintay ng

kahit anong gantimpala sa kanyang pinakikitunguhan ng kabutihan, subalit hinahangad lamang niya ang gantimpala mula sa Allah, sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **“Karamihan sa magpapasok ng mga tao sa Paraiso ay ang pagkatakot sa Allah at mabuting pag-uugali.” [Ahmad,Tirmidhiy at Al-adab Al-mufrad].**

Ang mabuting ugali sa pakikitungo ay pagsamba muna sa Allah, kung kaya sinabi ng Propeta ﷺ: **“Ang iyong pag-ngiti sa harapan ng iyong kapatid ay isang kawanggawa, at ang pagtulong sa tao upang mai-akyat ang kanyang karga sa hayop ay isang kawanggawa at ang mabuting salita ay isa ring kawanggawa.” [Tirmidhiy]**

At ang Qur’an naghihikayat ng pagtatago ng kabaitan sa mga tao upang mapangalagaan ang kanilang mga damdamin, sinabi ng Allah: ***{Kung inyong ilantad ang inyong kawanggawa, ito ay mabuti, subali’t kung ito ay inyong ilihim at ipamigay sa mga mahihirap, ito ay higit na mabuti para sa inyo. At Kanyang papawiin mula sa inyo ang inyong mga masasamang gawa. At ang Allah ay Nakababatid ng anumang inyong mga ginagawa.}***

**Surah Al-Baqarah: 271**

Gayundin, ang mga taong pinaka-karapat-dapat sa mabuting pag-uugali at mabuting pakikitungo ay ang mga kamag-anak ng isang tao at ang mga nakapaligid sa kanya, tulad ng kanyang mga kapitbahay at mga kasamahan sa trabaho, at sa kadahilanang ito ang utos ay dumating upang parangalan ang mga magulang at maging mabuti sa kanila, sinabi ng Allah***: {At ang iyong Panginoon ay nagtakda na wala kang sasambahin maliban sa Kanya, at maging mabuti [sa pakikitungo] sa mga magulang. Maging ang isa sa kanila o silang dalawa ay kapwa umabot na sa katandaang gulang. [Habang sila***

***ay] nasa iyong piling, huwag kang mangusap sa kanila ng [salitang kawalang-galang tulad ng] "Uff", at huwag mo silang hiyawan [o sigawan] bagkus mangusap sa kanila ng salitang kapita- pitagan.}***

**Surah Al-Israa: 23**

At sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **"Ang pinakamainam sa inyo ay siya yaong pinakamainam makitungo sa kanyang asawa at ako ang may pinakamainam sa inyo sa pakikitungo sa asawa". [ Ibnu Majah at Tirmidhiy].**

At kanya pang sinabi: **"Gaano man (kalaki o kaliit) ang iyong ginastos, ito ay kawanggawa, maging ang subo na itinaas mo sa bibig ng iyong asawa. [Bukhariy at Tirmidhiy].**

Sinabi rin niya ang tungkol sa babaeng nagpakain sa kanyang dalawang anak na babae ng iilan sa mga bunga ng datiles na mayroon siya, at mas pinili niya ang kanyang mga anak na pakainin kaysa sa kanyang sarili: **"Tunay na ang Allah ay inilaan na para sa kanya ang Paraiso dahil sa awa na iginawad niya sa kanyang dalawang anak". [Muslim]**

At dumating ang utos mula sa Allah na maging Mabuti sa mga kapitbahay. Sinabi ng Allah: ***{At gumawa ng mabuti sa inyong mga magulang, at sa mga kamag-anakan, sa mga ulila, sa mga mahihirap, sa mga malalapit na kapitbahay, sa mga malalayong kapitbahay, sa inyong mga kasamahan…}***

**Surah An-Nisaa: 36**

At sinabi ng Propeta ﷺ: **"Sinuman ang naniniwala sa Allah at sa huling araw ay maging Mabuti sa kanyang kapitbahay". [Muslim]**

Kung kaya itong mabuting pag-uugali ay ginagawa ng isang muslim sa lahat ng kanyang pinakikitunguhan, maging mga muslim man o hindi, sinabi ng Allah***: {Hindi ipinagbabawal sa inyo ng Allah ang pakikitungo nang matwid at makatarungan sa mga hindi nakikipaglaban [o hindi umuusig at tumutuligsa] sa inyo nang dahil sa inyong relihiyon at maging yaong mga hindi nagtataboy sa inyo mula sa inyong mga pamamahay. Katotohanan, minamahal ng Allah ang mga makatarungan.}***

**Surah Al-Mumtahinah: 8**

Kaya ang bawat isa na huminto sa kanyang pamiminsala ay karapat-dapat sa pakikitungong kabutihan, kabaitan at kawanggawa.

## Sino ang Kumakatawan sa Islam?

Tiyak na makakakita ka sa kalipunan ng mga muslim na maraming mga sekta, ang bawat isa sa kanila ay nag-aangkin na siya ang naglalahad ng tunay na Islam. Subalit, ang pamantayan para malaman ang katotohanan tungkol sa Islam ay dalawang mahahalagang bagay:

1- Ang Paniniwala sa pagiging isa ng Allah sa pagsamba; sapagkat ang pagbaling ng kahit anong pagsamba sa iba bukod sa Allah ay isang paglihis ng pagsamba sa Allah, maging ito man ay mga Awliyah (mga mababuting tao) o mga Propeta, o mga kamag-anak ng Propeta Muhamad, o ang Propeta Muhammad mismo, dahil siya mismo ay nagsabi: **“Huwag Ninyo akong purihin, katulad ng pagpuri ng mga Kristiyano kay Hesus na anak ni Maria. Sapagkat ako’y isang alipin lamang, kaya inyong sabihin na ako’y isang alipin ng Allah at Kanyang sugo.” [Bukhariy]**

Kaya ang lahat ng nakikita mo sa madaming bansa ng mga muslim na mga libingan na binibisita ng mga tao at gumagawa sila dito ng panalangin o kahit anong uri ng pagsamba ay isang gawaing

hindi tinuturo ng Islam. Bagkus ito pa ay ipinagbawal ng lahat ng mga Propeta, dahil ang lahat ng mga Propeta ay dumating upang gabayan ang sangkatauhan sa pagsamba lamang sa Allah na walang katambal. Kung kaya hindi nararapat manalangin sa iba bukod sa Allah ni ang pagsamba bukod pa sa Kanya. Sinabi ng Allah: ***{At ang inyong Panginoon ay nagsabi: "Manalangin kayo sa akin at kayo ay Aking diringgin. Katotohanan, yaong mga nagmamalaki sa pagsamba sa Akin, [katiyakan na] sila ay magsisipasok sa Impiyerno nang kadusta-dusta!"}.***

**Surah Ghafir: 60**

2- Ang lahat ng mga gawaing pagsamba ay nakabase sa kung ano ang itinakda ng Allah para sa atin sa pamamagitan ng patnubay ng Kanyang sugo na si Muhammad ﷺ. Kung kaya ang bawat pagsamba na hindi itinuro sa atin ng Sugo ﷺ ay hindi isang lehitimong gawain ng pagsamba, bagkus ang Allah ay sinasamba lamang ayon sa itinuro ng Kanyang marangal na mga Sugo.

Walang sinuman ang may karapatang isaalang-alang ang pagdaragdag ng isang gawa ng pagsamba sa relihiyong Islam. Samakatuwid, ang mga gawaing pagsamba kung saan tayo sumasamba sa Allah ay nananatiling matatag kung ano ang mga ito.

Ang ating mga pagsamba ngayon ay ito mismo ang pagsamba na ginawa ng Propeta ﷺ at ng kanyang mga kasamahan sa kanilang pagsamba sa Allah.

Walang pagsamba maliban sa Allah lamang, at walang pagsamba sa Allah maliban sa itinakda ng Kanyang Sugo ﷺ.

Nang dahil dito, napakahalaga ang kadalisayan ng pagiging relihiyoso mula sa mga dumi ng mga makabagong karagdagan.

At ang pagsasabuhay ng relihiyon gaya ng ipinarating ng Sugo ng Allah ﷺ.

At kung makakita ka ng taong makikinabang ang iyong puso sa kanilang pakikisama, lalago ang iyong pananampalataya, kaalaman, at paggawa ng kabutihan sa mga tao, ay sumama ka sa kanila at makipagtulungan ka sa kanila. Kung nalaman mo na ang kanilang pakikisama ay hindi nagpapataas ng iyong pananampalataya, at hindi rin nito nadaragdagan ang iyong pagmamahal sa iyong mga kapatid na Muslim, ni ito ay nagpapataas ng iyong paggawa ng kabutihan sa mga tao, ay maghanap kana ng iba, dahil sila ay hindi sumusunod sa patnubay ng mga propeta.

Dapat nating bigyang-diin ang pagkakaisa ng mga Muslim, at mag-ingat na huwag maging abala sa kung ano ang humahati sa pagkakaisa at lumilikha ng hindi pagkakasundo.

Sinabi ng Allah: ***{At tumangan kayo nang mahigpit sa Lubid ng Allah nang magkakasama, at huwag kayong maghiwa-hiwalay.}***

**Surah Ali ‘Imran: 103**

At sinabi pa ng Allah: ***{At sabihin mo sa Aking mga alipin na sila ay magsabi ng alinmang pinakamabuti. Katotohanan, ang satanas ay nag-uudyok ng hidwaan sa kanilang pagitan. Katotohanan, ang satanas ay lagi nang hayag na kaaway ng tao.}***

**Surah Al Israa’: 53**

## Ang Relihiyon ng mga Muslim at ang Kanilang Kalagayan

Ang mga Muslim, kahit na marami na kung saan ay lumalapit sa dalawang bilyon, maliban lang na sila ay magkakaiba sa pagsasabuhay ng Islam.

Sapagkat, ang nagmamasid ay maaaring mabigla sa kanilang mga kalagayan. Dahil sa nakikita niyang ang ilan sa kanila ay lumalayo sa katotohanan ng mga turo ng relihiyon, nakikita niya na mayroon silang mga maling pag-uugali na kanilang ginagawa, nakikita niya ang pagiging atrasado ng marami sa kanilang mga bansa.

Ang kapabayaan at kamalian na ito ay dapat maiugnay sa nagkasala at hindi maiugnay sa relihiyon sa anumang paraan.

Ang pamantayan para malaman ang relihiyong ito ay ang malaman ang tunay na pinagmulan nito kung saan ito ang Aklat ng Allah at Sunnah ni Propeta Muhammad ﷺ.

Kung tungkol sa mga kilos at pag-uugali ng mga tao, sila ay mga kilos ng tao na napapailalim sa kamangmangan, pagkakamali, at kapabayaan.

# PANGATLO

## Ang Ating mga Pagsamba

## Ang Ating mga Pagsamba ay Siyang Buhay natin

Inihayag ng Allah ang relihiyong Islam upang maging relihiyon ng buhay, tulad ng sinabi ng Allah: ***{O kayong mga naniwala, tumugon kayo sa Allah [sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya] at [sa Kanyang] Sugo kapag siya ay nanawagan sa inyo sa anumang maghahatid sa inyo ng buhay, at dapat ninyong malaman na ang Allah ay [Makapangyarihang] nasa pagitan ng tao at ng kanyang puso, at katotohanan, sa Kanya ang inyong pagtitipon [na lahat].}***

**Surah Al Anfal: 24**

Kung ano ang pinanawagan ng Sugo ng Allah ay buhay at pagbubuhay.

Ang relihiyon ay hindi isang bahagi ng programa ng buhay, ngunit naglalaman ito ng lahat ng buhay at nakikipag-ugnayan sa lahat ng mga aktibidad nito, tulad ng sinabi ng Allah: ***{Sabihin, "Katotohanan, ang aking pagdarasal, ang aking ritwal [ng pag-aalay], ang aking buhay at ang aking kamatayan ay para sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha.}***

**Surah Al An'am: 162**

At ang malawak na kalawakan ng buhay ay ang pakikitungo sa Allah, tulad ng sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ **(Katotohanan na ikaw ay hindi gagasto ng isang gastusin na iyong hinahangad dito ang gantimpala ng Allah maliban na lamang na ikaw ay gagantimpalaan nito, maging ang pagsubo mo ng pagkain sa bibig ng iyong asawa.)**

**[Bukhariy]**

At kanyang pinalawak ang paligid ng paggawa ng mabuting Gawain, kanyang sinabi: **“Ang bawat parte ng katawan ng isa sa inyo ay isang kawanggawa, at ang bawat pagsabi ng “Alhamdulillah” ay kawanggawa, at ang bawat pagsabi ng “La ilaha illAllah” ay kawanggawa, at ang bawat pagsabi ng “Allahu Akbar” ay kawanggawa, at ang pag-uutos ng kabutihan ay kawanggawa, at ang pagbabawal ng kasamaan ay kawanggawa.” [Bukhariy at Muslim].**

Samakatuwid, nararapat na ang ating buhay ay mapuno ng mababuting gawa.

At ang paggawa ng mga mababuting gawa ay isang paraan ng buhay na kung saan dito ay pakikitunguhan mo ang bawat tao at ang bawat bagay. Ikaw ay gagawa ng mabuting gawa sa iyong buong buhay sa pakikitungo mo sa mga tao, mga hayop at kapaligiran, at iiwasan mo ang kasamaan at paninira, kabilang sa mga mababuting gawa ay ang iyong trabahong pinagkakakitaan mo at ginugugol mo ito sa iyong pamilya. Kahusayan sa iyong trabaho at katapatan sa iyong pakikitungo.

Kabilang sa mga mababuting gawa ay ang pagpapalaki ng mga anak sa maayos na pamamaraan at pagiging mabuti sa kanila. At

mabuting ugnayan mo sa bawat taong iyong kahalubilo. Maging mabuti sa lahat, mahalin ang kabutihan sa lahat, at gawin sa mga tao kung ano ang gusto mong gawin nila sa iyo. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **“Hindi maging ganap ang pananampalataya ng bawat isa sa inyo hanggang sa mahalin niya para sa kanyang kapatid (na muslim) ang mahal niya para sa kanyang sarili.” [Bukhariy at Muslim]**

Ang paggawa ng mababuting gawa ay isang pangangalakal mo sa Allah, at ang pakikipagkalakal sa Allah ay isang kumikitang transaksyon na hindi masasayang o malulugi. Sinabi ng Allah: ***{At ang kanilang Panginoon ay tumugon sa kanila. [At nagsabing]: “Kailanman ay hindi Ko hahayaang mawalan ng kabuluhan ang [mababuting] gawa ng sinuman sa inyo - lalaki man o babae. Kayo ay para isa’t isa. Kaya, yaong mga nagsilikas at pinagtabuyan sa kanilang mga pamamahay, at dumanas ng [masidhing] katampalasanan [nang dahil] sa Aking Landas, at nakipaglaban at [pagkaraa’y] nasawi - katotohanan, Aking papawiin mula sa kanila ang kanilang mga masasamang gawa. At sila ay Aking papapasukin sa mga hardin [ng Paraiso] na sa ilalim nito ay may mga ilog na umaagos; [ito ay] isang pabuya mula sa Allah. At nasa Allah ang pinakamabuting pabuya.”}***

**Surah Ali ‘Imran: 195**

At sinabi pa ng Allah***: {Kaya, sinuman ang gumawa ng isang katiting na timbang ng kabutihan, ito ay [kanyang tiyak na] matutunghayan. 8. At sinuman ang gumawa ng isang katiting na timbang ng kasamaan, ito ay [kanyang tiyak na] matutunghayan.}***

**Surah Az-Zalzalah: 7-8**

At sinabi pa ng Allah: ***{Kaya, yaong mga naniwala [sa Allah] at gumawa ng mga gawaing matwid, Kanyang ipagkakaloob sa kanila ang lubos na gantimpala, at sila ay daragdagan pa mula sa Kanyang biyaya.}***

**Surah An-Nisaa: 173**

Ang gantimpala ng Allah para sa mga gumagawa ng matuwid sa mundong ito ay ang pinaka mapagbigay at masaganang gantimpala sa kabilang buhay. Sinabi ng Allah***: {At bigyan mo ng magandang balita yaong mga naniniwala at gumagawa ng mga gawaing matwid, na sa kanila ay mga hardin na sa ilalim nito ay may mga ilog na umaagos.}***

**Surah Al-Baqarah: 25**

At sinabi pa Niya ﷻ: ***{At yaong mga naniniwala at gumagawa ng mga gawaing matwid, sila yaong mga maninirahan sa Paraiso, sila ay mamamalagi roon nang walang hanggan.}***

**Surah Al-Baqarah: 82**

At sinabi Niya ﷻ: ***{At sinuman ang gumagawa ng gawaing matwid, lalaki man o babae, at siya ay naniniwala, sila yaong mga papapasukin sa Paraiso, at sila ay hindi gagawan ng kamalian kahit sinliit man ng batik [sa buto ng datiles].}***

**Surah An-Nisaa: 124**

At sinabi niya ﷻ***: {Pinangakuan ng Allah yaong mga naniniwala at gumagawa ng mga gawaing matwid, para sa kanila ay kapatawaran at dakilang gantimpala [ang Paraiso].}***

**Surah Al-Maidah: 9**

Lahat ng nakasaksi ng kamatayan ay nanaisin na mabuhay, hindi para kumita ng pera o magsaya, kundi para makabawi sa isang mabuting gawa na napabayaan niya.

Sinabi ng Allah: ***{[Iyan ang masamang kalagayan ng mga di-naniwala], hanggang, kapag ang kamatayan ay dumating sa isa sa kanila, siya ay magsasabing: "Aking Panginoon, ako ay ibalik [Mong] muli [sa mundo], 100. Upang sakali ako ay makagawa ng mga gawaing matwid na aking nakaligtaan.}***

**Surah Al Mu'minun: 99-100**

Sa pagpasok ng tao sa Islam, kailangan niyang magsikap na sumulong sa pagiging perpekto sa kanyang mga kalagayan, pag-uugali, at pagsamba. Upang ang bawat yugto ng kanyang buhay ay mas mabuti kaysa sa nauna.

Sa bawat yugto ng kanyang buhay, nadaragdagan ang kanyang kaalaman at kabutihan. At ang pinakadakilang bagay na nag-uudyok sa atin na sumulong at magtamo ng mababuting gawa ay ang pakiramdam na ang buhay ay nauubos, at mabilis na paglipat sa kabilang buhay, kaya't inuutusan tayong pag-isipan ang kapalarang ito at paghandaan ito.

Sinabi ng Allah: ***{O kayong mga naniniwala, inyong katakutan ang Allah. At hayaan ang bawa't tao na hanapin kung ano ang naghihintay para sa kanya sa kinabukasan - at inyong katakutan ang Allah. Katotohanan, ang Allah ay nakababatid sa anumang inyong ginagawa.}***

**Surah Al-Hashar: 18**

At sinabi Niya ﷻ: ***{At gumugol kayo [sa kawanggawa] mula sa anumang [panustos na] Aming ipinagkaloob sa inyo, bago***

***dumating ang kamatayan sa isa sa inyo at siya ay magsasabing: "Aking Panginoon, kung ako ay Iyong ipagpapaliban para sa kaunting panahon marahil ako ay makapagkakawanggawa at ako ay maging kabilang ng mga matutuwid."}***

**Surah Al-Munaafiqun: 10**

## Ang Kainaman ng Salah (Pagdarasal)

Tinanong ni Propeta Muhammad ang kanyang mga Sahabah: **“Sabihin niyo sa akin na kung may isang ilog sa tabi ng tahanan ng isa sa inyo na kung saan siya ay maliligo dito ng limang beses bawat araw, ano ang masasabi ninyo, may matitira pa kayang dumi sa kanyang katawan?”**

Sila ay sumagot**:” Wala nang matitirang dumi sa kanya”**. Ang Propeta ay nagwika**: “ Ito ang kahalintulad ng pagdarasal ng limang beses sa bawat araw. Binubura ng Allah ang mga kasalanan.” [Musnad Ahmad]**

Ibig sabihin isang kadalisayan at kalinisan na kasama ng isang tao pagkatapos niyang magdasal na hinuhugasan siya nito tulad kung paano siya hinuhugasan ng tubig ilog na sagana dumadaloy at malapit.

Katotohanang ito ay isang kaakit-akit na larawan na pinapaliwanag ang epekto ng Salah sa kadalisayan ng mga sarili at kalinisan nito.

Tunay na ang Salah ay ugnayan sa pagitan ng alipin at kanyang Panginoon, at ito din ay mga oras ng pagiging malapit sa Allah.

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **“Ang pinakamalapit na kalagayan ng Isang alipin sa kanyang panginoon ay habang siya ay nakatirapa. Kung kaya damihan ninyo dito ang Dua”. Muslim**

At ito (Salah) ay liwanag sa puso, liwanag sa buhay, at liwanag sa kabilang buhay. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **“ Ang Salah ay liwanag”. [Muslim]**

Dahil sa malaking pangangailangan ng mga tao nito, ipinataw ng Allah ang limang panalangin kada araw at gabi. Sinabi ng Allah: ***{PangaIagaan ninyo ang [limang takdang] pagdarasal at [lalo na] ang panggitnang dasal. At tumayo kayo sa [harap ng] Allah nang may tapat [o taimtim na] pagsunod.}***

**Surah Al-Baqarah: 238**

At sinabi Niya: ***{[Sapagka’t] Katotohanan, ang pagdarasal ay [isang tungkulin na] itinagubilin para sa mga naniniwala sa mga itinakdang oras nito.}***

**Surah An-Nisaa: 103**

Ito ay upang mapanatili ang kanilang ugnayan sa kanilang Panginoon.

At upang silay malinisan sa pamamagitan nito mula sa kanilang mga kasalanan.

At humiling sila sa Allah at tumatawag sa Kanya sa sandaling bumaling sila sa Kanya at malapit sa Kanya.

At sa sukat ng pangangalaga ng isang tao sa kanyang mga panalangin, ay ganon din ang sukat ng pangangalaga niya sa kanyang relihiyon

Ang Salah ay haligi ng Islam, at sa dakila ng kalagayan nito, sinabi ng Propeta ﷺ: **“ Ito ang unang lilitisin sa alipin sa Araw ng Paghukom mula sa kanyang mga Gawain. Kung ito ay maging maayos, kung gayon siya ay magtatagumpay at maliligtas. At kung masira naman, kung ganon siya ay mabibigo at malulugi. At kung magkulang ang kanyang obligadong Salah ay sasabihin ng Panginoon: “Tingnan niyo kung may mga buluntaryong pagdarasal ang aking alipin na magkokompleto sa pagkulang sa obligadong salah. At pagkatapos ay ganito ang mangyayari sa iba pa niyang mga gawa.”**

**(Tirmidhiy at Nasaiy).**

Ang buhay na may Salah ay isang kapahingahan, kaligayahan at biyaya.

At kung walang Salah, ay masalimuot, balisa at malungkot.

Nang Dahil dito, sinabi ni Propeta Muhammad**: “ At ginawa ang aking kaligayahan sa pagsalah”. [Ahmad at Ibn Majah].**

Mayroon pa bang mas makapagpapahiwatig sa kahalagahan ng Salah kaysa sa ito ay ang huling tagubilin ng Propeta sa kanyang buhay?

Katotohanang ito ang huling tagubilin ng Propeta habang kanyang hinihinga ang kanyang mga huling hininga, kanyang sinabi: **“ Ang Salah! ang Salah!”**

Ibig niyang sabihin, “Ingatan niyo ang Salah”. Mayroon pa bang mas matinding kalagayan kaysa sa paghihingalo? Ganon paman ay hindi niya nakaligtaan na payuhan ang kanyang Ummah sa (kahalagahan) ng Salah.

Na ito ang naging huling payo niya sa kanila.

## Ang Kapanatagan ng Salah

Ang **pagdarasal (salah)** ay isang kasunduan sa Allah, at isang pabalik-balik na pagtatagpo sa pagitan ng taong nagdarasal at ng kanyang Panginoon, at himpilan ng pagkapawi ng pananampalataya, at pagkabuhay ng kaluluwa, at pagpapahinga at kapanatagan, at isang malamig na lilim sa init ng buhay at kapaguran, at kung gaano ito kalalim sa buhay ng tao ay ganoon din ang lalim ng epekto nito.

Ang oras ng panalangin ay ang oras ng pagtanggap ng mga regalo at pagpapala ng Allah. Kapag siya ay nag-wudhu ay magsisipagtanggal ang kanyang mga kasalanan kasama sa pagdaloy ng tubig mula sa kanyang katawan. At sumaksi sa kanya ang Propeta ng pagkaroon ng pananampalataya. Kanyang sinabi**: "Ang kalinisan ay kalahati ng Iman o pananampalataya". [Muslim].** At kanya pang sinabi: **"Walang magpapanatili ng wudhu maliban sa mananampalataya." [Ahmad at ibn majah]**.

At kapag siya ay tutungo sa Masjid tunay na siya ay nasa pagbisita sa Allah. Sinabi niya: **"Sinuman ang tumungo sa Masjid**

**sa umaga o sa hapon ay paghahandaan siya ng Allah ng kanyang tutuluyan sa Paraiso sa tuwing siya ay tutungo sa umaga o hapon.” [Bukhariy at Muslim].**

Siya ay kahalintulad ng bisitang tutungo sa kanyang bibisitahin pagkatapos na siya ay imbitahin nito. At habang siya ay nasa daan ay itatala ang kanyang mga yapak. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **“Sinuman ang nagwudhu sa kanyang bahay at pagkatapos ay tumungo sa bahay ng Allah upang isakatuparan ang tungkulin na ipinataw ng Allah, ay ang kanyang pagyapak sa isang paa ay magtatanggal ng isang kasalanan at ang pagyapak sa pangalawa ay magtataas ng isang antas.” [Muslim].**

At kapag ang salah na kanyang pupuntahan ay panggabi tulad ng Isha at Fajr ay itatala para sa kanya ang Magandang balita ng pagkakaroon ng Liwanag sa araw ng muling pagkabuhay. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ**: “Bigyan ng Magandang balita ang mga naglalakad sa dilim patungo sa mga Masjid ng ganap na liwanag sa muling pagkabuhay.” [Abu Dawud at Tirmidhiy].**

At kapag siya ay nakapasok sa Masjid, ang mga Anghel ay mananalangin para sa kanya at itatala sa kanya ang gantimpala ng pagsalah habang kanya itong hinihintay. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **“Ang mga Anghel ay mananalangin (sa Allah) para sa isa sa inyo habang siya ay nananatili sa kanyang pinagsalahan na lugar kung ang kanyang kalagayan ay manatili sa kalinisan (hindi nasira ang wudhu), kanilang sasabihin: “O Allah patawarin mo siya, O Allah kaawaan mo siya. At mananatili ang isa sa inyo sa pagsalah habang ang salah ay naging dahilan ng kanyang pananatili (sa isang lugar).” [Bukhariy at Muslim].**

Ito ay mga regalo at pagpapala ng Allah habang ikaw ay nasa daan patungo sa Kanya. Ano nalang kaya ang Kanyang mga regalo at pagpapala sa iyo kung ikaw ay nakatayo na sa Kanyang harapan?

Ang salah ay isang paglalapit sa Allah, pakikipag-usap sa Allah, at ugnayan sa Allah. Sinuman ang magpapanatili nito ay mararamdaman niya ang kalapitan niya sa Allah, at pangangalaga sa kanya, kaya magiging matuwid ang kanyang pag-uugali at mapapalayo siya sa lahat ng kasalanang ikakagalit ng kanyang Panginoon na siyang kanyang binabalik-balikan sa bawat pagsalah. Tulad ng sinabi ng Allah***: {Katotohanan, ang pagdarasal ay pumipigil sa mga kahalayan at kasamaan.}***

**Surah Al-Ankabut: 45**

Kapag ikaw ay ginabayan ng Allah sa pagsagawa ng salah ay damhin mo ang pagpapalang ito. At punuin mo ang iyong puso ng kasiyahan sa Allah na Siyang nagpatayo sa iyo sa Kanyang harapan at nagpalapit sa iyo. At alamin mo na hindi ka Niya pinaharap sa Kanya maliban na lamang na tatanggapin ka Niya. At hindi ka Niya tinawag maliban lang na bibigyan ka niya. At hindi mo binaba sa Kanya ang iyong mukha maliban lang na itataas ka Niya.

Tikman ang kasiyahan ng Kanyang pananalita, habang nagbabasa ka sa iyong panalangin, at punuin ang iyong puso ng damdamin ng paggalang sa Kanya habang pinupuri mo Siya. At sa pamamagitan ng magandang akala sa Kanyang kabutihan at biyaya ay nanalangin ka sa Kanya at humihiling.

Magtiwala na ikaw ay hindi tutungo sa Kanya at tatalikuran ka Niya at hindi ka hihiling sa Kanya at pagkakaitan ka Niya, sapagkat

Siya ang Labis na Mayaman, ang Labis na Mapagbigay, ang Tigib ng awa at Labis na Maawain.

Kapag natapos ka na sa iyong salah, tapusin mo ng may pasasalamat sa Allah at masaya dahil sa Kanyang patnubay at tulong. Katotohanang ginabayan ka Niya tungo sa salah at sa kaligayahan nito at biyaya, sa sandaling ang karamihan ay nabibigatan nito at pinabayaan ito at kinalimutan ito. At hindi ka tumungo sa salah at naging magaan sa iyo ang pagsagawa nito maliban lamang nang dahil sa iyong pananampalataya sa Allah at ang iyong kasiguruhan ng pagtatagpo sa Kanya. Ang Allah ay nagsabi: ***{45. At humingi kayo ng tulong [sa Allah] sa pamamagitan ng pagtitiis at pagdarasal. At katiyakang ito ay sadyang mahirap gawin maliban sa mga mapagpakumbaba [sa Kanya]. 46. [Sila] yaong mga nakatitiyak na kanilang makahaharap ang kanilang Panginoon at sila ay magbabalik sa Kanya.}***

**Surah Al-Baqarah: 45-46**

Kaya batiin ang iyong sarili sa iyong panalangin at magalak dito. At purihin mo ang iyong Panginoon dahil sa Kanyang patnubay at tulong.

Magandang pagbati sa iyo, at magandang balita para sa iyo.

## Ang Pag-alaala sa Allah

Dumating ang isang tao kay Propeta Muhammad ﷺ at nagsabi: **“O Sugo ng Allah, tunay na ang mga pagsamba sa Islam (na hindi obligado) ay dumami na sa akin, kaya turuan mo ako ng gawaing panghahawakan ko ng matibay.”** Ang sagot ng Propeta**: “Panatilihin mo ang iyong dila na basa sa pag-aalaala sa Allah”. [Ibn Majah at Tirmidhiy].**

Katototanang tinuruan siya ng Propeta ng isang gawaing sumasaklaw sa lahat ng kabutihan, at ito ang pag-aalaala sa Allah sa pamamagitan ng pagpuri sa Kanya, pagdakila, kaisahan ng pagsamba at pagsusumamo sa Kanya.

Ang pag-aalaala sa Allah ay isang buhay, sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **“Ang kahalintulad ng taong nag-aalaala sa kanyang Panginoon at ng taong hindi nag-aalala sa kanyang Panginoon ay kahalintulad ng buhay at patay.” [Bukhariy].**

Ang pag-alala sa Allah ay ugnayan sa Allah at pagiging malapit sa Kanya. Samakatuwid, ang Allah ay malapit sa nag-aalaala sa Kanya. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ : **“Ako ay nasa akala ng Aking alipin, at Ako ay kasama niya kapag Ako ay kanyang inaala-ala, at kapag Ako ay inaala-ala niya sa kanyang sarili ay aalahanin Ko rin siya sa Aking sarili, at kapag Ako ay inaala-ala niya sa isang pagtitipon ay aalahanin Ko siya sa mas mainam na pagtitipon, at kung siya ay lalapit sa Akin ng isang dangkal, Ako ay lalapit sa kanya ng isang siko, At kung lalapit siya sa Akin ng isang siko, lalapit Ako sa Kanya ng isang dipa, kung pupunta siya sa akin na naglalakad, pupunta ako sa kanya na tumatakbo.” [Bukhariy at Muslim].**

Napakadakila ng karangalan ng tao! Napakarangal niya sa Allah! na Siya ay alalahanin ng kanyang dakilang Panginoon sa pinakamataas na pagtitipon, at anong taas at karangalan ang itinataas ng alaala para sa taong ito hanggang sa alalahanin siya ng kanyang Panginoon, samantalang siya ay isang maliit lamang na nilalang na dumadaan sa sansinukob na ito tulad ng isang iglap na natamo niya ang karangalan at katayuan na ito. At ang kanyang pag-alaala ay itataas sa itaas ng pinakamataas na kalangitan, kasama ang pag-alaala sa kanya ng Allah sa gitna ng Kanyang marangal na mga anghel. Sapagkat Siya ang nagsabi: ***{Kaya, Ako ay inyong alalahanin [sa pamamagitan ng pagdarasal o pagpuri]; at kayo ay Aking aalalahanin.}***

**Surah Al-Baqarah: 152**

Ang pag-aalaala sa Allah ay pinakamainam sa lahat ng pagsamba at pinakamadali nito. Kung kaya ang kalagayan ng mga alipin ng Allah na mabubuti ay ang pag-aalaala sa Allah sa lahat ng kalagayan.

Sinabi ng Allah: ***{Yaong mga nag-aalaala sa Allah nang nakatindig, nakaupo at nakatagilid sa kanilang pagkahiga.}***

**Surah Ali 'Imran: 191**

At ito ang pagsamba na inutos ng Allah na padamihing gawin dahil sa dali nito ay dakila ng gantimpala nito. Siya ay nagsabi***: {41. O kayong mga naniwala, inyong alalahanin ang Allah nang palagiang pag-alaala. 42. At Siya ay inyong luwalhatiin sa umaga at sa hapon.}***

**Surah Al-Ahzab: 41-42**

At sinabi Niya***: {at ang mga lalaking nagbibigay alaala sa Allah at ang mga babaing nagbibigay alaala sa Allah tuwina - ang Allah ay naghanda para sa kanila ng kapatawaran at isang dakilang gantimpala.}***

**Surah Al-Ahzab: 35**

At ang pinakamainam na pag-alaala sa Allah ay ang mga itinuro sa atin ng ating Propeta ﷺ na mga kabuuan ng pagpupuri sa Allah at pagdadakila, ang ilan nito:

1- **((LA ILAHA ILLALLAH WAHDAHU LAA SHARIKA LAHU, LAHUL MULKU WA LAHUL HAMDU WA HUWA 'ALA KULLI SHAY-IN QADEER)). Bukhariy**

2- **((SUBHANALLAHI WAL HAMDULILLAH WA LAA ILAAHA ILLALLAH WALLAHU AKBAR)) Ahmad**

3- **((SUBHANALLAHI WA BIHAMDIHI, SUBHANALLAHIL ADHEEM)) [Bukhariy].**

4- May dumating na taga bundok na arabo kay Propeta Muhammad ﷺ at nagsabi: **"O Sugo ng Allah, turuan mo ako ng bagay na**

**aking sasabihin (Dhikir)**”. Sumagot ang Propeta ﷺ: **“Sabihin mo: LA ILAHA ILLALLAHU WAHDAHU LAA SHARIKA LAHU, LAHUL MULKU, ALLAHU AKBAR KABEERA WAL HAMDULILLAHI KATHEERA, SUBHANALLAHI RABBIL ‘ALAMEEN, LAA HAWLA WA LAA QUWWATA ILLAH BILLAHIL AZIZIL HALEEM.”** Nagsabi ang arabo: **“Ito ay para sa aking Panginoon, ano naman ang para sa akin?”.** Sumagot ang Propeta ﷺ: **“Sabihin mo, ALLAHUMMAGHFIRLIY WARHAMNIY WAHDINIY WARZUQNIY”. [Muslim]**

## Ang Dua ay Isang Pagsamba

Ang pagtungo ng mananampalataya kay Allah sa pagsusumamo ay isang gawa ng pagsamba na gagantimpalaan. At tinatanggap ni Allah ang Kanyang alipin sa pamamagitan ng kabutihang palad at biyaya kung siya ay mananalangin sa Kanya at pinangakuan siya ng pagtugon. Sinabi ni Allah: ***{At ang inyong Panginoon ay nagsabi: "Manalangin kayo sa akin at kayo ay Aking diringgin. Katotohanan, yaong mga nagmamalaki sa pagsamba sa Akin, [katiyakan na] sila ay magsisipasok sa Impiyerno nang kadusta-dusta!"}***

**Surah Ghafir: 60**

At sinabi ni Allah: ***{At kapag ang Aking mga alipin ay magtatanong sa iyo [O Muhammad] tungkol sa Akin. Tunay na Ako ay malapit [sa kanila]. Tinutugon Ko ang mga panalangin ng bawa't dumadalangin kapag siya ay nananalangin sa Akin [nang walang ibang tagapamagitan]. Kaya, hayaan silang tumugon sa***

***Akin [sa pamamagitan ng pagsunod] at maniwala sa Akin, upang sakali sila ay [mapatnubayan] tumahak sa matuwid na landas.}***

**Surah Al-Baqarah: 186**

Hindi maaari na bumaling ang isang mananampalataya sa kanyang Panginoon nang may pagsusumamo at itakwil Niya ito sa pagkabigo, ngunit ang pagkamit ng kahilingan ay babalik sa kaalaman at karunungan ni Allah, dahil ang pagkamit ng ninanais ay maaaring maantala dahil ito ay para sa kapakanan ng nagsusumamo sa bagay na iyon, at Siya ay maaaring magbigay sa kanya ng isang bagay na mas mabuti kaysa sa kung ano ang kanyang hiniling, at Siya ay maaaring mag-imbak nito para sa kanya bilang isang gantimpala sa Kabilang-Buhay na kung saan siya ay higit na nangangailangan nito doon.

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **“Walang isang muslim ang magsusumamo (kay Allah) ng isang pagsusumamo na walang kasabay na kasalanan at pagputol ng kamag-anakan maliban lamang na didinggin ng Allah ito at pagkakalooban siya ng isa sa tatlong bagay: Maaaring agarang ipagkaloob ang kanyang kahilingan o imbakin ito para sa kanya sa kabilang buhay o ilalayo siya ni Allah sa kapahamakan na tulad ng kanyang hiniling.”** Nagsabi ang mga sahabah: **“Kung ganon ay damihan natin”.** Ang propeta ay nagsabi**: “Ang Allah ay mas marami (sa gantimpala)”. [musnad ahmad].**

Kaya lahat ng pagsusumamo na ibabaling natin tungo kay Allah ay isang pagsamba na gagantimpalaan tayo. At isang pagpapakumbaba natin sa ating panginoon na sa pamamagitan nito ay itataas tayo. At maging nasa tiyak na ikaw ay hihiling sa isang Panginoong Mapagbigay na hindi kailanman magdadamot sa

mayroon Siya. At isang Panginoon na Mayaman na hindi mauubos ang mayroon Siya, at isang Malakas na walang makakapagpahina sa Kanya. Tulad ng sinabi ng Allah sa Hadith Qudsiy: **“O Aking mga alipin, kung ang mga nauna sa inyo ay ang mga nahuli sa inyo at ang mga tao sa inyo at ang mga jin sa inyo ay nakatayo sa isang pook at sabay-sabay kayong humiling sa Akin at bibigyan Ko ang bawat isa ng kanyang kahilingan ay hindi mababawasan ng kahit katiting ang mayroon Ako maliban lamang tulad kong paano mabawasan ang dagat kapag isinawsaw ang karayom.” [Muslim].**

## Ang Maluwalhating Qur'an

Dumating si Jubair bin Mut ‘im (kalugdan nawa siya ni Allah) sa Madinah mula Makkah, at siya nang sandaling iyon ay hindi pa Muslim. Kanyang sinabi: **“Pumasok ako sa Masjid at si Propeta Muhammad ﷺ ay nagdarasal ng Salatol Maghrib kasama ng mga tao, at narinig ko siyang nagbabasa ng Surah At-Tur, at nang siya ay umabot sa mga ayat na ito: *{35. O sila ba ay nilikha mula sa walang [pinagmulang] bagay, o sila ang mga tagapaglikha ng kanilang mga sari-sarili? 36. O sila ba ang lumikha sa mga kalangitan at sa kalupaan? Bagkus, sila ay walang katiyakan [sa paniniwala]. 36. O sila ba ang lumikha sa mga kalangitan at sa kalupaan? Bagkus, sila ay walang katiyakan [sa paniniwala].}***

**Surah At-Tur: 35-37**

Nang narinig ko ito, ang aking puso ay muntik nang lumipad. [Bukhariy]

Ang mga talatang ito ay yumanig sa kanyang budhi, gayundin sa kanyang mga paniniwala, at naantig siya sa karilagan ng pahayag na

ito at lakas ng argumento nito na halos lumipad ang kanyang puso sa sobrang tindi ng narinig at sa lakas ng tama nito sa sarili.

Kung kaya ay kanyang sinabi: **“Iyon ang unang pagkakataon na pumasok ang Pananampalataya sa aking puso”.**

Tunay na inihayag ni Jubair ang kanyang pagkamuslim pagkatapos ng ilang mga taon, subalit ang pagrinig niya sa mga talatang ito ay naging unang dahilan ng kanyang gabay.

Ito ay dahil sa kadakilaan ng Qur’an, sa pamamagitan ng kahusayan nito sa pagsasalita at kalinawan ng patunay at lakas ng impluwensya nito sa isip at puso.

Tunay na ang Maluwalhating Qur’an ay salita ng Allah na Kanyang ipinahayag sa Kanyang sugo ﷺ, at ito ang katotohanang walang pagdududa at pag-aalinlangan, sinabi ni Allah: ***{Ito ang Aklat [Qur’an], walang alinlangan, dito ay [matatagpuan ang] patnubay para sa mga natatakot [sa Allah],}***

**Surah Al-Baqarah: 2**

At ito rin ay mayroong patnubay tungo sa tamang relihiyon at matuwid na landas, sinabi ni Allah: ***{Katotohanan, itong Qur’an ay nagpapatnubay tungo sa anumang higit na nararapat [o matwid] at nagbibigay ng magandang balita sa mga naniniwala na gumagawa ng mga gawaing matwid – sa kanila ay isang malaking gantimpala [ang walang hanggang ligaya sa Paraiso].}***

**Surah Al-Israa: 9**

At tunay na ipinababa ito ni Allah na mga salita na mahusay, tumpak, at kamangha-mangha, na kung saan ang mga tao ay hindi makabuo ng anumang bagay na katulad nito sa mahusay na

pagsasalita at paglilinaw, at hinamon Niya ang mga hindi naniniwala dito at ginawa silang walang kakayahan, kanyang sinabi: ***{At kung kayo ay nag-aalinlangan hinggil sa anumang Aming ibinaba [o ipinahayag] [ang Qur'an] sa Aming alipin [na si Muhammad], magkagayon, magpakita kayo ng isang kabanata na katulad nito at inyong tawagin ang inyong mga saksi bukod sa Allah [upang kayo ay tulungan], kung [tunay ngang] kayo ay makatotohanan.}***

**Surah Al-Baqarah: 23-24**

Nangako si Allah na iingatan ito, at sa gayon ito ay nanatili sa lahat ng sunud-sunod na siglo nang ito ay ipinahayag sa Sugo ni Allah ﷺ, at ang mga manuskrito ng Qur'an na isinulat sa iba't ibang panahon at iba't ibang lugar ay sumasang-ayon sa teksto nito, at walang pagkakaiba o hindi pagkakasundo sa pagitan nito.

Ang dakilang aklat na ito ay puno ng mga pangunahing isyu sa buhay. At sa loob nito ay pagpupuri ni Allah sa kanyang sarili at pagpapakilala Niya sa Kanyang mga alipin sa pamamagitan ng Kanyang mga Matataas na mga Katangian at Magagandang mga Pangalan. At ganun din napapaloob dito ang pagpapaliwanag ng natatanging pagsamba lamang kay Allah nang nag-iisa at walang katambal. Naglalaman din ito ng patunay ng muling pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan, pagbanggit sa kabilang buhay, paglalarawan ng mga eksena nito, at paglalarawan ng Paraiso at ang kaligayahan nito at ang Impiyerno at ang pagdurusa nito. Naglalaman din ito ng mga kuwento ng mga propeta at ang kanilang mga salaysay kasama ang kanilang mga nasyon. Naglalaman din ito ay ng pag-uutos sa mga kabutihan ng mga gawa at pagpapahiwatig sa mabuting moral.

Ang pagbabasa ng Qur'an at pagsasaalang-alang sa mga talata nito ay isang gawa ng pagsamba kay Allah, sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **"Sinuman ang makabasa ng isang letra mula sa Aklat ni Allah, ay magkakaroon siya ng isang mabuting gantimpala, at ang isang mabuting gantimpala ay katumbas ng sampung katulad nito. Hindi ko sasabihin na ang alif laam meem ay isang letra lamang, bagkus ang alif ay letra, ang laam ay letra at ang meem ay letra." Tirmidhiy**

Ibinaba ni Allah ang Qur'an na ito sa atin upang ito ay naroroon sa ating buhay. Babasahin natin ito at hindi lalayuan, at isasabuhay natin ito at hindi tatalikuran. At sa tuwing lalakas ang ating ugnayan sa Qur'an, ay ganon lalakas ang ating kaalaman kay Allah at mas malapit tayo sa Kanya.

# PANG-APAT

## Ang ating mga Kasalanan

## Ang Pagkatisod sa mga Pagkakamali

Ang bawat lalaking muslim at babaeng muslim, ay alam na ang kanyang pagpasok sa Islam ay nangangahulugan na siya ay ginabayan sa Allah, ang kanyang Tagapaglikha. At tinahak niya ang tamang landas patungo sa Allah. Ito ang tuwid na landas na humahantong sa kaluguran ng Allah at Kanyang paraiso. Ngunit hindi maaalis ang isang muslim sa kanyang pagiging tao, at ang posibilidad na mahulog siya sa mga pagkakamali sa pag-uugali, o pagpapabaya sa ilan sa ini-utos ng Allah sa kanya na gawin. Dito ay dapat bigyang-diin ang mahahalagang punto:

1- Walang tagapamagitan sa pagitan natin at ng Allah para sa kapatawaran ng mga kasalanan at maling gawain. Walang tao na maaari nating ikumpisal ang ating mga pagkakamali o humihingi tayo ng kapatawaran sa kanya mula sa ating pagkakasala sa Allah. Ngunit itinatago natin ang ating mga pagkakamali sa pagitan natin at ng Allah, ipagtatapat ang mga ito sa Kanya, at magbabalik loob sa Kanya mula dito. ***{At Siya ang tumatanggap ng pagsisisi mula sa Kanyang mga alipin, at nagpapatawad ng mga kasalanan,}*** **Surah Ash-Shurah: 25.**

2- Alamin natin na ang ating Panginoon ay mahabagin na may malawak na awa. Mapagpatawad na may dakilang kapatawaran. Kanya tayong patatawarin kapag tayo ay magbabalik loob sa Kanya ng tunay. At pinatatawad Niya tayo kung humingi tayo sa Kanya ng kapatawaran nang may panghihinayang. At kaaawaan Niya tayo kung nakikita Niya ang ating pagsisisi. At sa bawat kasalanan na ating pinagsisihan dahil nagawa natin ito, pagkatapos ay humihingi tayo ng kapatawaran sa Allah mula dito ay patatawarin Niya tayo.

3- Dapat nating bigyang-pansin ang katotohanan na ang pinakadakilang panlilinlang na pinagsisikapan ni Satanas ay ang mahulog ang tao sa kanyang bitag at ito ang madama niya ang kawalan ng pag-asa sa awa ng Allah. Hanggang sa makaramdam siya ng pag-iisa mula sa Allah at pagkalayo sa Kanya. Samakatuwid, dapat nating malaman na ang Diyos ay higit na maawain sa atin kaysa sa ating mga ina. At ang kanyang pagpapatawad ay mas dakila kaysa sa ating mga pagkakamali. At Siya ay nagagalak sa atin kapag tayo ay lumalapit sa Kanya na humihingi ng Kanyang kapatawaran. At nagsusumamo sa Kanya upang patawarin ang ating mga kasalanan. ***{Sabihin: "O Aking mga alipin na nagmalabis [sa paggawa ng mga kasalanan] laban sa kanilang mga sarili, huwag kayong mawalan ng pag-asa mula sa habag ng Allah. Katotohanan, pinatatawad ng Allah ang lahat ng kasalanan. Katiyakan Siya ang Lagi nang Mapagpatawad, ang Maawain."}*** **Surah Az-Zumar: 53**

***{At kapag yaong mga naniniwala sa Aming mga ayaat [kapahayagan] ay magsilapit sa iyo, sabihin mo [sa kanila]: "Salamun alaikum [kapayapaan ay sumainyo], ang inyong Panginoon ay nagtakda sa Kanyang Sarili ng habag - na sinuman sa inyo ang magkamali sanhi ng kamangmangan [at] pagkaraan***

***ay nagsisi at itinuwid [ang kanyang sarili] - katiyakan, Siya ay Mapagpatawad, Maawain."}***

**Surah Al An'am: 54**

At sinabi ng Allah***: {At sinuman ang gumawa ng kasamaan o ng kamalian sa kanyang sarili [nguni't] pagkaraan ay humingi ng kapatawaran sa Allah, kanyang matatagpuan ang Allah na Mapagpatawad, Maawain.}***

**Surah An-Ninsa: 110**

Sa tuwing hihingi ka ng tawad sa iyong Panginoon, matatagpuan mo Siyang Mapagpatawad sa iyong kasalanan, at Maawain sa iyong kalagayan.

## Kasabay na mga Kasalanan

Maaaring may kasama kang ilang pagkakasala na nalulong ka bago ka pumasok sa Islam, at natagpuan mong hindi ka pa nito nakakatakas, dapat mong gawin ang iyong makakaya upang makatakas mula dito hangga't maaari. Ngunit kung ikaw ay mabigo diyan o bumalik sa ilan sa mga ito na nakasanayan mo na, alamin na ang pakikipagtagpo sa iyong Panginoon habang ikaw ay isang nagkasalang Muslim ay mas mabuti para sa iyo kaysa sa pakikipagtagpo sa Kanya bilang isang makasalanan habang ikaw ay tumatalikod sa Kanya.

At alamin na si Satanas ay maaaring magmungkahi sa iyo kapag ikaw ay nahulog sa kasalanan na ang Islam ay isang kahirapan na hindi mo kayang pasanin, at kung gayon ito ay maaaring maging dahilan para sa ilang mga tao na umalis sa Islam. Alamin sa puntong ito na ang pananatili mo sa Islam kahit gaano pa kadami ang iyong pagsuway ay mas mainam sa iyo kaysa haharap ka sa Allah na ikaw ay hindi muslim na sumusunod sa ibang pananampalatayang hindi gusto ng Allah para sa sangkatauhan. Sapagkat ang Allah ay mapagpatawad sa lahat ng kasalanan kahit gaano pa ito kadami,

subalit hindi Niya mapapatawad ang kasalanang pagsamba sa iba at pagtalikod sa Kanyang relihiyon***; {Katotohanan, ang Allah ay hindi nagpapatawad [sa isang nagkasala] ng pagtatambal sa Kanya. Nguni't Kanyang pinatatawad ang anumang [kasalanang] mababa kaysa riyan sa sinumang Kanyang nais.}*** **Surah An-Nisaa: 48**

Gaano ka sama ang kalagayan ng isang taong tumalikod sa Allah pagkatapos niya Siyang nakilala. Ang kanyang kalagayan ay katulad ng kalagayan ng Satanas na tumalikod sa Allah pagkatapos ng kanyang pagkilala sa Kanya at paniniwala.

Binanggit ng Allah ang kalagayan ng mga taong baluktot sa kanilang paniniwala, Kanyang sinabi: ***{Katotohanan, yaong mga naniwala, at pagkaraan ay nagbalik sa kawalan ng paniniwala, at muling naniwala, at [muling] hindi naniwala, at patuloy na dinaragdagan ang kanilang kawalan ng paniniwala [hanggang abutan ng kamatayan]; sila ay hindi patatawarin ng Allah, at hindi papatnubayan sa [tuwid na] landas.}***

**Surah An-Nisaa: 137**

At Kanyang sinabi: ***{At bigkasin mo [O Muhammad] sa kanila ang kasaysayan niya na Aming pinagkalooban ng [kaalaman hinggil sa] Aming mga ayaat [kapahayagan] subali't kanyang inilayo ang sarili mula sa mga ito, kaya siya ay sinundan ng satanas, kaya siya ay naging kabilang ng mga napaligaw.}***

**Surah Al 'Araf: 175-176**

## Nagmana ba tayo ng Kasalanan?

Dapat nating malaman na nilikha tayo ng Allah na malinis at dalisay. At dumating tayo sa mundong ito na may purong puting pahina at likas na matuwid, na kung saan nilikha ng Allah ang mga tao sa kalagayang ito. Hindi tayo magmamana ng kasalanan, ni magpapasan ng kasalanang hindi natin ginawa, kung kaya ang Propeta ﷺ ay inihahalintulad ang kalagayan sa pagkadalisay mula sa mga kasalanan sa sandal ng kapanganakan. Kanyang sinabi sa paglalarawan ng taong nakagawa ng katanggap-tanggap na Hajj**:** **(Siya ay bumalik mula sa kanyang mga kasalanan tulad noong araw na ipinanganak siya ng kanyang ina.) -Bukhariy at Muslim**

Ibig sabihin siya ay naging dalisay at malinis mula sa kahit anong kasalanan.

At hindi tayo pananagutin ng Allah sa kasalanan ng ating amang si Adan -sumakanya nawa ang kapayapaan. Hindi rin tayo mananagot sa kasalanan ng ating pinakamalapit na ama na kung saan tayo ay nabibilang.

At ang Allah, sa Kanyang katarungan at karunungan, ay hindi pananagutin ang sinuman maliban sa kanyang sariling kasalanan, hindi para sa kasalanan ng sinuman.

Tulad ng sinabi ng Allah: ***{38. Na walang tagapagpasan ng mga dalahin ang magpapasan sa mga dalahin [o kasalanan] ng iba. 39. At katotohanan, walang makakamtan ang tao maliban sa anumang [kabutihang] kanyang pinagpapakasakitan;}***

**Surah An-Najam: 38-39**

## Ang ating mga Kasalanan bago ang Patnubay

Dumating si Am'r bin Al 'as kay Propeta Muhammad ﷺ na isang muslim. Samantalang noon siya ay kabilang sa mga kumalaban sa Islam sa loob ng dalawampung taon. Nang siya ay umupo sa harap ng Propeta ﷺ siya ay nagsabi: **"O Sugo ng Allah, I-unat mo ang iyong kamay at ako ay mangangako ng katapatan sa iyo**". Nang inunat ng Propeta ang kanyang kamay, hindi ito kinuha ni Am'r, kaya nagtanong sa kanya ang Sugo ng Allah: **(Ano bang nangyayari sayo, Amr?!)** wika ni Am'r: **"Gusto kong magkondisyon".** Sabi ng Propeta: **(Ano naman ang iyong kondisyon?)** sagot ni Am'r: **"Ikokondisyon ko na patawarin ako ng Allah sa aking mga nakaraang kasalanan."** Sinabi ng Propeta ﷺ: **(O Am'r, hindi mo ba alam na ang pagpasok sa Islam ay binubura ang mga nakaraang mga kasalanan?) – Ahmad**

Sinabi ng Propeta kay Am'r na sa pamamagitan ng kanyang pagbabalik-loob sa Islam at pagsisisi, nabura niya ang lahat ng kanyang mga naunang kasalanan, at sa pamamagitan ng kanyang pagbabalik-loob, siya ay ipinanganak ng bagong kapanganakan at magpapatuloy ng isang bagong buhay.

Kaya magandang balita para sa iyo, aking kapatid na lalaki, at magandang balita para sa iyo, aking kapatid na babae, pagkatapos mong magbalik-loob sa Islam, ang iyong mga masasamang gawa na iyong ginawa bago ka pumasok sa Islam ay mauuwi sa mabuting gawain. Ito ay isang kagandahang loob ng Allah at gantimpala sa kanyang mga alipin kapag sila ay magbalik-loob sa Islam.

Sinumang nakagawa ng anumang kasalanan bago pumasok sa Islam, tulad ng pangangalunya, pag-inom ng alak, atbp. Pagkatapos siya ay nagbalik-loob sa Islam at nagsisi, tunay na pagkakalooban siya ng Allah ng dalawang bagay:

- Ang pagpapatawad sa mga kasalanang ito at hindi niya pinanagot ang mga ito.

- At papalitan ng Allah ang masasamang gawaing ito sa mababuting gawa.

Sinabi ng Allah: ***{68. At yaong hindi nananawagan [o dumadalangin] sa ibang diyos na itinatambal sa Allah, at hindi pumapatay ng kapwa-tao na ipinagbawal ng Allah, maliban sa makatwirang dahilan, at hindi nagkasala ng bawal na pakikipagtalik. At sinuman ang gumagawa niyan ay makatatanggap ng isang bayad-sala [kabayarang parusa]. 69. Pag-iibayuhin para sa kanya ang parusa sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, at siya ay mamamalagi roon nang hiyang-hiya, 70. Maliban yaong mga nagsisi at naniwala at gumawa ng mga gawaing matwid; papalitan ng Allah para sa kanila ang kanilang mga masasamang gawa ng mga mababuting gawa, at ang Allah ay Lagi nang Mapagpatawad, Maawain.}*** **Surah Al-Furqan: 68-70.**

Ang kailangan mo lang gawin ay maging isang matuwid na Muslim pagkatapos mong magbalik-loob sa Islam, at lahat ng

iyong mga gawain ay magiging isang positibong pag-aari sa iyong ikakabuti.

Tungkol naman sa iyong mabubuting gawa bago ang Islam, ang mga ito ay itinala na sa iyo at tinatanggap na mula sa iyo.

Tinanong ng isa sa mga Sahabah ang Sugo ng Allah ﷺ tungkol sa mga mabuting gawain na ginawa niya bago pa siya pumasok sa Islam. Ang sagot ng Sugo ng Allah ﷺ: **(Ang iyong mga nagawa noon na kabutihan ay nanatili hanggang sa iyong pagpasok sa Islam). – Muslim**

Ibig sabihin, ang iyong mga nakaraang mabubuting gawa bago ang iyong pagbabalik-loob sa Islam ay gagantimpalaan ka para dito.

Napakadakila ng biyaya ng Diyos sa sinumang nagbabalik-loob sa Islam, na ang mga naunang mabubuting gawa ay tinatanggap at ang mga nakaraang mga kasalanan ay binubura at pinapalitan ng mabubuting gawa.

Sinabi rin niya na sinuman ang kabilang sa mga Angkan ng kasulatan, Hudyo man o Kristiyano, at pagkatapos ay naniwala sa kanya at sumunod sa kanya, ang kanyang gantimpala ay ibibigay ng dalawang beses, dahil siya ay naniwala sa kanyang Propeta at pagkatapos ay naniwala kay Muhammad, kaya't kanyang pinagsama ang gantimpala ng paniniwala sa kanilang dalawa.

## Ang Makadiyos na Habag

Nang ang Propeta ay nakaupo kasama ang kanyang mga kasamahan, at nakita nila ang isang babaeng papalapit na ang kanyang paningin ay lumabo, at ang kanyang buhok ay bumuhaghag habang siya ay umiikot-ikot sa paghahanap ng kanyang nawawalang sanggol. Habang siya ay desperadang naghahanap sa kanya, natagpuan niya ito, kaya bumulusok ang kanyang emosyon at kinuha siya. Idiniin niya ito sa kanyang dibdib habang umiiyak ng malakas. Pagkatapos ay inilabas niya ang kanyang suso para sa kanya, ipinasuso niya ang kanyang pagmamahal at gatas sa sanggol. Ito ay isang emosyonal at nakakaantig na eksena na nakaapekto sa lahat ng nakakita nito. Nakikita nila ang kalungkutan ng ina para sa kanyang anak noong araw na nawala ito, at ang awa nito sa kanya nang matagpuan niya ito. At pagkatapos ay naakit ng Propeta ang kanilang atensyon sa isang biglaang tanong, na kanyang sinabi sa kanila: **(Nakikita niyo ba na ang babaeng ito ay makakaya niyang itapon ang kanyang anak sa apoy?).** Lahat sila ay sumagot: **“Hindi! sumpa man sa Allah, o Sugo ng Allah”.** Nagsabi ang Propeta sa kanila: **(Tunay na**

**ang Allah ay mas higit na maawain sa kanyang mga alipin kaysa babaeng ito sa kanyang sangol.) -Bukhariy at Muslim.**

Ang eksenang ito ay naglalarawan sa atin ng isang aspeto ng awa ng Diyos na makikita sa awa ng inang ito sa kanyang anak paano kung malaman natin na ang awa na ito ay isang maliit lamang na bahagi ng isang daang bahagi ng awa ng Allah? Tulad ng sinabi ng Propeta ﷺ**: (Ginawa ng Diyos ang awa ng isang daang bahagi at iniwan Niya sa kanyang sarili ang siyamnapu't siyam na bahagi, at ibinaba sa lupa ang isang bahagi. At mula sa bahaging ito ay naghahati-hati ang mga tao hanggang sa itataas ng kabayo ang kanyang paa sa takot na matamaan ang kanyang anak.) – Bukhariy at Muslim**

Ang napakalaking awa na ito ng Diyos ay ang pinakadakilang bagay na hinihiling at inaasahan natin sa Kanya. At inilarawan sa atin ng Allah ang kanyang habag sa pagsabi***: {At ang Aking habag ay sumaklaw ang lahat ng bagay}*. Surah Al-A'raf: 156**

At inilarawan Niya ang kanyang sarili na Siya ay Ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain.

Kung alam lang natin ang lawak ng Maka-diyos na habag na ito, ay maaaliw nito ang ating mga kaluluwa, at lalaki ang ating pag-asa at magiging mabuti ang ating akala sa ating Panginoon. At malalaman natin na tayo ay sumasamba sa Maawaing Panginoon, na Siyang mas maawain sa atin kaysa sa ating mga ina. Kaya't hindi tayo mag-iisip sa Kanya maliban ang kabutihan, at hindi tayo maghahangad mula sa Kanya maliban ang kabutihan, at ang ating pagnanais sa Kanyang biyaya ay tumaas. At lalaki ang ating pag-asa sa Kanyang pagbibigay, at ang pananabik nating makatagpo Siya.

## Ang Kapatawaran sa mga Kasalanan

Napakaganda ng tagpong ito kung saan inilalarawan ng Propeta ang kagalakan ng Allah sa pagbabalik-loob ng makasalanan kung siya ay nagsisi at nagbalik-loob. At kung paano tinatanggap ng Allah ang taong nagsisisi na ito at tanggapin ang pagbabalik-loob na ito, at magagalak sa makasalanang ito na kung saan ay nagsisi at lumapit, sinabi ng Propeta ﷺ: **(Ang Allah ay higit na masaya sa pagbabalik-loob ng isa sa inyo kaysa sa isang tao na nasa isang malawak at nakamamatay na disyerto na kasama ang kanyang kamelyo na dala-dala ang kanyang baon na pagkain, inumin at ano pa na makakatulong sa kanyang paglalakbay, ngunit ito ay nawala sa kanya. Kaya't siya ay nag-ikot-ikot sa paghahanap hanggang sa siya ay madadatnan na ng kamatayan kanyang napag-isip-isip na bumalik nalang sa kanyang pwesto kung saan nawala ang kamelyo, hanggang siya ay nakatulog at nang siya ay nagising, bigla na lamang ang kamelyo ay nasa harapan niya na, kaya agad-agad niyang kinuha ang tali nito at sa sobrang saya niya ay nasabi niya: "O Allah! Ikaw ang aking alipin at ako ang iyong panginoon". Nagkamali sa sobrang saya. Ang Allah**

**ay mas higit ang kanyang saya sa pagbabalik-loob ng kanyang alipin kaysa sa taong ito sa pagbabalik ng kanyang kamelyo na karga ang kanyang baon.) -Muslim**

Ano kaya ang iisipin ng nagbalik-loob kung alam niya na ang kanyang Panginoon ay magagalak sa kanyang pagsisisi at tatanggapin siya, patatawarin siya at lilinisin siya sa kanyang mga kasalanan na para bang siya ay ipinanganak na muli?

Samakatuwid, ang ating mga kasalanan, kahit na ito ay marami, at ang ating mga kasalanan, kahit na ito ay malaki, ay hindi humahadlang sa atin mula sa Allah kung tayo ay bumaling sa Kanya na nagsisisi at humihingi ng kapatawaran. Siya ang tumatanggap ng pagsisisi mula sa Kanyang mga lingkod at nagpapatawad sa mga masasamang gawa. ***{At sino ang magpapatawad ng mga kasalanan maliban sa Allah?)***

**Surah Ali 'Imran: 135**

At Siya rin ay nagsabi: ***{Nguni't katotohanan, Ako ang Lagi nang Nagpapatawad sa sinumang nagsisisi at naniniwala at gumagawa ng mga gawaing matwid at pagkaraan ay patuloy [sa pagtahak] sa patnubay.}***

**Surah Ta Ha 20: 82**

At ang Allah ay nagsabi: ***{At kapag yaong mga naniniwala sa Aming mga ayaat [kapahayagan] ay magsilapit sa iyo, sabihin mo [sa kanila]: "Salamun alaikum [kapayapaan ay sumainyo], ang inyong Panginoon ay nagtakda sa Kanyang Sarili ng habag - na sinuman sa inyo ang magkamali sanhi ng kamangmangan [at] pagkaraan ay nagsisi at itinuwid [ang kanyang sarili] - katiyakan, Siya ay Mapagpatawad, Maawain."}***

**Surah Al An 'am 6: 54**

Hindi hinihingi ng Diyos ang paghihiganti sa Kanyang mga alipin, at hindi Niya nilalayon sa kanila ang kaparusahan samantang sila ay humihingi ng kapatawaran at bumaling sa Kanya. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **(Sinabi ng Allah: "O Anak ni Adan, tunay na kung ikaw ay manalangin sa Akin at maghangad sa Akin ng kapatawaran ay patatawarin Ko ang iyong mga nakaraan at hindi Ko na ito ipananagot sa iyo. O anak ni Adan, kung ang iyong mga kasalanan ay umabot sa lupalop ng kalangitan at pagkatapos ay humingi ka ng kapatawaran sa Akin ay patatawarin kita at hindi na kita ipananagot. O anak ni Adan, kung ikaw ay haharap sa Akin na dala ang isang mundong kasalanan, at ikaw ay hindi nagtambal sa pagsamba sa Akin ay haharapin kita ng isang mundong kapatawaran.")** **– [Ahmad at Tirmidhiy].**

# PANGLIMA

## Mga gabay na mula sa Qur’an

## Mga Gabay ng Surah Al-Fatihah

***{1. Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain. 2. Al-Hamdulillah [ang lahat ng papuri ay sa Allah], ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha. 3. Ang Mahabagin, ang Maawain. 4. Ang Maalik [Makapangyarihan at Kataas-taasang Hari] sa Araw ng Pagbabayad [ng gantimpala at parusa]. 5. Ikaw lamang po ang aming sinasamba, at [tanging] Ikaw lamang po ang aming hinihingan [ng tulong]. 6. Patnubayan Mo po kami sa matuwid na Landas – 7. Sa landas niyaong mga ginawaran Mo ng Iyong pagpapala, hindi [sa landas] ng mga umani ng [Iyong] poot, at ng mga nangaligaw.}***

**Surah Al-Fatihah: 1-7**

Ang kabanata ng Pagpupuri ay kabilang sa mga maliliit na kabanata, subalit ito ang **Ina ng aklat**, at ang pinakadakilang kabanata sa Qur'an. **Ayon kay Abu saed Al-Mualla -kalugdan nawa siya ng Allah- na katotohanan ang Sugo ng Allah ay nagsabi sa kanya: (Gusto mo bang ituro ko sa iyo ang pinakadakila na kabanata sa Qur'an bago paman ako lalabas sa masjid na ito?! At nang**

**ang Propeta ay lalabas na sa masjid ay pinaalalahan ko siya, at siya ay nagsabi: (Alhamdulillahi rabbil aalameen, ito ang pitong inuulit-ulit at ang dakilang Qur'an na ipinagkaloob sa akin.) -Bukhariy.**

Naglalaman ang kabanata na ito ng maikling buod ng mga paniniwala ng Islam, at isang matibay na kasunduan sa pagitan ng mga tao at ng kanilang Panginoon na kung saan pinatotohanan ang mensahe ng kanilang pag-iral. At isang paghahangad sa Allah na gumabay sa tamang landas at ipagkaloob ang tulong at pagkalugod.

Ang pagbubungad gamit ang pangalan ng Allah ay ito ang asal na ipinahayag ng Allah sa kanyang Propeta sa unang bumaba sa Qur'an, at ito ang pagsabi ng Allah: ***{Basahin mo sa ngalan ng iyong Panginoon)*** **Surah Al-Alaq: 1**

Ito rin ang tutugma sa paniniwala na ang ***Allah {Siya ang una, at Siya huli. Siya ang nasa ibabaw at Siya ang nasa ilalim}*** **Surah Al-Hadeed: 3**

Siya ang umiiral na katotohanan na kung saan sa kanya nagmula ang lahat ng umiiral, kung kaya sa pamamagitan ng Kanyang pangalan magsisimula ang lahat.

At pagkatapos ng pagbubungad ng (**Bismillahir Rahmaner Raheem**) ay darating ang pagbaling tungo sa Allah nang may papuri, na naglalarawan sa Kanya bilang ganap na Panginoon ng mga nilalang. ***{Ang lahat ng Papuri ay nauukol lamang sa Allah ang Panginoon ng mga nilalang}*** **Surah Al-Fatihah: 2**

Ang papuri sa Allah ay ang pakiramdam na umaapaw sa puso ng mananampalataya kapag binanggit niya ang Allah.

Ang Kanyang pag-iral sa simula ay walang iba kundi ang pag-uumapaw ng banal na biyaya na nangangailangan ng papuri at pagdadakila.

At sa bawat sulyap at sa bawat sandali, dumarating ng sunod-sunod ang mga pagpapala ng Allah na kung saan ay tinatamasa ng lahat ng kanyang mga nilalang lalong lalo na ang tao. Samakatuwid, ang papuri ay sa Allah bilang pasimula, at ang papuri ay sa Allah bilang pagtatapos: ***{At Siya ang Allah: walang ibang diyos [na dapat sambahin] maliban sa Kanya. Sa Kanya nauukol ang lahat ng papuri sa una [sa mundo] at sa huli [sa kabilang buhay].}***

**Surah Al-Qasas 70**

At ang panghuling bahagi naman: ***{Ang Panginoon ng mga nilalang}*** ang Panginoon ay siyang Hari na nagmamay-ari.

At ***{Panginoon ng mga nilalang}*** ang Panginoon ng lahat ng sanlibutan, mula sa langit hanggang sa lupa, mula sa mga hayop hanggang sa mga halaman, mula sa mga Anghel hanggang sa mga tao. At ang nilalang ay lahat ng umiiral bukod sa Allah, at lahat ng bukod sa Allah ay nilalang at nangangailangan sa Kanya.

Purihin ang Allah, Panginoon ng mga langit at Panginoon ng lupa, Panginoon ng mga mundo, at sa Kanya ang pagmamataas

sa langit at sa lupa, at Siya ang Makapangyarihan, ang Maalam.

Ang Panginoon ay ang Tagapaglikha at Siya ang namamahala at nagmamay-ari ng lahat ng mga nilalang, sapagkat Siya, Luwalhati sa Kanya, ay hindi lumikha ng sansinukob at pagkatapos ay pinabayaan itong napabayaan. Sa halip, pinagmay-arian niya ito, pinangangasiwaan at inaalagaan.

Ang lahat ng mundo at nilalang ay iniingatan at inaalagaan sa ilalim ng pangangalaga ng Allah, Panginoon ng mga nilalang.

Ang ugnayan sa pagitan ng Lumikha at ng mga nilalang ay nanatili at pinalawak, na umiiral sa lahat ng oras at sa bawat kalagayan.

Kaya, ang pananampalatayang Islam ay lumilitaw na isang tunay na awa para sa puso at isipan, awa na kung saan naglalaman ng kagandahan at pagiging payak, kalinawan at pagkakaisa, pagiging malapit at ginhawa, at malalim at tuwirang pagtugon sa likas na paniniwala.

***{Ang pinakamahabagin, ang pinakamaawain}*** … ang katangian na ito ay nasasaklaw ang lahat ng kahulugan ng awa at mga kalagayan nito at mga lugar nito. At ang katangian na {Ar-Rahman} ay isang katagang pangmalawakan, na nangangahulugan ng kadakilaan ng awa at pagkalapad nito. Ang katangian naman ng ***{Ar-Raheem}*** ay isa ding katagang pangmalawakan na nangangahulugan ng pananatili ng awang ito at pagpapatuloy.

Ang habag ay siyang lantad na katangian ng pangmalawakang saklaw ng pagka-Diyos na ito. Ang matibay na ugnayan sa pagitan ng Tagapaglikha at mga nilikha…ang ugnayan ng awa at pangangalaga na nangangailangan ng papuri at pagdakila.

Ang papuri ay likas na tugon sa magiliw na awa.

***{Ang hari sa araw ng paghuhukom}….***Ito ay kumakatawan sa malaking pangkalahatan na may malalim na impluwensya sa lahat ng buhay ng tao, ang pangkalahatang paniniwala sa kabilang buhay…at ang araw ng paghuhukom ay araw ng gantimpala sa kabilang buhay. Ang Allah ay ang nagmamay-ari sa buong sanlibutan, at ganun din ang buong kabilang buhay.

Ngunit binanggit ng Diyos ang Kanyang kaharian para sa Araw ng Paghuhukom dahil ito ang araw kung saan ang lahat ng pansamantalang uri ng kaharian sa mundong ito ay titigil.

At ang mga tao ay darating sa kanilang Panginoon na hubo't hubad mula sa lahat ng kanilang pag-aari sa mundong ito. ***{At katiyakan, kayo ay nagsirating sa Amin nang nag-iisa [walang***

***dalang yaman, kaibigan o anupaman] tulad [din] nang kayo ay Aming unang likhain. Inyong iniwan ang anumang Aming iginawad sa inyo sa buhay na inyong tinalikuran [ang buhay sa mundo].}***

**Surah Al An'am: 94.**

At walang matitira na kaharian maliban sa kaharian ng Tunay na Hari. ***{Sa Araw [na iyon] na sila ay magsilabas [sa libingan], walang bagay hinggil sa kanila ang maikukubli sa Allah. [At ang Allah ay magsasabi]: Kanino ang paghahari sa Araw na ito? Sa Allah - ang Nag-iisa, ang di- Mapaglalabanan.}*** **Surah Ghafir: 16**

***{Ikaw lamang ang aming sasambahin at Ikaw lamang ang aming hihingan ng tulong}…*** Ito ang kabuuan ng paniniwala na nagmula sa mga naunang pangkalahatang paksa sa Surah, dahil walang pagsamba maliban sa Allah, at walang paghingi ng tulong maliban sa Kanya.

Ang pangkalahatang ito ay naghahayag ng ganap at pangmalawakang paglaya ng tao. Ang paglaya mula sa pagiging alipin ng mga kathang-isip na paniniwala, pagiging alipin ng mga rebulto, at pagiging alipin sa mga diyos-diyosan. Kung ang Allah lamang ang nararapat sambahin at nararapat hingan ng tulong ay walang pag-aalingang ito ang paglaya ng damdamin ng tao mula sa pagiging alipin sa lahat ng sinasamba bukod sa Allah.

***{Gabayan Mo kami sa matuwid na landas, sa landas niyaong mga ginawaran Mo ng Iyong pagpapala, hindi ng mga umani ng poot at ng mga naligaw}…***

***{Gabayan Mo kami sa matuwid na landas}***…tulungan mo kami tungo sa pagkilala ng matuwid na landas na magdadala sa

amin tungo sa Iyo, at tulungan mo kami na maging matuwid dito pagkatapos na makilala ito. Dahil ang pagkilala at pagiging matuwid dito ay parehong bunga ng gabay ng Allah at Kanyang pangangalaga at awa. At ang pagbaling tungo sa Allah sa bagay na ito ay bunga ng paniniwala na Siya lamang ang nag-iisang tagapagbigay ng tulong. Ito ang kauna-unahang bagay na dapat ihingi ng mananamalataya sa kanyang Panginoon. Ang patnubay sa tuwid na landas ay ang garantiya ng kaligayahan sa mundo at sa kabilang buhay nang may katiyakan.

Ang dua na ito ***{Gabayan Mo kami sa matuwid na landas}*** para bagang ito ang pinakapaksa ng kabanata; sapagkat ang nauna nito ay dito patutungo at ang kasunod nito ay ito ang simula. Ang simula ng kabanatang ito ay pagpupuri sa Allah at pagdadakila sa Kanya at pagsusumamo sa Kanyang kaisahan. Pagkatapos ay sinundan ang dua ***{Gabayan Mo kami sa matuwid na landas}*** ng paglalarawan ng matuwid na landas at kung ano ang lihis nito. Para bang ang Surah Al-Fatiha ay kabanata ng gabay at paghingi ng gabay.

Tunay na sila na tumahak sa matuwid na landas ay hindi nila ito nagawa maliban lamang sa pagpapala ng Allah sa kanila ng gabay at tulong.

Kung hindi dahil sa patnubay at tulong ng Allah, hindi sana sila napatnubayan patungo sa Kanya, at hindi sila tumungo doon. Kaya naman, hinihiling natin sa Panginoon na gumabay sa kanila na pagkalooban tayo ng patnubay gaya ng pagkakaloob Niya sa kanila.

Ito ang matuwid na landas, hindi ang landas ng mga umani ng poot dahil sa pagtalikod nila sa katotohanan pagkatapos nila itong malaman, ni sa landas ng mga naligaw at hindi napatnubayan.

Ipinakikita nito na ang pagiging matuwid ay kaalaman at pagkilos, at ang pagsamba batay sa kaalaman. ***{Sabihin mo [sa kanila O***

***Muhammad]: "Ito ang aking landas; ako ay nag-aanyaya tungo sa Allah nang may [tamang] kaalaman [o pang-unawa],"}***

**Surah Yusuf: 108**

At ang pagkalihis ay mangyayari sa pagkawala ng isa sa dalawang ito, kaya sinuman ang nagkaroon ng kaalaman at hindi niya ito isinabuhay ay mapapasakanya ang poot ng Allah, at sinuman ang gumawa ng pagsamba na walang kaalaman ay nasa kalituhan ng kaligawan, at naging kabilang sa mga nalugi na yaong ang kanilang mga pagsisikap ay nawala sa buhay sa mundong ito, samantalang sila ay nag-aakalang kanilang matatamo ang kabutihan ng kanilang mga gawa.

Sinuman ang naging matuwid ay napatnubayan tungo sa Allah, ***{Katotohanan ang aking panginoon ay nasa matuwid na landas}*.** **Surah Hud: 56**

Ang tuwid na landas na ito ang siyang nag-aakay sa mga naglalakad nito patungo sa kanilang tahanan sa Paraiso.

Kung kaya, ang mga taga paraiso kung sila ay mananahan na sa kanilang tahanan ay maaalala nila ang patnubay ng Allah sa kanila na nag-akay sa kanila patungo dito at masaya nilang masasabi: ***{Ang lahat ng papuri ay nauukol lamang sa Allah na Siyang pumatnubay sa amin patungo rito, at kailanman kami ay hindi mapapatnubayan kung kami ay hindi pinatnubayan ng Allah.}***

**Surah Al 'Araf: 47**

Paulit-ulit nating sinasabi ang panalangin na ito para sa ating sarili, tulad ng paulit-ulit nating paghuhugas ng ating mga bahagi ng katawan. Dahil ang mga sanhi ng pagpapaulit-ulit nito ay nananatili. Ang mga kahangalan ng sarili at ang mga bulong ni Satanas ay hindi

natatapos, kung kaya nararapat lamang ang pagpapaulit-ulit ng dua na ito at ang pananatili sa pagsusumamo.

Kaya, sa ilang linya na ito, ang tanging posibleng ugnayan sa pagitan ng mga tao at ng Panginoon ng mga tao ay inilalarawan, at ito ang pagkilala sa kanya, pagpuri at paghahanda sa pagharap sa Kanya. Ganon din ang pangakong sasambahin Siya at ang paghangad na gawin Niya tayo sa kung ano ang kanyang gusto.

At pagkatapos: Ito ang surah na pinili upang ulitin sa bawat panalangin.

Ang iksi nito ay napapaloob ang mga pangunahing pangkalahatang paniniwala sa Islam. Sa kainaman nito ay ibinahagi ng Propeta ﷺ sa atin na kanyang sinabi: **(Sinabi ng Allah, hinati Ko ang panalangin sa pagitan Ko at ng Aking alipin sa dalawang hati, at para sa Aking alipin ang kanyang hihilingin. Kapag sasabihin ng alipin: {Ang papuri ay sa Allah lamang} sasabihin ng Allah**: **(Pinuri Ako ng Aking alipin)** at kapag kanyang sinabi: **{Ang pinakamahabagin, Ang pinakamaawain}** sasabihin ng Allah: **(Dinakila Ako ng Aking alipin)**. At kapag kanyang sinabi: **{Ang Hari sa araw ng paghuhukom}**. Sasabihin ng Allah: **(Niluwalhati Ako ng Aking alipin)**. At kapag kanyang sinabi: **{Ikaw lamang ang aking sasambahin at Ikaw lamang ang aking hihingan ng tulong}**. Sasabihin ng Allah: **(Ito ang pagitan Ko at ng Aking alipin at mapapa-sakanya ang kanyang hinihiling)** at kapag kanyang sasabihin: **{Patnubayan Mo kami sa matuwid na landas. Sa landas niyaong mga ginawaran Mo ng Iyong pagpapala, hindi sa landas ng mga umani ng Iyong poot, at ng mga nangaligaw}.** Sasabihin ng Allah**: (Ito ay para sa Aking alipin at makukuha ng Aking alipin ang kanyang hiniling). -Muslim**

## Mga Gabay mula sa Qur'an

***{O kayong mga naniwala, humingi kayo ng tulong [sa Allah] sa pamamagitan ng pagtitiis at pagdarasal. Tunay na ang Allah ay lagi nang nasa [panig ng] mga matiisin.}***

**Surah Al Baqarah 2: 153**

***{Ang kahalintulad niyaong mga gumugugol ng kanilang yaman sa Landas ng Allah ay katulad ng isang binhi [ng butil ng mais] na tumutubo [namumunga] ng may pitong puso 114 at ang bawa't puso ay naglalaman ng isang daang butil. At dinaragdagan ng Allah ang [Kanyang gantimpala sa] sinumang Kanyang nais. At nasasaklawan ng Allah [ang lahat], Maalam.}***

**Surah Al Baqarah 2: 261**

***{Yaong mga gumugugol ng kanilang yaman sa Landas ng Allah at pagkaraan ay hindi sinusundan ng panunumbat [dito] at ng pananakit ang anumang kanilang ginugol, kanilang makakamit ang kanilang gantimpala sa kanilang Panginoon. At sila ay walang [mararanasang] pangamba, at sila ay walang [madaramang] kalungkutan.}***

**Surah Al Baqarah 2: 262**

***{Ang pananalitang may [kaakibat na] kabaitan at pagpapatawad [sa kakulangan ng iba] ay higit na mainam kaysa sa kawanggawa na sinusundan ng pananakit [sa pinagbigyan]. Ang Allah ay Mayaman, Mapagparaya [Mapagpaliban sa pagpaparusa].}***

**Surah Al Baqarah 2: 263**

***{O kayong mga naniwala, huwag ninyong sayangin ang inyong mga kawanggawa [sanhi] ng panunumbat at pananakit [sa pinagbigyan nito],}***

**Surah Al Baqarah 2: 264**

***{At sinumang humanap ng ibang relihiyon bukod sa Islam, ito ay hindi tatanggapin mula sa kanya, at sa kabilang buhay siya ay kabilang sa mga talunan [o nawalan].}***

**Surah Ali ‘Imran 3: 85**

***{O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah nang may tunay na pagkatakot sa Kanya, at huwag kayong mamatay maliban kayo ay [nasa kalagayan bilang] mga Muslim [na sumuko at tumalima sa Kanya].}***

**Surah Ali ‘Imran 3: 102**

***{Katiyakan, ipinagkaloob ng Allah ang [malaking] kabutihang-loob para sa mga naniniwala nang Kanyang ipinadala sa kanila ang isang Sugo [si Muhammad] mula sa kanilang mga sariling [lahi], binibigkas sa kanila ang Kanyang mga ayaat [kapahayagan], at sila ay dinadalisay [mula sa kasalanan] at itinuturo sa kanila ang Aklat [Qur’an] at karunungan, bagaman noong una, sila ay nasa hayag na pagkaligaw.}***

**Surah Ali ‘Imran 3: 164**

***{Bawa't kaluluwa ay makalalasap ng kamatayan. At tanging sa Araw ng Pagkabuhay na Muli [ipagkakaloob] ang lubos na kabayaran. At sinumang hinilang papalayo sa Apoy [ng Impiyerno] at tinanggap [pinapasok] sa Paraiso, ay siyang [tunay na] nagtagumpay. At ang buhay sa mundong ito ay isa lamang kasiyahang nakapanlilinlang.}***

**Surah Ali 'Imran 3: 185**

***{O sangkatauhan, matakot kayo sa inyong Panginoon na Siyang lumikha sa inyo mula sa iisang kaluluwa [si Adan], at mula sa kanya ay nilikha ang kanyang asawa [si Eba], at mula sa kanilang dalawa ay naglitawan [o nangagkalat] ang maraming mga kalalakihan at kababaihan. At matakot kayo sa Allah na Siyang hinihingan ninyo sa pamamagitan Niya [ng inyong mga karapatan], at [magbigay kayo ng pitagan at paggalang sa ugnayang kamag-anakan] ng mga sinapupunan. 168 Katotohanan, ang Allah ay Lagi nang Nagmamasid sa inyo.}***

**Surah An-Nisaa' 4: 1**

***{Katotohanan, ang Allah ay hindi nagpapatawad sa sinumang nagkasala ng pagtatambal sa Kanya. Subali't Kanyang pinatatawad ang anumang kasalanang bukod dito sa sinumang Kanyang nais. At sinumang magtambal ng iba sa Allah ay katiyakang siya ay napaligaw nang napakalayong pagkaligaw.}***

**Surah An-Nisaa' 4: 116**

***{At magtulungan kayo sa gawaing matwid at pagiging may takot [sa Allah]. Subali't huwag kayong magtulungan sa isa't isa sa [gawaing] makasalanan at paglabag. At matakot kayo sa Allah. Katotohanan, ang Allah ay mahigpit sa pagpaparusa.}***

**Surah Al-Maidah 5: 2**

***{O kayong mga naniwala, maging matatag kayo para sa Allah, [bilang] mga saksi sa katarungan at huwag ninyong hayaang ang suklam ng isang mamamayan ay pumigil sa inyo mula sa pagiging makatarungan. Maging makatarungan: Iyan ay higit na malapit sa pagkakaroon ng takot [sa Allah] at matakot kayo sa Allah. Katotohanan ang Allah ay Ganap na Nakababatid sa anumang inyong mga ginagawa.}***

**Surah Al-Maidah 5: 8**

***{Sabihin, "Katotohanan, ang aking pagdarasal, ang aking ritwal [ng pag-aalay], ang aking buhay at ang aking kamatayan ay para sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha.}***

**Surah Al An'am 6: 16**

***{Walang [dapat na] itambal para sa Kanya. At iyan ay ipinag-utos sa akin, at ako ang una sa [hanay ng] mga Muslim."}***

**Surah Al An'am 6: 163**

***{Sabihin: Sino ba ang nagbawal sa palamuti ng Allah, na Kanyang inilitaw [ipinasuot] para sa Kanyang mga alipin, at sa mga mabubuting [bagay na] nagmula sa panustos? Sabihin: "Ang mga ito ay para sa mga naniniwala sa makamundong buhay, [at] natatangi para sa kanila sa Araw ng Pagkabuhay na Muli." Ganyan Namin ipinaliliwanag [sa masusing paraan] ang ayaat [mga aral, tanda] para sa mga taong nakaaalam.}***

**Surah Al 'Araf 7: 3**

***{Sabihin: Ang ipinagbabawal lamang ng aking Panginoon ay ang mga kahalayan – anumang nakahayag nito at anumang nakatago, at kasalanan at pag-usig nang walang katarungan, at***

***ang inyong pagtatambal sa Allah [sa pagsamba] na wala naman Siyang ibinabang kapahintulutan, at ang inyong pagsasabi ng anuman sa Allah na wala naman kayong nalalaman.}***

**Surah Al 'Araf 7: 33**

***{Katotohanan, ang inyong Panginoon ay ang Allah Na Siyang lumikha sa mga kalangitan at kalupaan sa loob ng anim na araw. Pagkaraan, Siya ay pumaitaas [istawa] sa Trono. 282 Kanyang tinatakpan ang gabi ng araw - matuling sinusundan ito, at [Kanyang nilikha] ang araw, at ang buwan, at ang mga bituin, itinalaga sa pamamagitan ng Kanyang kautusan. Walang alinlangan, nasa Kanya ang [kapangyarihan ng] paglikha at pag-uutos. Mapagpala ang Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha.}***

**Surah Al 'Araf 7: 54**

***{Manalangin kayo sa inyong Panginoon nang may pagpapakumbaba at nang sarilinan. Katiyakan, hindi Niya minamahal ang mga mapanlabag.}***

**Surah Al 'Araf 7: 55**

***{At huwag kayong maghasik ng katiwalian sa balat ng lupa, pagkaraang ito ay isinaayos, at manalangin kayo sa Kanya nang may [kaakibat na] takot at pag-asam. Katiyakan, ang habag ng Allah ay [lagi] nang malapit sa mga mapaggawa ng kabutihan.}***

**Surah Al A'raf 7: 56**

***{Kunin [at ugaliin mo O Muhammad] ang pagpapatawad, 295 ipag-utos mo ang anumang mabuti at lumayo sa mga taong mangmang.}***

**Surah Al 'Araf 7:199**

***{Katiyakang dumating na sa inyo ang isang Sugo [Muhammad] mula sa inyong mga sarili [lahi]. Ikinalulungkot niya na kayo ay dumanas ng kahirapan. Siya ay nagmamalasakit sa inyo [hangad niya na kayo ay mapatnubayan]; [at] sa mga naniniwala, [siya ay] mabait, at maawain.}***

**Surah At-Tawbah 9: 128**

***{O sangkatauhan, tunay nga na dumating sa inyo ang isang mabuting payo mula sa inyong Panginoon at isang [mabisang] lunas para sa anumang [karamdamang] nasa inyong mga dibdib, at [magsilbing] patnubay at habag para sa mga naniniwala.}***

**Surah Yunus 10: 57**

***{Sabihin: "Sa biyaya ng Allah at sa Kanyang habag; kaya sa mga iyan hayaan silang magsipagdiwang." Ito ay higit na mainam kaysa sa anuman [yaman] na kanilang pinagtitipunan.}***

**Surah Yunus 10: 58**

***{Ibalita mo [O Muhammad] sa Aking mga alipin na Ako ang Mapagpatawad, ang Maawain.}***

**Surah Al Hijr 15: 49**

***{At [na] ang Aking parusa, ang siyang pinakamahapding parusa.}***

**Surah Al Hijr 15:50**

***{Katotohanan, ang Allah ay nag-uutos ng katarungan at mabuting asal at pagbibigay [ng tulong at pagmamalasakit] sa mga kamag-anak at nagbabawal ng kahalayan at masamang asal at pang-aapi. Kayo ay Kanyang pinagpapayuhan upang sakali kayo ay mapaalalahanan.}***

**Surah An Nahal 16: 90**

***{At inyong tuparin ang kasunduan [na inyong pinagtibay sa Ngalan] ng Allah kapag kayo ay gumawa ng inyong pakikipagkasundo, at huwag ninyong sirain ang mga panunumpa pagkaraang ang mga ito ay pagtibayin at katunayan inyong itinalaga [bilang] Tagapanagot ang Allah para sa inyo. Katotohanan, [Lubos na] Nababatid ng Allah ang anumang inyong ginagawa.}***

**Surah An Nahal 16: 91**

***{Anyayahan [ang sangkatauhan] sa Landas ng iyong Panginoon nang may karunungan at mahusay na talakayan, at makipagtalo sa kanila sa paraang pinakamahusay. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Lubos na Nakababatid kung sino ang napaligaw mula sa Kanyang Landas, at Kanyang Lubos na nakababatid kung sino ang [matwid na] napatnubayan.}***

**Surah An Nahal 16: 125**

***{Sinuman ang napatnubayan ay napatnubayan lamang para sa [kabutihan ng] kanyang kaluluwa. At sinuman ang naligaw ay naligaw lamang laban dito [sa kanyang sarili]. At walang tagapagpasan ng mga dalahin [o kasalanan] ang magpapasan ng dalahin ng iba. At kailanman Kami ay hindi magpaparusa hanggang Kami ay makapagpadala ng isang sugo.}***

**Surah Al Israa' 17: 15**

***{At tunay nga na Aming pinarangalan ang mga anak ni Adan, at sila ay Aming dinala sa mga lupain at karagatan, at ipinagkaloob sa kanila ang mabubuting panustos at sila ay Aming***

***itinangi [o pinahalagahan] nang higit sa Aming mga nilikha nang [may tanda ng] pagtangi [o pagpapahalaga].}***

**Surah Al Israa' 17: 70**

***{Sabihin: "Ako ay isang taong katulad lamang ninyo. Ipinahayag sa akin na ang inyong diyos ay Tanging Isang Diyos-[ang Allah]. Kaya, sinumang umaasa sa pakikipagharap sa kanyang Panginoon - hayaan siyang gumawa ng mga gawaing matwid at huwag siyang magtambal ng isa man sa pagsamba sa kanyang Panginoon."}***

**Surah Al Kahf 18: 110**

***{At ikaw [O Muhammad] ay hindi Namin ipinadala maliban bilang isang habag para sa lahat [ng mga nilikha].}***

**Surah Al Anbiya 21: 107**

***{O sangkatauhan, katakutan ninyo ang inyong Panginoon. Katotohanan, ang paglindol sa [Huling] Oras ay isang bagay na kasindak-sindak.}***

**Surah Al Hajj 22: 1**

***{Sa Araw na [iyon ay] iyong makikita ang bawa't nagpapasusong ina na naguguluhan [o nalilingat] sa kanyang pinasususong [anak], at bawa't babaing nagdadalantao ay ilalaglag ang kanyang dinadala [sa sinapupunan], at iyong makikita ang mga tao na [wari bang] lasing, samantalang sila ay hindi lasing, sapagka't ang parusa ng Allah ay sadyang matindi.}***

**Surah Al Hajj 22: 2**

***{O kayong mga naniniwala, inyong katakutan ang Allah. At hayaan ang bawa't tao na hanapin kung ano ang naghihintay***

***para sa kanya sa kinabukasan - at inyong katakutan ang Allah. Katotohanan, ang Allah ay nakababatid sa anumang inyong ginagawa.}***

**Surah Al Hashr 59: 18**

***{At sabihin: "Al-Hamdulillah [ang lahat ng papuri ay sa Allah], na hindi nagkaanak at walang katambal [sa Kanyang] Kapamahalaan [o paghahari], at wala Siyang [kailangang] tagapangalagang nagmumula sa kahinaan. At Siya ay iyong dakilain nang [lubusang] pagdakila."}***

**Surah Al Israa' 17:111**

## Mga Gabay ng Propeta Muhammad ﷺ

1. Ayon kay Abu Hurairah – Kalugdan nawa siya ng Allah – na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (Ang mananampalatayang malakas ay mas mainam at mas mahal ng Allah kaysa mananampalatayang mahina, at sa bawat isa sa kanila ay may kabutihan. Pagsumikapan mo ang ikakabuti sa iyo, at humingi ka ng tulong sa Allah at huwag manghina, at kung sakaling tatamaan ka ng isang hindi Magandang bagay ay huwag mong sabihin: **“Kung ginawa ko lamang ang ganito ay ganito at ganito sana ang kalalabasan.”** Bagkus sabihin mo: **“Itiknada ito ng Allah, at kung ano ang Kanyang naiisin ay magagawa Niya, dahil ang pagsasabi ng sana ay nagbubukas ng Gawain ng Satanas.) [iniulat ni Muslim].**

2. Ayon kay Abu dharr Al-Ghifariy – Kalugdan nawa siya ng Allah – na kanyang sinabi: **Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (Katakutan mo ang Allah saan ka man naroroon, at pasundan mo agad ang masamang gawain ng mabuting gawain upang mabura ito, at pakitunguhan mo ang mga tao ng may mabuting pag-uugali.) -Ahmad at Tirmidhiy-**

3. Ayon kay Abdullah bin Salam – kalugdan nawa siya ng Allah – na kanyang sinabi: **"Noong dumating ang Sugo ng Allah ﷺ sa Madinah ay nagtipon ang mga tao sa kanya, at may nagsabi na dumating na ang Sugo ng Allah ﷺ, kaya ako ay pumunta sa tipon ng mga tao upang tingnan siya. Nang Nakita ko ang mukha ng Sugo ng Allah ay nalaman ko agad na ang kanyang mukha ay hindi mukha ng isang sinungaling, at ang unang bagay na kanyang sinabi ay ang: (O sangkatauhan, ipalaganap ang kapayapaan, idugtong ang mga kamag-anakan, magpakain ng pagkain at magdasal sa gabi habang ang mga tao ay tulog, kayo ay makakapasok sa paraiso ng mapayapa.) – Tirmidhiy –**

4. Ayon kay Jabir – kalugdan nawa siya ng Allah – na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: **(Iwasan niyo ang pang-aapi, sapagkat ang pang-aapi ay mga kadiliman sa araw ng paghuhukom. At iwasan din Ninyo ang pagiging madamot, sapagakat ito ang nakapagwasak ng mga nauna sa inyo.) – Muslim –**

5. Ayon kay Abu Hurairah – kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: **(Katotohanan ang Relihiyong Islam ay magaan, at walang sinuman ang magpapabigat nito maliban na siya ay matatalo, kung kaya sikapin niyo na magawa ang nararapat at lapitan Ninyo ito, at Magandang balita ang para sa inyo, at pagsumikapan niyo ang mga pagsamba sa umaga, hapon at ilan sa mga oras ng gabi.) – Bukhariy –**

6. Ayon kay Abu Hurairah -kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: **(Ang Karapatan ng muslim sa kanyang kapatid na muslim ay anim); siya ay tinanong, at ano naman iyon o Sugo ng Allah? Siya ay sumagot: (Kapag nasalubong mo siya ay bumati ka ng kapayapaan**

**sa kanya, at kapag inanyayahan ka ay tumugon ka, at kapag humingi siya ng payo ay payohan mo, at kapag siya ay bumahin at nagsabi ng "Alhamdulillah" ay magsabi ka sa kanya ng "Yarhamukallah", ibig sabihin, "Kaawaan ka ng Allah", at kapag siya ay nagkasakit ay bisitahin mo siya, at kapag siya ay namatay ay ihatid mo siya.) -Muslim-**

7. Ayon kay Abu Saed – kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: **(Kung ano ang mayroon sa akin na kabutihan ay hindi ko ito ipagdadamot sa inyo, subalit sinuman ang umiwas sa paghingi ay ilalayo siya ng Allah (mula sa kahihiyan), at kung sinuman ang magiging kontento ay pagyayamanin siya ng Allah, at sinuman ang magtiis ay tutulungan siya ng Allah sa pagtitiis, at hindi napagkalooban ang sinuman ng kalooban ng mas mainam at mas malapad kaysa sa pagtitis.) – Bukhariy at Muslim-**

8. Ayon kay Jarir bin Abdullah -kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: **(Sinuman ang hindi maawa sa mga tao ay hindi kakaawan ng Allah). -Bukhariy at Muslim-**

9. Ayon kay Anas bin Malik -Kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ**: (Sinuman ang gustuhin niya na mapalawak ang kanyang biyaya at mapahaba ang kanyang edad ay idugtong niya ang ugnayan niya sa kanyang kamag-anakan.) -Bukhariy at Muslim-**

10. Ayon kay Abu Hurairah -kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: **(Tunay na ang Allah ay nalulugod para sa inyo sa tatlong bagay at namumuhi para sa inyo sa tatlong bagay; Siya ay nalulugod sa inyo na sam-**

**bahin Siya at iwasan ang pagsamba sa iba bukod sa Kanya, at ang panghawakan niyo ang lubid ng Allah nang sabay-sabay at huwag kayo magwatak-watak. At kinamumuhian niya para sa inyo ang pagkakalat ng salita at palagiang paghingi sa mga tao at ang pagsasayang ng kayamanan.) -Muslim-**

11. Ayon kay Abu Dharr -kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah: **(Huwag ninyong maliitin ang kahit anong kabutihan kahit pa na masalubong mo ang iyong kapatid na muslim na may masayang mukha.) -Muslim-**

12. Ayon kay Abu Hurairah -kalugdan nawa siya ng Allah- na ang Sugo ng Allah ay nagsabi: **(Huwag kayo mag-inggitan, huwag kayo maglokohan sa pagtitinda sa pamamagitan ng pagtataas ng presyo ng taong hindi naman bibili, huwag kayo magkainisan, huwag kayo magtalikuran, at huwag magbenta sa benentahan ng iba, maging mga alipin kayo ng Allah na magkakapatid. Ang muslim ay kapatid ng kapwa muslim, hindi niya ito aapihin,ni pababayaan, ni mamaliitin, ang Taqwa o pagkatakot sa Allah ay nandito – at itinuro niya ang kanyang dibdib ng tatlong beses-, sapat na sa isang tao ang kasalanan sa pagmamaliit niya sa kanyang kapatid na muslim, lahat ng mayroon sa isang muslim ay ipinagbabawal sa isang muslim; kanyang dugo, kayamanan, at puri.) -Muslim-**

13. Ayon kay Ibnu Mas'ud -kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: **(Obligado sa inyo na maging makatotohanan, sapagkat ang pagiging makatotohanan ay nag-aakay tungo sa kabutihan, at ang kabutihan ay nag-aakay tungo sa Paraiso, at ang tao ay mananatili na makatotohanan hanggang siya ay itatala ng Allah na kabilang sa mga**

**makatotohanan. At iwasan ninyo ang pagsisinungaling; sapagkat ang pagsisinungaling ay mag-aakay tungo sa kasamaan, at ang kasamaan ay mag-aakay tungo sa Apoy ng Empiyerno, at ang tao ay mananatili sa kanyang pagsisinungaling hanggang siya ay itatala ng Allah na kabilang sa mga sinungaling.) – Bukhariy at Muslim-**

14. Ayon kay Abu Darda' -kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: **(Walang bagay na mas mabigat sa timbangan kaysa sa mabuting pag-uugali.) – Abu Dawod at Tirmidhiy**

15. Ayon kay Abu Hurairah -kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi : "Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsasabi : **(O Allah ayusin Niyo para sa akin ang aking relihiyon na kung saan ito ang pinanghahawakan ko sa lahat ng aking kalagayan, at ayusin Niyo ang aking mundo na kung saan dito ang aking pamumuhay, at ayusin Niyo ang aking kabilang buhay na kung saan doon ang aking hantungan, at gawin Niyo ang buhay bilang karagdagan ko sa lahat ng kabutihan, at gawin Niyo ang kamatayan na kapahingahan ko sa lahat ng kasamaan.) – Muslim**

16. Ayon kay Nu'man bin Basher -kalugdan nawa sila ng Allah- na kanyang sinabi: **Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (Ang kahalintulad ng mga mananampalataya sa kanilang pagmamahalan, pagkakaawaan, at pagdadamayan, ay kahalintulad ng isang katawan na kung ang isang parti nito ay nakaramdam ng sakit ang buong katawan ay magdudusa sa pagpupuyat at sakit.) -Bukhariy at Muslim**

17. Ayon kay Abu Hurairah -kalugdan nawa siya ng Allah- na kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: **(Sinuman ang nanini-**

**wala sa Allah at sa huling araw ay huwag niyang pinsalain ang kanyang kapitbahay, at kung sinuman ang naniniwala sa Allah at sa huling araw ay asekasuhin niya ang kanyang bisita, at kung sinuman ang naniniwala sa Allah at sa huling araw ay magsabi ng kabutihan o manahimik na lamang.) -Bukhariy at Muslim**

## Panghuli

**Nararapat sa sinumang pinatnubayan ng Allah sa Islam ay:**

1- Alamin niya ang tungkol sa kanyang relihiyon, sikaping malaman ang mga alituntunin at layunin nito, at gawin ang kanyang makakaya para doon: pagbabasa, pag-aaral, at pag-upo sa mga may tamang kaalaman tungkol sa Islam.

2- Kung matuklasan niya sa kanyang sarili ang pagiging isang Islamikong iskolar, At natagpuan niya ang mga kakayahan upang matulungan siya, ito ay isang kapuri-puri na ambisyon. Ang Islam ay isang relihiyon na nagbubukas ng pinto sa orihinal at bagong mga tagasunod nito; upang sumulong sa iba't ibang agham nito; sapagkat walang natatanging kaalaman sa Islam na para lamang sa mga orihinal na mga muslim na hindi kasali ang mga bagong mga muslim, at ang kasaysayan ng islam ay isang buhay na katibayan nito.

3- At ang malaman na ang Islam ay hindi lamang kaalaman o impormasyon, bagkus ay isang banal na paraan sa buhay, na ang bawat Muslim na lalaki at babae ay kinakailangan itong isabuhay. Upang sa ganon ang isang tao ay maging muslim sa salita at gawa.

Kabilang sa makakatulong sa iyo dito:

- Ang pagpapaligid sa iyong sarili ng mabuting mga kasama na nakakatulong sa iyong gumawa ng Mabuti, at manatiling mag-sagawa ng maraming pagdarasal hangga't maaari sa isang masjid na malapit sa iyo kung magagawa mo.

- Pakikipag-ugnayan sa mga Muslim sa mga masjid at Islamic center, at sa pamamagitan ng mga social networking site at Islamic channel na nagsasalita ng iyong wika; upang mapanatili ang iyong sigla, at matuto nang higit pa tungkol sa Islam, at sumali sa iyong mga kapatid at makinabang sa kanilang mga karanasan. Iminumungkahi namin na humingi ka ng opinyon mula sa iyong mga pinagkakatiwalaang kaibigan. Dahil ang mundo ng social media ay puno ng mabuti at masama.

- Ang pagtatatag ng mga gawaing pagsamba tulad ng mga inirerekomendang panalangin, pag-alala sa Allah, pagbabasa ng Qur'an, at pagkakawanggawa sa iyong pang-araw-araw na programa, at ipagpatuloy mo ito hanggang sa iyong makakaya. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **(Ang pinakamamahal na Gawain para sa Allah ay ang nagpapatuloy kahit ito'y kaunti lamang) – [Muslim].**

- Huminto ka sa pag-iisip ng mga negatibo, tulad ng labis na pagsisisi sa iyong nakaraan bago ang Islam, o sa iyong nakaraan na mga kasalanan; dahil ang uri ng pag-iisip na ito ay magpipigil saiyo sa paggawa ng mga positibong mga Gawain….huminto ka…. tumingin ka sa iyong harapan.. Bigyan ang iyong bagong panahon ng iyong oras at pagsisikap, ito ang pinakamahusay na praktikal na paraan upang mabawi ang nawala.

- Huwag magambala sa pagitan ng maraming bagay ng mabubuting gawa, baka ikaw ay malito, at mawala ang iyong

pagtuon, na mapapalampas mo ang pinakamagagandang panahon ng paggabay at matikman ang kaligayahan nito. Sa halip, dapat kang tumuon sa paggawa ng mabubuting gawa na nababagay sa iyo at kung ano ang nababagay sa iyong kalikasan at mga kakayahan. Sinabi ng Propeta ﷺ: (**Maging matuwid at matatag sapagkat hindi ninyo makakaya gawin ang lahat ng kabutihan, at alamin ninyo na ang pinakamainam sa inyong gawain ay ang Salah, at walang manganganlaga sa Wudo maliban sa isang mananampalataya.**) **[ahmad at ibnu majah].**

- Pagpapanatili ng iyong koneksyon sa Allah sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagdarasal ayon sa iyong natutunan at kung ano ang iyong napabuti, at madalas na pag-alala sa Allah at sa Kanyang mga pagsusumamo. At alamin na hindi ka Niya pababayaan habang ikaw ay papunta sa Kanya.

Magpapaalam na ako sa inyo, o kapatid kong lalaki at kapatid kong babae, at ipapaalam ko sa inyo na mahal ko kayo at nararamdaman ko ang inyong kapatiran at pagiging malapit, at dinadalangin ko sa Allah ang inyong tagumpay sa inyong buhay, at patatagin kayo sa Islam, at maghaharap tayo bukas sa kabilang buhay kasama ng mga biniyayaan ng Allah na kabilang sa mga Propeta, mga Matatapat, mga Martyer at mga Mababuting Tao, at napakagandang kasama ang mga tulad nila.

اللهم صل وسلم على سيدنا محمد خاتم أنبيائك ورسلك وعلى آله وأصحابه أجمعين، وعلى سائر إخوانه أنبيائك ورسلك، والحمد لله رب العالمين.

والسلام عليكم ورحمة الله وبركاته

**Ang inyong kapatid**

**Abdul Wahhab Sulaiman Uglo**

# Talaan ng Nilalaman

**Sa Ngalan ng Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain.....5**
Panimula .....7
**UNA Ang ating Pananampalataya.....11**
Magandang Pamumuhay.....13
Ang Kaalaman tungkol sa Allah ﷻ .....18
Ang Pagsamba ay para lamang sa Allah.....27
Ang mga Sugo ng Allah.....32
Ang Pagmamahal kay Propeta Muhammad ﷺ.....35
**Ang Relihiyon ay mga Paniniwala sa Isip at Damdamin ng puso.....41**
Damdamin ng Puso.....43
Walang pang-aapi ngayong araw.....47
Ang Pananaw ng Isang Mananampalataya sa Kabilang Buhay.....53
**PANGALAWA Ang ating pagkamuslim.....59**
Ang mga Katanungan sa Islam.....61
Ang Biyaya ng Patnubay.....68
Ang Pagiging Matatag sa Pananampalataya.....72
Ang Islam ay Pangkalahatan.....75
Ang iyong pagiging Muslim at ang iyong mga Ugnayan.....78
Ang iyong Pagkamuslim ay Isang Responsibilidad.....81
Ang Pagpapakilala sa Islam.....82
Ang Lalaki at ang Babae.....86
Ang Relihiyong Islam ay Magaan.....89
Ang Pangangalaga sa Iyong mga Tagumpay.....91
Ang Mabuting Pag-uugali.....94
Sino ang Kumakatawan sa Islam?.....99
Ang Relihiyon ng mga Muslim at ang Kanilang Kalagayan.....102

**PANGATLO Ang Ating mga Pagsamba .....103**
Ang Ating mga Pagsamba ay Siyang Buhay natin .....105
Ang Kainaman ng Salah (Pagdarasal) .....111
Ang Kapanatagan ng Salah .....115
Ang Pag-alaala sa Allah .....119
Ang Dua ay Isang Pagsamba .....123
Ang Maluwalhating Qur'an .....126
**PANG-APAT Ang ating mga Kasalanan .....131**
Ang Pagkatisod sa mga Pagkakamali .....133
Kasabay na mga Kasalanan .....136
Nagmana ba tayo ng Kasalanan? .....138
Ang ating mga Kasalanan bago ang Patnubay .....140
Ang Makadiyos na Habag .....143
Ang Kapatawaran sa mga Kasalanan .....145
**PANGLIMA Mga gabay na mula sa Qur'an .....149**
Mga Gabay ng Surah Al-Fatihah .....151
Mga Gabay mula sa Qur'an .....159
Mga Gabay ng Propeta Muhammad ﷺ .....168
Panghuli .....174

Ito ay ang maiikling mensahe para sa iilan sa mga alituntunin ng relihiyon na gumagabay. Na kung saan, sa pagkakaalam nito ay makakahanap ng kahulugan ang isang naghahanap ng kahulugan para sa kanyang pag-iral. Siya ay makakalabas mula sa kalituhan ng pagkalito, at ang pananaw ay nagiging malinaw sa kanyang harapan, kaya alam niya ang daan at landas ng kanyang buhay, ang kanyang misyon dito, ang kanyang responsibilidad at ang kanyang tagumpay. At ihahayag sa kanya ang mga takip ng hindi nakikitang bagay pagkatapos ng kamatayan, at ang kapalaran sa walang hanggang buhay. At katotohanan ang sasagot lamang sa mga katanungan sa buhay ay Siya na nagkaloob ng buhay, na Siyang nagbigay ng hugis o anyo sa bawa't bagay at pagkaraan ito ay Kanyang binigyan ng patnubay.

**Abdul Wahhaab Sulaiman Ugolu**